


TANDA

 Makakaupo na kayo. Magandang Umaga, sa bawat isa! Nagagalak na mapasa gawain ng Panginoon sa umagang ito, balik muli sa . . .Hindi alam kung kami'y babalik o hindi, ngunit ang Panginoon ay naglaan ng isang daan, at kami'y bumalik para sa gawain sa araw na ito. Ngayon tayo'y umaasa ng dakilang mga pagkakataon sa araw na ito, sa umagang ito, sa leksiyon ng Panglingguhang pag-aaral na ito, sa Salita. At ngayong gabi ay magiging mga gawaing pagpapagaling muli, pagkatapos gawaing komunyong ang susunod dito.

² At ngayon tayo ay mayroong isang—isang paghahandog ng sanggol, ako'y naniniwalang ang . . .Sinasabi sa akin ni Kapatid na Neville na mayroong nagdala ng kanilang sanggol para ihandog. At kung dadalhin nila ang sanggol sa oras na ito, kung gayon. At ang ating kapatid na lalaki ay manatili, o ilan sa kanila, sa organ o piyano, isa. At pagkatapos ay dalhin ang sanggol. Tayo'y magkakaroon ng gawaing paghahandog; upang tayo ay makadako na mismo, kaagad-agad sa ating makakaya, sa Salita.

³ Sapagka't, nais natin na—na ilatag sa Salita. Na, iya'y ang pangunahing bagay, ibigay ang ating panahon ng eksakto sa Salita ng Panginoon. Kaya kami ay lubos na nagpapasalamat para sa pagkakataon na makatagpo lahat dito sa araw na ito, at upang . . .at itong—itong gawain.

⁴ Maaring ako ay nagkamali. Ayos lang iyon, kapatid na babae. Ako—ako—akala ko'y mayroon. Marahil iyon ay isa lamang pagkakamali. Ayos lang. Ngayon, pinasasalamatan kita, ng lubos, sadyang gayun pa rin. Marahil ito, sa palagay ko'y iyon ay nanggaling sa kung kanino pa, sa pamamagitan ng iba, at ito'y sadyang naging tila mahirap.

⁵ Ngayon ang lahat ba'y mabuti ang pakiramdam? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] . . .? . . .Mapasa-Diyos ang Kapurihan.

⁶ [Sinabi ni Kapatid na Neville na, “Heto sila dumarating.”—Pat.] Oh, oo, heto ang mga munting bata. Pagpaumanhin n'yo ako. Pagpaumanhin n'yo ako. O sige, maari ba kayong lumapit, nakatatanda. [“Oo, ginoo.”]

⁷ Buweno, anong dalawang, mainam na munting mga batang babae, mumunting matang kulay kape na mga batang babae! Huh? Iya'y maganda. Ano'ng pangalan niya? Tumingin dito! [Sinabi ng ina, “Jennifer Lee.”—Pat.] Jenny? [“Jennifer Lee.”] Jennifer Lee. Anong apelyido? [“Serept.”] Serept. Saan kayo mula, Kapatid na babaeng Lee? [“Versailles, Illinois.”] Versailles, Illinois. Gaano kainam!

⁸ Ngayon, sa Biblia. Ngayon, kadalasan, sila—sila’y mayroong ganyan tulad ng pagbabautismo sa mga bata; hindi tayo naniniwala sa pagbabautismo ng mga bata, sapagka’t sila’y hindi pa nagkakasala, ‘pagka’t sila’y napaka bata pa. Ngunit tayo ay naniniwala sa paghahandog ng mga bata sa Panginoon. Ngayon ang mga matatanda at ako ay magpapatong ng mga kamay sa munting sanggol. Jenny, ‘kamo? [Sinabi ni Kapatid na Neville na, “Jennifer.”—Pat.] Jennifer. O sige.

Iyukod natin ang ating mga ulo.

⁹ Amang Makalangit, habang sa umagang ito ay idinadala namin ang munting batang babaeng ito, tinawag na Jennifer, sa Iyo, ang ina at mga minamahal ay dinala siya mula sa isang malayong dako, upang maihandog sa Panginoon. Alam namin na Iyong ipinatong ang Iyong mga kamay sa mga gayong mga mumunti, sa mga araw Mo, at—at sinabing, “Hayaang ang mga mumunting bata ay lumapit sa Akin, at huwag silang pagbawalan, sapagka’t sa ganito nauukol ang Kaharian ng Langit.” Ngayon ay ibinibigay namin siya sa Iyo, para sa isang buhay na paglilingkod, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹⁰ Ano’ng pangalan ng isa pang munting batang babae? [Ang sabi ng ina na, “Connie Lynn.”—Pat.] Connie Lynn. O sige, munting Connie, ginagawa, ginagawa mo akong parang tipong maliit. Ano, ika’y takot? Oh, Ako’y nangangamba na hindi yan magkakaari, nanay. O sige.

Iyukod natin ang ating mga ulo.

¹¹ Panginoong Jesus, dinala ng ina ang munting si Connie sa amin sa umagang ito, sa gawaing paghahandog para sa Makapangyarihan sa lahat. Ibinigay mo sa kaniya ang batang ito, upang palakihin, at dinadala niya ito sa Iyo, kasama ang munting kapatid na babae. Aking idinadalangin, Amang Makalangit, na Ika’y maging maawain. Pagpalain ang pamilya. Pagpalain ang munting batang babae. Habang kami’y nagpapatong ng mga kamay sa kaniya, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ibinibigay namin siya sa Iyo para sa isang buhay ng paglilingkod. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, at ang iyong mga munting anak doon.

Naku, mayroong tayong napakaraming mga mumunting sanggol ngayon!

¹² Ano’ng pangalan ng munting batang lalaki? [Sinabi ng ina na, “Joel Lee Watson.”—Pat.] Joel Watson. [“Joel Lee.”] Joel Lee Watson. Anong inam na batang lalaki, kahanga-hangang malalaking kulay asul na mga mata! Naku! Saan kayo lahat nagmula? [“Eastman, Georgia.”] Mula sa Georgia. [“Oo.”] Akala ko kayo ay mula sa Timog. Hindi ko alam. . . [“Buweno, ang aking ina ay sa paligid ng Tifton. Ito’y sa dako roon.”] Oh, oo. Oh, hi! Ito ay isang mainam, munting batang lalaking taga-Georgia,

kung gayon, huh? O sige, ginoo. Oo, ginoo, napakainam niyan. Siya'y nakakapagsalita, din. Hindi ka ba?

Iyukod natin ang ating mga ulo.

¹³ Makalangit na Ama, aming dinala ang munting minamahal na batang lalaking ito, habang ang ina at ama ay nakatayo dito sa—sa alaala ng kanilang pag-sasama. Ibinigay mo sa kanila ang munting batang lalaking ito upang palakihin, at ibinabalik nila ito sa Iyo. Anong isang—isang magandang tanawin na ito'y maging, tulad ni Hanah, noon, na nanalangin para sa isang anak; at—at ibinigay sa kaniya ng Diyos ang anak, at dinala niya iyon pabalik sa templo ng Diyos, sa paghahandog. Ipagkaloob, Panginoon, na ang munting batang lalaking ito ay maging Iyong lingkod, na ang ama at ina ay pagpalain, at magkaroon ng kalusugan at lakas upang palakihin ito. At nawa'y mabuhay ng isang mahaba, masayang buhay, at maging Iyong lingkod, habang aming ipinagkakatiwala ito sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen. (Pagpalain ka!) At gawin siyang isang mabuting tao, marahil isa-pang munting propeta tulad ni Samuel.

¹⁴ Ngayon heto ang dalawang mainam na mumunting mga batang lalaki. Naku! Tatlo sa kanila roon? Buweno, iya'y ang buong pamilya. Anong pangalan mo? [Sinabi ng batang lalaki, "Michael."] Michael. At ang iyo ay? [Sinabi ng isa pang batang lalaking, "Paul."] Paul. Anong inam na mga pangalan! At sa 'yo? [Sinabi ng batang babae, "Debbie."] Debra. Iya'y talagang mainam. Michael, at Paul, at Debra. At anong inyong apelyido? [Sinabi ng ama na, "Ellis."] Ellis? ["Oo."] Buweno, iya'y isang talagang matatag at mainam na munting pamilya, sinasabi ko sa inyo.

¹⁵ Alam n'yo, kapag ako'y nakakakita ng munting mga bata na tulad niyan, parati akong binabalik nito noong ako ay isang munting batang lalaki. At ngayon ang matandang kasabihan ay, alam n'yo, "Sila'y tatapak sa inyong mga paa ngayon, at sa inyong puso bandang huli," ngunit hindi ako naniniwala na ito'y magkakaganon kapag inialay natin sila sa Panginoon. Mayroon tayong responsibilidad dito, at inilagay ito ng Diyos sa iyong kamay. Siya ay gumawa ng isang mangangaral mula sa iyo. Palagi kong sinasabi ang tungkol sa mga mangangaral na kababaihan, alam n'yo, ngunit bawat ina ay isang mangangaral; heto ang kaniyang kongregasyon, kita n'yo, upang palakihin ang mumunting mga batang ito ng tama, habang si tatay ay nagtatrabaho. At kayo ay mayroong responsibilidad. Kapwa kayong pagpalain ng Diyos. Kayo'y mayroong isang mabuting munting pamilya.

¹⁶ Ama Naming Makalangit, kami lumalapit na kasama ang munting si Michael, tila mukhang ang panganay. At aming ipinapatong ang aming mga kamay sa kaniya, sa paghahandog, kay Jesus Cristo. Ang kaniyang pamilya ay dinala ang kanilang

mga mumunting anak dahil inilagay Mo ito sa kanilang-kanilang pangangalaga, at alam nila na sila ay hindi sapat, kung wala ang Iyong tulong, kaya dinadala nila ang kanilang munting pamilya, upang ihandog sila.

¹⁷ Ngayon ibinibigay ko si munting Michael dito sa Iyo, para sa isang buhay ng paglilingkod, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Gayun din, kami ay nagpapatong ng mga kamay kay munting Paul, at inihahandog namin ang buhay niya kay Jesus Cristo, para sa isang buhay ng paglilingkod para sa kaluwalhatian ng Diyos. At kay munting Debra, nagpapatong kami ng mga kamay sa kaniya, Ama, sa paghahandog, pag-alaala kay Jesus Cristo, Na Siyang nagpatong ng Kaniyang mga kamay sa mga mumunting bata, sinabing, “Hayaan silang lumapit sa Akin; huwag silang pagbawalan.” Nawa ang buhay ng munting batang babaeng ito ay mapagpala sa Kaharian ng Diyos.

¹⁸ Pagpalain ang ama at ina, at nawa sila ay mabuhay, nang mahabang masayang pamumuhay, upang makita ang kanilang mga anak sa paglilingkod sa Diyos. Hinihiling namin ang pagpapalang ito para sa kaluwalhatian ng Diyos, habang iniaalay namin sila sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Pagpalain ka! Pagpalain ka! Kayo’y isang mainam, na munting pamilya. Oo.

¹⁹ Anong isang . . . Alam ba ninyo kung ano ang iniisip ko? Ang mga mumunting mga batang babae ay nagiging, ay mas magaganda ngayon kaysa noon nang ako ay isang munting batang lalaki. Oo, ginoo. Anong kahanga-hangang malaking magagandang mga mata! Ano’ng pangalan niya? [Sinabi ng ina na, “Joanna.”—Pat.] Joanna. At ang iyong apelyido ay . . . [Sinabi ng ama na, “Blair.”] Blair, Joanna Blair. Kayo na tumitingin sa likod diyan, hindi ba siya ay mukhang isang manyika? Oo, ginoo. At kamusta ka, Joanna, huh? Tipong medyo mahiyain, Joanna, sadyang may pagka-mahiyain. Isang kagiliw-giliw na munting bagay.

Iyukod natin ang ating mga ulo.

²⁰ Ama naming Sumasalangit, ang pamilyang ito ng mga Blair ay nabigyan nito sa kanilang pagsasama, nitong munting Joanna. At alam namin na ang mga araw ay masama, samantalang si Satanas ay nasa lahat ng pagkakataon, upang kumubkob, lalong lalo na sa mumunting mga batang babaeng ito. At alam nila na sila ay walang kakayahan upang—upang palakihin siya ng tama. At gusto nilang mapalaki siya ng tama, at maging isang lingkod sa Iyo. At pinalalaki nila ang munting batang babaeng ito upang igalang Ka. At ngayon dinala nila siya, sa pag-hahandog, sa Iyo. Ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kaniya, sa Pangalan ni Jesus Cristo, habang aming inihahandog si munting Joanna Blair sa Kaharian ng Diyos, para sa kaluwalhatian ng Diyos. Amen.

Pagpalain ka, Kapatid na lalaking Blair. Ang Panginoon ay sumasaiyo.

²¹ Magandang umaga, ginoo! [Sinabi ng ama na, “Magandang Umaga!—Pat.] Ito’y isang mainam na munting batang lalaki! Hey, kumusta ka? Buweno, naku, mas magmumukha kang mainam kung ika’y babaling ng *paganitong* direksiyon. Oo, ginoo. Mayroong isang mainam, kagiliw-giliw, na munting ulo, at isang mukha na kasama nito. Huh? Ano’ng pangalan niya? [“Daniel Mark.”] Daniel Mark. At ang iyong apelyido? [“Mark Kardum.”] Kardum. [“Kardum.”] Kardum, Daniel Mark Kardum.

²² Tagarito ka, Kapatid na Kardum? [Sinabi ni Kapatid na Kardum na, “Ngayon, siyudad ng Melkerk.”—Pat.] Oo, ginoo. Taga-saan ka talaga? [“Ako’y talagang mula sa Estado ng New York.”] Mula sa Estado ng New York, isang Yankee mismo. [“Oo.”] Buweno, ito’y isang malaking lupain. Mayroon akong ilang kamag-anakang nakatira roon. Ang tiyuhin ko ay nakatira sa Plattsburgh. Oh, mayroon akong maraming kasayahan sa New York. Pupunta ako roon sa susunod kong pagtitipon, Siyudad ng New York, Ang Iglesyang Bato doon. O sige.

²³ Ngayon, ang pangalan niya ay Mark, sabi mo? [Sinabi ng ama na, “Daniel Mark.”—Pat.] Daniel Mark, anong inam na isang munting batang lalaki!

Iyukod natin ang ating mga ulo.

²⁴ Panginoong Jesus, dinadala namin sa Iyo si munting Daniel Mark, sa pag-hahandog ng kaniyang buhay. Ito’y naibigay sa mga kamay ng ama at ina, upang palakihin ang ang batang ito sa aral ng Diyos. At alam nila na sila ay hindi sapat, kaya dinadala nila ito sa Iyo, Panginoon, na Iyong pagpalain ang buhay nito. At, ngayon, at alam namin na ang araw ay masama, na aming kinabubuhayan. Nakikita namin ang mumunting mga batang ito, sadyang hindi namin alam kung anong mayroon sa kinabukasan, ngunit, maging anuman ito, ipinagkakatiwala namin sila sa Iyong kamay. Kami ay nagpapatong ng mga kamay sa munting batang lalaking ito, at iniaalay ang Kaniyang buhay sa Iyo, para sa isang buhay ng paglilingkod sa Kaharian ng Diyos, sa Pangalan ni Jesus’ aming dalangin. Amen.

²⁵ Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Siya’y isang mainam na batang lalaki. At pagpalain ka, munting Mark.

Oh. . .sila papasok, dalhin sila papasok,
Dalhin sila papasok mula sa mga kaparangan
ng kasalanan;

Oh, dalhin sila papasok, dalhin sila papasok,
Dalhin ang mga mumunting bata kay Jesus.

Iya’y kahanga-hanga! Salamat sa iyo, kapatid na babae.

²⁶ Ilan ang naririto noong Linggo, naipanalangin noong nakaraang Linggo, na nadama ang mga resulta at nadamang kayo'y pinagaling? Itaas ang inyong mga kamay, na napanalanginan. Oh, naku, tumingin dito, sadyang halos bawat isa sa kanila.

²⁷ [Sinabi ni Kapatid na Neville na, "Aleluya! Hindi ba iya'y kahanga-hanga! Purihin ang Diyos! Naririnig ko ang tungkol dito, buong sanlinggo."—Pat.] Oo, ginoo. Ako man, din. Gusto ko lamang na nakaupo, nakikinig, kita n'yo.

²⁸ Kita n'yo, may bagay na nagaganap, na sasabihin ko sa inyo kung ang tungkol dito maya-maya. Kaya, ngayon, kita n'yo, ito'y—ito'y maluwalhati at kahanga-hanga. At kung tayo... Tayo'y mag-uusap tungkol dito, sa ibang pagtitipon, alam n'yo, ibang pagkakataon. Ito'y sadyang nagsisimulang maganap, at tayo'y lubos na nagpapasalamat para dito.

²⁹ At ako ay nanggaling doon sa Kentucky, tulad ng ginagawa ko taon-taon, pumupunta roon. Kasama ko ang ilan sa aking mga kaibigan doon. At ito'y hindi lang upang mamaril ng eskuwired, at alam n'yo iyan, kita n'yo.

³⁰ Kaya tayo ay sadyang nagkakaroon ng isang oras na maluwalhati, at tayo'y lubos na nagpapasalamat sa Panginoon!

³¹ Kailangan ko nang umuwi ngayon, kailangang makauwi sa bahay pagkatapos ng pagtitipong ito. At pagkatapos, at tayo'y... Pagkatapos ako'y babalik muli, makaraan ang kaunting panahon, pupunta sa New York para sa isang pagtitipon. At kung magkakaroon kami ng pagkakataon upang tumigil sandali, aba, kami—kami'y magagalak na magkaroon ng panibagong pagtitipon dito sa Tabernakulo.

³² At pagkatapos kailangan kong bumalik, patungo sa Shreveport. At pagkatapos kami ay babalik pauwi, at nagnanasa na maparito sa mga bakasyon, sa kalooban ng Panginoon, dalhin ang pamilya muli. At pagkatapos—at pagkatapos gusto kong...

³³ Pagkatapos ang aking pagtitipon ay magaganap sa Phoenix, sa Enero. Ito'y ang taunang pagtitipon doon para sa Christian Business Men. At mga isang linggo o sampung mga araw bago iyan, sisikapin ko na—na upahan iyang malaking... Ang mga taong Jesus' Name; ito noon ay kay Kapatid na Garcia, at ang—ang Espanyol na kapatid doon ay mayroong kahanga-hangang, malaking lugar doon. Katatayo pa lamang nila niyon. Ito'y makapaglalaman ng mga ilang libong tao, bagong-bago, at ang kanilang kongregasyon ay napaka liit. Sinabi nila sa akin na mauupahan ko iyon anumang oras na gusto ko. Sa halip na kumuha na lamang ng isang—isang bukas na lugar, sa paligid lamang ng lambak, simbahan sa simbahan, palagay ko ay pagsasamahin ko na lamang ang bagay lahat sa isang malaking isahang pagtitipon, kita n'yo, at pagkatapos ay ganapin iyon doon.

³⁴ At kung gayon ay mauupahan natin ang templo. Pupunta kami ngayon upang malaman kung magagawa natin, at pagkatapos ay ganapin ang kombensiyon ng Cristian Business Men. Pagkatapos, hanggang ang sa ibayong dagat ay maisaayos, sisikapin namin na maglagay ng mga pagtitipon doon sa Timog, para sa Enero, at Pebrero, at Marso, doon sa mga Timugang bahagi. At pagkatapos—pagkatapos tumungo. . . pagkat, kung magsisimula tayo ngayon at tumungo sa Afrika. . . Tingnan n'yo, ang panahon na ito ng Pasko, sa kanila, ay ang ikaapat ng Hulyo. Kita n'yo, ito'y— ito'y maulan at masama, at hindi kayo makakarating doon sa panahong iyan, kaya ang pinaka mainam na panahon sa pagpunta roon ay saka na. At kung gayon gusto naming mag-umpisa, kung magagawa namin, sa Norway, at tumungo sa buong mundo, at sikaping pumasok sa Afrika, upang sa kahuli-hulihan ay doon makarating, sa kalooban ng Panginoon.

³⁵ Ngunit manalangin para sa amin ngayon. At mahal namin kayo, at alam ninyo iyan. Kaya kami'y umaasa ng higit na masagana, higit sa lahat na magagawa namin, o isipin man na magagawa ng Panginoon.

³⁶ At kami ay naniniwala, ngayong gabi, magkakaroon ng isang dakilang gawaing pagpapagaling. Ako ay naniniwala magkakaroon ng isang. . . hindi ako mangungusap ng masyadong matagal, dahil mayroon tayong komunyong sa gabing ito. At kaya mga dalawampu o tatlumpong mga minuto, pagkatapos ay magkakaroon tayo ng hanay ng panalangin, at—at pagkatapos kaagad-agad pagkaraan niyan, tayo'y magkakaroon—magkakaroon ng komunyong. At kayo ay malugod na inaanyayahan na manatiling kasama namin; kami'y magagalak. Kami ay walang isang—isang saradong komunyong. Ito'y sa bawat mananampalataya, bawat mananampalataya.

³⁷ At bago ko basahin ang Kasulatan, iniisip ko kung maari nating iyukod ang ating mga ulo sumandali. Hihilingin ko sa aking butihing kaibigan, Kapatid na Lee Vayle, kung pangungunahan niya tayo sa isang salita ng panalangin, na pagpalain ng Diyos ang Kaniyang Salita. Kapatid na Vayle, maari mo bang gawin iyan para sa amin? [Si Kapatid na Lee Vayle ngayon ay nanalangin—Pat.] Amen. Ipagkaloob ito, Panginoon. Ipagkaloob ito, Panginoon. Ipagkaloob ito, Panginoon. Opo, Panginoon. Amen.

³⁸ Ngayon taimtim, magalang nating lapitan ang Salita. Ngayon nais kong bumasa, sa umagang ito, mula sa Exodo ang ika-12 kabanata, at simulan sa ika-12 talata, ang ika-12 at ika-13 talata, kasama lahat. At makinig na maigi ngayon. At pagkatapos bago ang komunyong sa gabing ito, basahin ang ika-12 kabanata ng—ng Exodo, ang buong kabanata; dahil sadyang ang ika-11 talata rito ay ang paghahanda para sa paglalakbay, at ang komunyong bago ang paglalakbay. At nais nating lapitan

ito nang may paggalang ngayon. Ngayon ang ika-12 talata ng ika-12 kabanata.

Sapagka't ako'y dadaan sa lupain ng Egipto sa gabing ito, at lilipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto, maging tao at maging hayop; at gagawa ako ng kahatulan laban sa lahat ng mga dios sa Egipto, ako ang PANGINOON.

At ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda sa mga bahay na inyong kinaroroonan: at pagka aking nakita ang dugo, ay lalampasan ko kayo, at walang salot na sasainyo na papatay sa inyo, pananakit ko sa lupaing Egipto.

³⁹ Nawa ay pagpalain ng Panginoon ang Kaniyang Banal na Salita!

⁴⁰ Ngayon gusto kong kumuha ng isang teksto mula roon, isang maliit na may limang letrang salita lamang: *Tanda*. Tanda! Nais kong mangusap sa salita, o magturo ng leksiyon sa Lingguhang pag-aaral na ito, sa salita na isang “tanda.” Sinabi ng Biblia rito, “At ang dugo ay magiging isang tanda sa inyo.” At nais nating gamitin ang salitang “tanda.”

⁴¹ Ngayon hindi natin alam; kapag binabantayan ko ang orasan, at kapag ito'y dumating na sa oras, buveno, ang mga ito ay . . . ako ay mayroong maraming, maraming mga Kasulatan na nakasulat dito. Kaya hindi . . . At nalalaman na ako'y hindi ninyo makakasama sa ilang panahon. At paano natin malalaman na hindi ito ang magiging huling pagkakataon na ang ilan sa atin ay magkikita-kita pang magkakasama, kaya sikapin nating lapitan Ito ng sadyang kasing galang. Alam ko na ito'y mahirap. Binigyan tayo ng Panginoon ng isang mainam na umaga ngayon, din—din, para sa gawain, sadyang mainam. At sikapin nating ituon ang ating isipan ngayon sa lahat ng bagay na—na ating pag-uusapan, na sa gayon ang . . . kung mayroon mang anumang bagay doon na nais ng Panginoon na malaman n'yo, na ito ay maibigay sa inyo.

⁴² At hindi tayo nangakatayo rito upang makita lamang. Hinding-hindi tayo pumarito upang makita lamang ng iba kung anong pananamit ang suot natin. O . . . Tayo, tayo ay naparito para sa isang bagay, tulad ng dalangin ng ating kapatid na lalaki sa dalanging iyon, “Kami ay narito upang marinig ang Salita, ang Salita na dumarating sa amin.” Nais natin Iyan, ‘pagkat iya’y ang tanging bagay na mangangahulugan ng anumang bagay sa atin, anumang bagay na magiging mahalaga, anumang bagay na—na magiging tulong sa atin.

⁴³ At tayo ay isang agaw-buhay na mga tao. Lahat ng mga taong nilalang ay hahantong tungong Walang Hanggan. At kung gayon mayroon tayo ng sapat na panahong ito upang gawin ang mga desisyon natin kung anong daan ang ating tutunguhan. At

ang daan ay nasa ating harapan; maaari nating tahakin ang alin mang bahaging gusto nating piliin. Iya'y ang paraang inilagay Niya si Adam at si Eva, at iya'y ang paraang inilagay Niya sa atin.

⁴⁴ Dapat nating alalahanin, na anuman ang gawin natin, o gaano man katagumpay tayo, sa buhay, kung wala si Cristo lubos nating naiwala ang lahat ng bagay. Kaya kung Siya, makaraan . . . Kung Siya lamang ang lahat na mayroon na dapat tingnan sa hinaharap, kung gayon tayo ang magiging pinaka mangmang na mga tao na hindi tanggapin Ito, magiging, at— at pahalagahan Ito. Hindi lamang tanggapin Ito, ngunit kayo ay dumako sa bagay na mas higit kaysa riyon. Makaraang makuha n'yo Ito, huwag kunin Ito at ilapag Ito sa istante. Ito'y kailangang gamitin.

⁴⁵ Tulad ng pagpunta sa duktor upang kumuha ng gamot, at pagkatapos ay ilagay ito sa istante. Kung ikaw ay pumunta para kumuha ng gamot, inumin ang gamot. Kung mayroong isang sakit na gumagambala sa iyo, at ang remedyo na ito ay ipinagpalagay na makakatulong sa iyo, kunin mo kung anong ibinibigay niya sa iyo; at sa paraan lamang na sinabi niyang ibigay ito, dahil kung minsan sa pagitan lamang ng ilang mga minuto ay gumagawa ng malaking kaibahan sa paraan na ibinigay mo ito. At paano natin nalaman . . .

⁴⁶ Ngunit sa kasong ito, sa araw na ito, isang saglit lamang ng iyong desisyon ay maaaring magpasya ng iyong Walang Hanggang destinasyon. Kunin lamang Ito sa paraan na iniabot Niya Ito sa inyo.

Isang tanda, “Ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda.”

⁴⁷ Ngayon ano ang, una, isang tanda? Ito'y isang salita na karaniwang ginagamit sa ating mga taong nagsasalita ng Ingles, lalung-lalo na rito sa Amerika. Ang tanda ay isang . . . Talaga, sinasabi ng diksiyunaryo na ang isang tanda ay isang palatandaan, ito'y isang palatandaan ng isang kabayaran, halagang binayaran, kita n'yo; na ang—ang kabayaran, o isang halaga, isang hinihiling na halaga na nabayaran.

⁴⁸ Tulad ng isang pasahe sa isang tren o isang pasahe sa isang linya ng bus. Kayo ay pumasok at binibili ang inyong—inyong pasahe, at pagkatapos bibigyan nila kayo ng isang tanda, at ang tandang iyan ay hindi maaaring gastusin para sa anupamang bagay kundi sa linyang iyon ng riles ng tren. At ito ay isang tanda, sa kompanya ng riles ng tren, na binayaran ninyo ang inyong pasahe. Ito'y isang tanda, at hindi ninyo maigagastos ito para sa anupamang bagay. Hindi ito pupuwede sa anumang ibang linya. Ito ay pupuwede lamang sa linyang iyon. At ito'y isang—ito'y isang tanda.

⁴⁹ Ngayon sa dako rito, na ating pinag-uusapan, kung saan tayo nagsisimula, ay ang Diyos na nagsasabi sa Israel, “Ang dugo

ng cordero ay isang tanda para sa inyo.” Ang cordero ng Israel, pinatay, ay ang hinihinging tanda ni Jehovah. Kailangang ito ay ang dugo. Ang Diyos ay gumawa ng isang tanda at ibinigay ito sa Israel. At wala nang iba pang tanda ang pupuwede, kita n’yo, ito ay hindi maaaring kilalanin.

⁵⁰ Sa sanlibutan, Ito’y isang bungkos ng kalokohan. Ngunit, sa Diyos, Ito’y ang tanging daan. Ang tanging bagay na hinihingi Niya ay ang Tandang iyan. Ito ay kailangang naroroon. At hindi ninyo makukuha ang Tanda hanggang sa ang pasahe ay mabayaran, pagkatapos kayo ay isang nagmamay-ari ng Tanda na nagbibigay sa inyo ng—ng pribelehiyo ng isang libreng pases. “Aking makikita ang Dugo, Ako’y lalampas sa inyo.” Anong panahon, na, anong pribelehiyo, na malaman na dinadala ninyo, sa kalooban ninyo, ang Pases. “Pagka Aking nakita ang Dugo, lalagpasan Ko kayo.” Ito’y ang tanging bagay na Kaniyang kikilalanin. Ito’y wala nang iba pa na makakakuha ng katayuan Nito; walang panghalili, walang denominasyon, wala nang iba pa. Kinakailangan Nito Iyan. Ang sabi ng Diyos, “Iyan lamang ang titingnan ko.”

⁵¹ Kahit gaano pa man sila katuwid, gaano sila kabuti, gaano karaming edukasyon mayroon sila, paano sila manamit, ang tanda ang tanging bagay. “Kapag nakita Ko ang tanda, lalagpasan Ko kayo.” Ang dugo ay isang tanda na ang—ang hinihiling ni Jehovah ay nakatagpo, na ito ay nagawa. Ang dugo ay tumatayo para sa tanda. Ang dugo ay ang tanda. Kita n’yo? Ang buhay na . . .

⁵² Sinabi ng Diyos na, “Sa araw na kumain kayo niyaon, sa araw na iyon kayo ay mamamatay.” At nagkaroon ng isang panghaliling buhay na kinuha para sa buhay ng mananampalataya. Ang Diyos, sa pagkahabag, ay tumanggap ng isang kahalili para sa buhay ng marungis na tao. Nang dinungisan ng Kaniyang anak ang kaniyang sarili sa kasalanan, ng di-pagsampalataya sa Salita, kung gayon ang Diyos, na mayaman sa awa, ay gumawa ng isang kahalili; at, iyan ay, isang bagay ay kailangang mamatay sa lugar nito. Wala nang iba pang bagay na maaaring pumuwede.

⁵³ Iyan kung bakit ang mga mansanas at mga milokoton ni Cain, at iba pa, ay hindi gumana. Ito ay kailangang maging isang buhay na mayroong dugo rito, at ang buhay ay lumisan mula sa handog, at ngayon ang dugo ay isang tanda na ang kautusan ng Diyos ay naisagawa na. Ngayon, ano ang hinihingi ng Diyos? Ang buhay; at ipinakita ng dugo na kailangang magkaroon ng isang buhay na lumisan. Kaya ang dugo ay tanda na ang buhay ay naibigay, na may isang bagay na namatay, ang hinihingi ng Diyos; na isang buhay ay naibigay, at ang dugo ay nabubo. At ang dugo ay tumatayo para sa tanda, na ang buhay ay lumisan. Ang buhay panghayop na sinalita ng Diyos ay kailangang kunin, ay ang dugo na tumayo para sa tanda. Kita n’yo?

54 Ang—ang—ang nananampalatayang mananamba ay nakilala sa kaniyang hain, sa pamamagitan ng tanda. Hindi ko gustong manatili ng masyadong matagal sa mga maliliit na mga sipi na ito, ngunit, makukuha ninyo ang buong gawain sa isa sa kanila, ngunit gusto kong tumigil dito sandali upang ipahayag iyan. Ang—ang—ang mananampalataya ay kailangang makilala kasama ng kaniyang hain. Kita n'yo? Kung ito'y isang hain lamang at—at nagawa sa kung saan man sa labas doon, ibinigay niya ito; ngunit siya ay kailangang makilala rito. Tuwiran, kailangan niyang ipatong ang kaniyang mga kamay doon, una, upang ipakilala ang kaniyang sarili kasama ng kaniyang hain. At pagkatapos ang dugo ay nailagay sa kung saan niya magagawang tumayo sa ilalim ng dugo. Ang dugo ay kailangang nasa ibabaw niya. At iyan ay isang tanda na kaniyang ipinakilala ang kaniyang sarili, may sala, at pinatunayan na isang inosenteng kahalili ang kumuha ng kaniyang lugar.

55 Anong gandang larawan! Oh, isang tinubos! Kita n'yo, ang katarungan ay natugunan, at ang hinihingi ng banal na katarungan ng Diyos ay natugunan. At ang sabi ng Diyos, “Ngayon hihingin ko ang iyong buhay,” at pagkatapos kapag ang—ang—ang buhay ay nagkasala. Pagkatapos isang inosenteng kahalili ay kumuha ng lugar nito. At ito ay isang dugo ng hayop; hindi mansanas, milokoton. Iyan ay dapat na lubusang nagpa linaw sa binhi ng serpiyente sa lahat, na ito ay ang dugo. At ang dugong ito, na hindi magagawang lumabas mula sa prutas, lumabas mula sa isang inosenteng kahalili. At ang buhay ay lumabas, din—din, sa kaniyang lugar, at ang dugo ay isang simbolo na ang hayop ay namatay at ang dugo ay lumabas.

56 At ang mananamba ay ipinapahid ang dugo sa kaniyang sarili, ipinakita na siya ay kinilala sa katubusan, sapagkat ipinakilala niya ang kaniyang sarili kasama ng...sa hain, iniugnay ang kaniyang sarili sa hain, at ang dugo ay tumayo para sa tanda.

57 Gaano—gaano kahanga-hanga! Anong larawan ito! Ito'y isang ganap na tipo ni Cristo, sadyang tamang-tama, ang mananampalataya ngayon ay tumatayo sa ilalim ng nabubong Dugo, nakilala kasama ng Hain. Sadyang kasing perpekto tulad—tulad ng maaari! At paanong ang Cristong iyon, hindi—hindi bilang isang hayop... Kita n'yo, ang—ang hayop ay namatay, ngunit ito ay...

58 Ang pinaka inosenteng bagay na mayroon tayo, ipinagpalagay ko, ay magiging, ang—ang hayop, ang—ang cordero. Nang naisin ng Diyos na ipakilala si Jesus Cristo, ipinakilala Niya Siya bilang isang Cordero. At nang naisin Niya na ipakilala ang Kaniyang Sarili, ipinakilala Niya ang Kaniyang Sarili bilang isang ibon, isang Kalapati. At ang kalapati ang pinaka inosente at pinaka malinis sa lahat ng buhay ibon,

at ang—ang cordero ang pinaka inosente at dalisay sa lahat ng buhay hayop. Kaya kita n'yo nang ang . . .

⁵⁹ Si Jesus ay binautismuhan ni Juan, at sinabi ng Biblia, “At—at nakita niya ang Espiritu ng Diyos, tulad ng isang kalapati, bumababa sa Kaniya.” Samakatuwid kung ito ay naging isang . . . Kung ito ay naging isang lobo, o kung ito ay naging anumang ibang hayop, ang—ang kalikasan ng kalapati ay hindi maaring bumagay sa kalikasan ng lobo, hindi ni ang—ang kalikasan ng kalapati ay maaaring umangkop sa anumang iba pang hayop kundi ang cordero. At yaong dalawang kalikasan ay umangkop sa isa't isa, kung gayon magagawa nilang umayon sa bawat isa.

⁶⁰ Ngayon nakikita n'yo ba ang pagtatalaga? Ito ay isang cordero nang ito ay dumating doon. Kita n'yo? Kita n'yo? Ang . . . Ito ay isang cordero nang ito—nang ito ay dalhin. Ito ay isang cordero. Ito ay isinilang na isang cordero. Ito ay ibinangon, na isang cordero. Kita n'yo?

⁶¹ At, samakatuwid, iya'y ang tanging uri ng isang tunay na Espiritu na makatatanggap ng Salita, na magagawang tanggapin si Cristo. Ang iba sa kanila ay susubukan, sinubukan nilang kunin Ito, at ilagay ang Espiritu ng Diyos sa isang lobo, kita n'yo, magalitin, mapanakit, malupit. Ito ay hindi mananatili roon. Ang Banal na Espiritu ay lilipad lamang palayo kaagad. Hindi nito gagawin ito.

⁶² Ano kaya kung ang Kalapating iyan ay bumaba, at, sa halip na Ito ay isang Cordero, magkakaroon pa ng ilang ibang hayop? Ito ay kaagad—agad na sanang umalis at bumalik. Kita n'yo? Ngunit nang matagpuan Niya ang kalikasang iyan na magagawa Niyang mapakisamakan, Ito ay sadyang naging Isa.

⁶³ At pagkatapos ang—ang—ang Kalapati ay pinangunahan ang Cordero, at, pansinin, pinangunahan Nito ang Cordero sa katayan. Ngayon, ang Cordero ay masunurin sa Kalapati. Kita n'yo? Kahit saan man Nito pangunahan Ito, Ito ay nakahanda na sumama.

⁶⁴ Iniisip ko, sa araw na ito, kapag pinangunahan tayo ng Diyos sa isang—isang buhay ng ganap na pagsuko at paglilingkod sa Kaniya, iniisip ko kung ang ating mga espiritu kung gayon kung minsan ay hindi nagrerebelde, tipong ipinapakita iyan, iniisip ko kung tayo ay mga cordero? Kita n'yo? Kita n'yo? Ang cordero ay masunurin.

⁶⁵ Ang cordero ay mapagsakripisyo sa sarili. Ito—ito ay hindi—ito ay hindi kumukuha, inangkin ang sarili nito. Magagawang humiga nito at gupitin ang balahibo mula rito. Iyan ang tanging bagay na mayroon ito. Ito'y hinding hindi—hinding hindi nagsasabi ng anuman tungkol doon; sadyang isinasakripisyo ang lahat ng bagay na mayroon ito. Iya'y isang cordero. Ibinibigay

nito ang lahat ng bagay sa kaniyang. . . ibinibigay ang lahat-lahat, sarili nito at lahat nito.

⁶⁶ At ganiyan ang isang tunay na Cristiyano, kung silay' . . . isinasakripisyo ang kanilang sarili, walang anumang iniintindi para sa mundong ito, kundi ibinibigay ang lahat na mayroon sila sa Diyos. Kita n'yo?

⁶⁷ At ngayon ito ang sakdal na Cordero, si Cristo nga. At pagkatapos sa pamamagitan ng pagbububo ng Corderong ito, ang natural na cordero sa Egipto, ang dugo ay naipahid, at, nang ito ay naipahid, ito ay tumayo bilang isang tanda, kung gayon para sa ano isinagisag ng Dugo ng Corderong ito? Kita n'yo? Ang Tanda na tayo ay patay sa ating mga sarili at nakilala kasama ng ating Hain. Kita n'yo? Kung gayon, ang Cordero at ang—at ang—ang Dugo at ang tao ay naging kilalang magkasama, ang Hain at ang mananampalataya. Kita n'yo, kayo ay nakilala sa inyong buhay, sa pamamagitan ng inyong Hain. Iyan ang gumagawa sa inyo kung ano kayo.

⁶⁸ Kung gayon ang dugo ay isang tanda, o isang pagkakakilanlan. Ipinakilala ng dugo na pinatay na ng mananamba ang cordero, at tinanggap ang cordero, at ipinahid ang tanda sa kaniyang sarili, na siya ay hindi nahihiya. Hindi niya iniintindi kung sinong makakita nito. Nais niyang ang lahat ay makita ito, at ito ay nailagay sa gayong posisyon na lahat ng dumaraan ay makikita ang tandang iyan.

⁶⁹ Kita n'yo, maraming mga tao ang gustong maging mga Cristiyano, at gusto nila—nila—nila na gawin ito ng lihim para walang sinuman na—na makakaalam na sila ay mga Cristiyano. O, ang—ang mga kasamahan na kasa-kasama nila, ilan sa kanila ay iniisip, “Buweno, ngayon, tingnan, ako—ako— gusto kong maging isang Cristiyano; ngunit hindi ko gustong si *Kuwan-at-kuwan* na malaman ang tungkol dito.” Kita n'yo? Buweno, ngayon, kita n'yo, iya'y hindi Cristiyano.

⁷⁰ Ang Cristiyano ay kailangang ipakita ang Tanda nito, kita n'yo, hayagan, sa pampublikong buhay, sa opisina, sa lansangan, kapag ang kabagabagan ay nasa paligid, anumang bagay, sa simbahan, saan pa mang dako. Ang Dugo ay ang Tanda, at ang Tanda ay kailangang maipahid, kita n'yo, o (ito'y hindi) maging ang tipan ay walang bisa.

⁷¹ Ang dugo ay isang tanda, o isang pagkakakilanlan, ipinakilala na ang taong ito ay natubos na. Ngayon, buweno, pansinin, sila ay, sila ay tinubos bago nagkaroon ng anumang bagay na nangyari. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay ipinahid nila ang dugo. Kita n'yo, bago ito maganap sa katotohanan, ang dugo ay naipahid sa pamamagitan ng pananampalataya, naniniwala na ito ay magaganap. Kita n'yo? Bago dumaan ang galit ng Diyos sa buong lupain, ang dugo ay

kailangang maipahid, muna. Ito ay masyado nang huli makaraan na ang galit ay bumagsak na.

⁷² Ngayon tayo ay mayroong isang leksiyon doon na atin talagang maaring, marahil dalhin ito sa inyong kaisipan, sandali lamang. Tingnan, *bago* ito maganap, sapagka't mayroong darating na isang panahon na kung kailan hindi n'yo na magagawang magpahid ng anumang Dugo.

⁷³ Ang cordero ay napatay sa panahon ng gabi, makaraan na panatilihin sa loob ng labing—apat na araw. At pagkatapos ang Cordero ay pinatay at ang dugo ay naipahid sa panahon ng gabi. Nakuha n'yo ito? Ang tanda ay hinding-hindi dumating sa pagiral hanggang sa panahon ng gabi.

⁷⁴ At ito ang panahon ng gabi ng kapanahunan na kinabubuhayan natin. Ito ang panahon ng gabi para sa—para sa Iglesia. Ito ang panahon ng gabi para sa akin. Ito ang panahon ng gabi ng aking Mensahe. Ako'y nag-aagaw-buhay. Ako'y tutungo. Ako'y papalabas, sa panahon ng gabi ng Ebanghelyo. At tayo'y dumaan na sa pag-aaring-ganap, at iba pa, ngunit, ito ang panahon na ang Tanda ay kailangang maipahid. Sinabi ko sa inyo noong nakaraang Linggong mayroon akong bagay na gusto kong ipangusap sa inyo; ito iyon. Ang panahon na kung kailan kayo—kayo ay, sadyang hindi makakapaglaro kasama Ito. Ito'y kailangang maganap. Kung ito'y kailangang matapos, ito'y kailangang maganap ngayon. Sapagka't, makikita natin na ang galit ay halos handa nang dumaan sa lupain, at lahat ng bagay na wala sa ilalim ng Tandang iyan ay mapupuksa. Ang Dugo, ay ipinakilala kayo. Pansinin.

⁷⁵ Sapagka't, ang buhay panghayop ay hindi maaaring bumalik sa taong nilalang. Nang ang dugo ay nabubo, ang buhay ay lumabas, siyempre, 'pagkat ito ay isang bahagi. At nang ang dugo ng buhay ay nawala mula roon, ang buhay bilang iba mula sa dugo. . . . Ngayon, ang dugo ay ang kimika ng buhay, ngunit ang buhay ay bagay na iba pa mula sa dugo, ngunit ang buhay ay nasa dugo. At ang buhay ng hayop ay hindi maaaring bumalik sa mananamba. Kapag ibinubo niya ang dugong ito ng cordero, kailangan niyang ipahid ang kimika, sapagkat iyan ang—ang buhay na lumabas at hindi magagawang bumalik.

⁷⁶ Sapagkat, hindi nito magagawang pumunta sa isang taong nilalang, 'pagkat ang buhay panghayop ay walang kaluluwa. Hindi alam ng hayop na siya ay hubad, at siya—siya lamang. . . . Hindi napapagtanto ang kasalanan. Wala itong alam, kaya samakatuwid ito'y isang nabubuhay na nilalang ngunit hindi isang nabubuhay na kaluluwa. Samakatuwid, ang buhay ng hayop na iyan ay hindi magagawang bumalik sa isang buhay pantao, dahil ito ay walang kaluluwa sa buhay na iyan. Ngayon, mayroong isang buhay, isang dugo; isang buhay, at isang kaluluwa sa buhay; ang kaluluwa ay ang kalikasan ng buhay.

Samakatuwid, ito ay walang tiyak na kalikasan, ito ay isang hayop, samakatuwid ang dugo ay tumayo para isang tanda na ang buhay ay naibigay.

⁷⁷ Ngunit sa maluwalathing dakong ito, sa ilalim ng tipan na ito, mayroong isang pagkakaiba sa pagitan ng Dugo at ng Buhay. Ang Tanda para sa mananampalataya sa araw na ito ay ang Espiritu Santo; hindi isang dugo, isang kimika, ngunit Ito ay ang Banal na Espiritu ng Diyos. Iyan ang Tanda na hinihingi ng Diyos sa Iglesia ngayon. Kailangang makita ng Diyos ang Tandang ito. Kailangang makita Niya Ito sa bawat isa sa atin.

⁷⁸ Samakatuwid, habang ang mga anino ng gabi ay naglilitawan, at ang galit ay handa na upang mabuhos mula sa Kaitaasan, tungo sa mga masasamang bansa, at sa mga masasamang di-mananampalataya, tungo sa—sa mga nag-aangkin na walang pag-aari, sa mga bagay na ito! At ako—aking sinikap na ipaliwanag ang aking sarili at mamuhay ng tama kasama ito, upang makita kung saan ito nakatayo, bago ko sinabi ang mga bagay na ito. Ngayon tayo ay nabubuhay sa mga anino, at ang poot ay nahahanda nang manakit, at ang Diyos ay humihingi ng isang Tanda na kayo mismo sa inyong sarili ay tinanggap ang Kaniyang Tanda, ang Espiritu Santo. Ito lamang ang tanging paraan, at ang tanging tanda na ang Diyos ay lalampas, dahil Ito ay ang literal na Buhay ni Jesus Cristo na bumalik papasok sa mananampalataya.

⁷⁹ Ang buhay panghayop ay hindi makababalik, samakatuwid isang dugo ay kailangang mailagay sa pintuan, sa may hamba at sa may haligi ng pintuan; na ang bawat dumaraan, ang buong publiko, lahat na dumarating sa bahay, ay nalalaman na mayroong isang—isang tanda sa pintuang iyon, ng dugo, na isang buhay ang namatay sa pintuang iyan. Amen!

⁸⁰ Ganiyan dapat ang mangyari sa bawat mananampalataya ngayon, puspos ng Espiritu Santo; isang Tanda na ang nabubong Dugo ng Cordero, na ang Buhay na nasa Cordero, ay nagbalik at hayagang nakakintal doon, na lahat ng dumaraan, na nakikipag-usap sa inyo, na mayroong anumang kaugnayan sa inyo, nakikita na ang Dugo ay naipahid, at ang Tanda ng Buhay na nasa Dugong iyon ay nasa inyo. Kayo ay ligtas mula sa galit. Iyan lamang; hindi pagkakaanib. Hindi, ginoo!

⁸¹ Ang buhay panghayop ay hindi maaaring tumungo sa mananampalataya, dahil ito ay isang hayop, at ito ay nangungusap lamang ng isang konsiyensiya, nagpapakita na mayroong darating na isang sakdal na Hain.

⁸² At, ngayon, paano magkakaroon ng isang higit na sakdal na Hain kaysa sa Diyos Mismo na nagiging ang Katubusan, Siya Mismo? Nang ang Diyos ay naging laman, sa Kaniyang Sariling mapanglikhang Dugo, na ang tanging paraan na ang isang Buhay ng Diyos ay makababalik.

⁸³ Sapagkat, lahat sa atin ay isinilang sa pamamagitan ng pagniniig, at samakatuwid ang buhay na nakapaloob doon ay sa sanglibutan, at ang buhay na iyan ay hindi mananatili. Iyo’y ang bagay na nahatulan na at napahamak. Hindi ninyo magagawang ayusin ito. Walang paraan upang ayusin ito. Walang paraan para—para lunasan ito. Walang paraan para gawin itong mas mabuti. Ito’y kailangang mamatay! Iyan lamang ang tanging hinihingi. Ito’y kailangang mamatay!

⁸⁴ At ang Panghalili, ang Buhay ni Jesus Cristo, ay kailangang pumasok sa inyo, na siyang Espiritu Santo, Tanda ng Diyos; na tinanggap ninyo ang Dugo ng Kaniyang Anak, si Jesus Cristo.

⁸⁵ Samakatuwid, sa mga kaarawan ni Wesley o . . . Ang mga araw ni Luther, ito ay inisip, “na sampalatayanan.” Sa mga kaarawan ni Wesley, “ang kimika ng Dugo.” Ngunit ito ang huling araw, kung saan ang—ang Tanda ay hiniling. At iyan ay gumagawang, magkasama, ang buong yunit para sa Pag-agaw. Nakita n’yo ito? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.]

⁸⁶ Tubig, dugo, at espiritu ay lumalabas kapag ang isang ina ay nagsisilang sa sanggol. Ang unang bagay na lumalabas, sa isang normal na kapanganakan, ay ang tubig, ang ikalawang bagay ay ang dugo, at ang sumunod na bagay ay buhay.

⁸⁷ Mayroong lumabas mula sa katawan ng ating Panginoong Jesus Cristo: tubig, Dugo, at Buhay. At ang buong Iglesia, ang Nobya, sama-sama, ay nabuo sa pamamagitan ng pag-aaring ganap, pagpapagiging-banal, at ang bautismo ng Espiritu Santo, na siyang Tanda.

⁸⁸ Tulad ng sinasabi ng Hebreo 11, “Lahat ng mga ito na nagsilakad na paroo’t parito na may balat ng mga tupa’t kambing, at mga salat, at lahat ng mga bagay na ito nagawa nila, gayun pa ma’y hindi napaging sakdal ng bukod sa atin.”

⁸⁹ At ang Iglesia sa araw na ito, na tumanggap ng Tanda, ng Bautismo ng Banal na Espiritu, na ang Dugo ay nabubo at na ang Espiritu Santo ay nasa Iglesia; kung wala tayo, kung gayon, hindi sila makababangon. Ngunit sila’y umaasa sa atin, sapagkat ipinangako ng Diyos na tataglayin Niya Ito, at mayroong mapaparoon. Hindi ko alam kung magiging sino ito, ngunit mayroong tatanggap Nito. Ang tanging isang bagay na ako’y responsable, ay ang ipangaral Ito. Ito’y tungkulin na ng Diyos na hanapin ang itinalagang binhing iyon. Mayroong mapaparoon, papano’t papanoman. Dahil, sila’y mapaparoon, bawat isa sa kanila, isa kasama ng iba; ang kapanahunan ng tubig, ang kapanahunan ng Dugo, at ngayon ang kapanahunan ng Tanda ng Espiritu Santo.

⁹⁰ At, alalahanin, ang Israel ay dumaan sa maraming mga bagay, ngunit ito’y panahon ng gabi nang ang tanda ay hiningi; hindi sa umaga, hindi sa paghahanda, ang labing apat na mga

araw ng pagpapanatili ng cordero. Alam ng Israel na may bagay na darating.

⁹¹ Gayun din si Luther ay alam ito, gayun din si Wesley ay alam ito, gayun din si Finney, si Knox, si Calvin, ay alam ito. Ito Iyon! Alam nila na may darating na isang panahon na ang Haliging Apoy ay babalik sa Iglesya. Alam nila na mayroong darating na isang panahon na ang mga bagay na ito ay magaganap, ngunit sila ay hindi nabuhay upang makita ito, ngunit sila ay naghihintay para rito.

⁹² Alam ng Israel na may bagay na darating, ngunit ito ay panahon ng gabi nang ang dugo ng cordero, ang tanda, ay nailagay sa pintuan. Gayun man, ang cordero ay naihanda na.

⁹³ Ito'y palagi ang Cordero mula sa simula hanggang sa pagpapatuloy. Ito ay ang Cordero sa panahon ni Luther, ito ang Cordero—Cordero sa panahon ni Wesley, ngunit ngayon ay ang panahon ng Tanda na bawat bahay ay kailangang balot sa pamamagitan ng Tanda. Bawat bahay ng Diyos ay kailangang balot sa pamamagitan ng Tanda. Lahat na nasa loob nito ay kailangang balot sa pamamagitan ng Tanda. At ang Bahay ng Diyos ay ang Katawan ni Jesus Cristo, at sa isang Espiritu tayong lahat ay nabautismuhan tungo sa Tandang ito at naging bahagi Nito, na, sinabi ng Diyos, “Pagka Aking nakita ang Tandang ito na nakapahid, lalagpasan Ko kayo.” Anong oras na ating kinabubuhayan ngayon! Oh!

⁹⁴ Ang dugo ay nagpakilala, ipinakikilala ang mananampalataya, sapagkat ang buhay ay lumabas, hindi magawang makabalik, kaya kailangan niyang magkaroon ng isang—isang kimika. Kailangan niyang magkaroon tulad ng isang pintura, ang dugo, isang kimika na nagpapakita na ang buhay ay lumabas mula rito.

⁹⁵ Ngayon ang pinaka Espiritu Mismo ay ang Tanda. Ang Banal na Espiritu Mismo ay ang Tanda, hindi ang Dugo. Ang Dugo ay nabubo sa Kalbaryo, iyan ay totoo. Ngunit ang Dugo, gaya ng pagiging ganito nito, ay bumalik tungo sa mga elemento kung saan ito nagmula, mula sa pagkain na Kaniyang ipinamahay. Ngunit, tingnan n'yo, sa loob ng selula ng Dugong iyon ay isang Buhay na nagpasimulang magpakilos sa selula ng Dugo. Kung ito ay . . . Ang kimika ay walang Buhay sa loob nito, ito mismo, at kung gayon hindi ito makakakilos. Ngunit nang ang Buhay ay dumating sa kimika ng dugo, Ito ay bumuo ng isang selula. Binubuo Nito ang Sarili Nitong selula, pagkatapos ay selula at selula pa uli, pagkatapos ito ay naging isang Tao. At ang Taong iyan ay Diyos, Emmanuel, sa laman. Ngunit nang ang Buhay na iyan ay bumalik, ang kimika ay tumungo roon, ngunit ang Tanda ay ang Espiritu Santo sa Iglesya, na nakita nila si Cristo.

⁹⁶ Ito ay dapat na ganoon, sapagkat ang isang babae at ang kaniyang asawang lalaki ay naging isa. Sila ay naging isa. At

gayun din ang Nobya at si Cristo ay naging Isa. Ang ministeryo ng Nobya, at ang ministeryo ni Cristo, ay pareho. At alalahanin, “Itong mga unang kasaysayan, O Theophilus, ay aking isinulat sa iyo, na sinimulan ni Jesus na gawin at ipinagpapatuloy na gawin.” Hindi Siya pinigil ng Kaniyang kamatayan. Hindi, ginoo! Siya ay bumalik muli. Hindi isang ikatlong persona, ngunit ang siya ring Persona na nagbalik muli sa anyo ng Espiritu Santo, at upang ipagpatuloy ang gawain; at nagpatuloy, sabi ng Aklat ng Mga Gawa. “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Iya’y ang Tanda. Iya’y ang palatandaan.

⁹⁷ Nang si Pedro at si Juan ay dumaan sa pintuang-bayan na tinatawag na Maganda, doon ay mayroong isang tao na lumpo, pilay mula pa sa sinapupunan ng kaniyang ina, at ang sabi niya, “Pilak at ginto ay wala ako; ngunit kung anong mayroon ako, ibibigay ko sa iyo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo ng Nazareth, tumayo ka at lumakad.” Kita n’yo? At sila ay nakipag-usap sa kanila, at nalaman na sila ay mga ignorante at mga taong hindi nakapag-aral, ngunit napansin nila sa kanila na sila ay kasakama ni Jesus. Kita n’yo, ang Tanda ay naroon, nagpapakita. Kita n’yo, “Kung anong mayroon ako!” Nakikita ang isang kaawa-awa, lupaypay na kapatid na lalaki na nakahiga roon, lumpo at dispigurado, at lahat na. At ang siya ring Buhay na nakay Cristo ay nasa kanila, “Kung anong mayroon ako!”

⁹⁸ “Sa Aking Pangalan kayo ay magsisipagpalayas ng mga diablo.” Hindi, “Aking gagawin.” “Inyong gagawin!” “Kung inyong sasabihin sa bundok na ito!” Hindi, “Kung Aking sasabihin.” “Kung inyong sasabihin sa bundok na ito!”

⁹⁹ Oh, kapatid, ang oras ng Tanda na iyan upang maipakita ay nalalapit na. Nakikita natin ito. Alam natin na tayo’y malapit na sa katapusan ngayon. Tayo’y nagsipagdala ng lahat ng uri ng mga mensahe, upang magpakita ng mga tanda at kababalaghan, at ngayon heto tayo bumabalik para sa kung ano ang dapat gawin ng Iglesia. Ang Tanda ay kailangang maipakita. “Pagka Aking nakita ang dugo, ay lalampasan Ko kayo.” Wala ng anupamang bagay na uubra. Ito ay kailangang ang Dugo. Ngayon, ang Espiritu Santo ay ang ating Tanda, mula sa Diyos.

¹⁰⁰ Gaya ng isang kilalang teologo, isang—isang iskolar, isang kapatid na Baptist, mabuting tao, mainam na ugali, nang siya ay lumapit sa akin isang beses, at sinabi niyang, “Kapatid na Branch,” sabi niya, “ikaw ay nangungusap tungkol sa Espiritu Santong ito,” sabi niya, “bakit, iya’y hindi na bago.” Sabi, “Itinuro na namin Ito noon pa, sa lahat ng kapanahunan.” At ako—sabi ko, buweno, aking. . . Ang sabi niya, “Tinanggap na namin ang Espiritu Santo.”

¹⁰¹ Sabi ko, “Kailan mo tinanggap Ito?”

102 Ang sabi niya, “Nang ako ay manampalataya.” Pagkat, alam ko iyon ay teolohiyang Baptist, na, “Ikaw, kapag sumampalataya ka, tinanggap mo ang Espiritu Santo.”

103 Sabi ko, Kung gayon sabi ni Pablo, sa Mga Gawa 19, sa isang lupon, isang grupo ng mga Baptist, na, isang mangangaral na Baptist na naging isa sa mga napagbagong-buhay ni Juan, ay pinatutunayan sa pamamagitan ng Biblia na si Jesus ay ang Cristo.”

104 “Nang siya ay dumaan sa mas mataas na baybayin ng Efeso, siya ay nakatagpo ng mga alagad, at ang sabi niya sa kanila, ‘Natanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo *mula* nang kayo ay manampalataya?’ Ang sabi nila, ‘Hindi namin alam kung mayroon ngang anumang Espiritu Santo.’” Pagkatapos ay tinanong niya sila kung paano sila nabautismuhan. At sila ay hindi pa nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang inihandog na Cordero. Sila ay hindi nakilalang kasama Niya, hindi nga. Basta’t pinaniwalaan nila ito; tulad ng gamot na nakapatong doon, at hindi kinuha ito. Inutusan sila ni Pablo na mabautismuhang muli, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

105 At nang gawin niya ito, pagkatapos ang Tanda ay dumating sa kanila. Sila ay nakilala sa mga gawa at mga tanda ng Espiritu Santo, nagsasalita sa iba’t-ibang mga wika sa pamamagitan nila, at nagsisipanghula, at niluluwalhati ang Diyos. Sila ay nakilala tulad—tulad nang sa kanilang Hain.

106 At ang Espiritu Santo ang ating pagkakakilanlan. Ito ang nagpapakilala sa atin bilang mga Cristiyano. Hindi ang pagkakaanib natin sa mga simbahan, hindi ang pangunawa natin sa Biblia, hindi kung gaano karami ang alam ninyo tungkol sa Biblia. Ito’y kung gaano ninyo nalalaman ang tungkol sa May Akda, kita n’yo, kung gaano nabubuhay ang May Akda sa inyo. Ito’y ang inyong—ito’y ang inyong sarili na nawala. Kayo’y wala na. Ipinagpapalagay ninyo ang inyong sarili na patay, at ang Tanda ang siyang nabubuhay sa inyo. At Ito’y hindi ang inyong buhay; Ito’y Siya.

107 Sabi ni Pablo, “Ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon.” Siya ay namuhay ng isang ibang pamumuhay mula sa kung anong ginawa niya noon. “Hindi ako, kundi si Cristo na nabubuhay sa akin.” Naroon ang kilalang Tanda na hiningi ng Diyos. Nakilala kasama ng ating . . . Pagkakakilanlan kasama ng ating Hain, ang Buhay ng ating Tagapagligtas sa atin, ang Banal na Espiritu.

108 Oh, anong isang—anong isang positibong Tanda! Hindi na maaaring magkaroon pa ng anupamang Tanda. Oh, naku, kung mauunawaan n’yo lamang ang—ang kaisipan nito. Kung taglay ko ang—ang kapangyarihan sa umagang ito, kasama ang mga salita, upang ipahayag at ilagay sa inyong kaluluwa na naroroon sa loob; hindi sa inyong mga tainga, kundi sa inyong kaluluwa,

at inyong—magagawa ninyong makita ang garantiya Nito. Ito—ito ay kumukuha, ginagawa kayo Nitong talagang palagay.

¹⁰⁹ Ano kaya kung kayo ay, nakagawa ng isang krimen, at kayo ay lilitisin sa isang korte pederal. At alam ninyo, na kung matutuklasan nila kayong may sala, na kayo ay mamamatay, kayo ay tutungo sa isang silya elektrika, o ang silid na may lasong gas, o anumang hayag na pagbitay na magkakaroon sila para sa inyo, marahil bitay, o anong bagay, patayin ng walang litis, anuman ang kaparusahan. At alam ninyo na kayo ay nakagawa. . . Kayo ay may kasalanan. Alam n'yo na kayo ay may kasalanan, at kayo ay kailangang mamatay kung hindi kayo kukuha ng abugado para kumatawan sa inyo, na siyang makakapaglabas sa inyo mula sa bagay. At ngayon gugustuhin ninyo ang pinaka magaling na abugado na magagawa ninyong makuha.

¹¹⁰ At pagkatapos sa pagkuha ng isang abugado na isang magaling, tusong abugado, mararamdaman n'yo na ang kaso ninyo ay medyo. . . mapapalagay kayo ng kaunti, dahil kayo ay mayroong abugado. Ngunit nanatiling magkakaroon pa rin ng katanungan kung ang abugadong ito ay magagawang baguhin ang ideya ng hukom, o baguhin ang lupong tagahatol; kung ang abugadong ito, sa pamamagitan ng tuso niyang pananalita at ang pagkakaalam sa mga batas, ay magagawang baguhin iyan, at magagawang ipagtanggol ang kaso ninyo at patunayan na—na kayo ay dapat na mabuhay. Ngunit gayun pa man, sa lahat ng kaniyang—kaniyang malakas na kapangyarihan at ang napakagalang na pananalita na magagawa niya, at ang impresiyong magagawa niyang ilagay sa lupong tagahatol o mailagay sa hukom, kayo—kayo'y—kayo'y. . . Marahil maari kayong mapalagay para sa ilang mga sandali, ngunit mananatili pa ring magkakaroon ng isang katanungan sa isipan ninyo, “Magagawa kaya niya ito?”

¹¹¹ Ngunit sa kasong ito, ang Hukom Mismo ay naging Abugado natin. Ang Diyos ay naging tao. Walang abugadong makagagawa niyon. Hindi tayo makakasumpong ng isa. Si Moises, at ang Kautusan, ang mga propeta, walang anumang makagagawa niyon. Kaya ang Hukom ay naging kapwa Hurado, Abugado, at Hukom, Siya Mismo; at kinuha ang katarungan ng Kaniyang Batas sa Kaniyang Sariling mga kamay, at binayaran ang halaga nito, Siya Mismo. Gaano katiwasay pa kaya tayo maaring maging? At isinugo ang Sarili Niyang Buhay pabalik sa atin, bilang isang saksi na Kaniyang tinaggap ito. Gaano kaligtas!

¹¹² “Oo, kahit na ako ay lumakad sa lambak ng anino ng kamatayan, hindi ko katatakutan ang anumang masama, sapagka't Ika'y kasama ko.”

¹¹³ Nang Siya ay naging kapwa Hukom, Hurado, at—at Abugado, ipinagtanggol Niya ang kaso natin. Tayo, natagpuang

may sala sa Sarili Niyang Batas; at Siya ay dumating at kinuha ang lugar ng taong may sala, na nasa sanktuwaryo. Kinuha Niya ang kasalanan niya. Ipinataw Niya ito sa Kaniyang Sarili, at namatay, at binayaran ang halaga, at ibinubo ang Kaniyang Dugo, at ibinigay pabalik ang Sarili Niyang Tanda, Sarili Niyang Buhay.

¹¹⁴ Bakit, tayo ay lubos na sakdal. Ang kaso ay pinawalang-saysay. Wala nang kasalanan pa sa mananampalataya. O Diyos, magkaroon ng habag, kung hindi iyan makita ng mga tao, na wala nang kaso pa. “Siya na dumirinig ng Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi mapasok sa Paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan.” Ayan ang kaso. Kaso ay pinawalang-saysay! Wala nang kaso pa roon. Amen! Pagkatapos ligtas, ligtas ng ang Tanda ay nakapahid kapag ang kamatayan ay nagsimulang kumatok sa pintuan sa labas doon, wala itong kapangyarihan. Kita n’yo? Oo.

¹¹⁵ Ang Tanda ay naipahid. Tanging ang Tanda ang kilala ngayon. Kita n’yo, ginawa Niya iyon upang ang Tanda ay makaparito. Ang Tanda ay Buhay ng Diyos.

¹¹⁶ At nang gawin ng Diyos ang unang tao, ginawa Niya Siyang isang anak na lalaki. At ang anak na lalaki ay napakasama na siya ay nakinig sa kaniyang asawang babae sa halip na sa Diyos, at ang babae ay nakinig sa diablo sa halip na sa kaniyang asawang lalaki, at, nang nangyari iyon, pinasama sila kapwa nito, na ito ay nagdala ng isang polusyon. At alam Niya, na nang gawin nila iyon, kailangang nilang magluwal nang mga anak sa mundo. Ang bunga sa kalagitnaan ng punong kahoy ay hindi mahahawakan, at, pagkatapos, nang ito ay nahawakan, dinala nila ang kasalanang ito sa kanilang mga sarili. At samakatuwid ang buong sangkatauhan, na naipanganak, ay nasa kasalanan. Doon, walang paraan para lumabas.

¹¹⁷ At pagkatapos ang Diyos ay bumaba. Mayroon lamang isang paraan upang kunin siya pabalik; iya’y ang kunin Siya pabalik na isang anak na muli. At paano Niya magagawa ito, samantalang ang Sarili Niyang Batas ay nakatayo roon at sinabing siya’y “hinatulan”? Pagkatapos ang Ama Mismo ay naging isa sa atin. Iya’y ang tunay na Cordero. Iyan ang layunin Niya na mayroon Siya sa kaisipan.

¹¹⁸ Iyan ang dahilan na ang Cordero ay nakilala ng husto sa Hardin ng Eden, nalalaman na ang Cordero at Kalapati ay magtatagpo sa isang pagkakataon, kapag ang Cordero at Kalapati ay magiging magkasama. Iyan ay kung kailan Niya nalaman, sa pamamagitan niyon, lahat tayo ay maaaring magkasama-sama. At Siya ay handa upang gumawa ng gayong hain, ngayon, na ang Tanda ay maaaring maipahid, na tayo ay hindi na mga dayuhan, tayo ay hindi na mga estranghero, kundi

tayo'y mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Kapwa si Adam at si Eva, ang babae at ang lalaki, nagsama, ay mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos, kay Cristo Jesus, sa pamamagitan ng Kaniyang dakilang hain.

¹¹⁹ At, pagkatapos, upang hindi magkaroon ng pagkakamali! Ang binhi ng buhay na ito ay kailangang maitanim sa lupa, ng katawan na ito na isang—isang may kabulukan na binhi; at ang buhay, kung ito'y isang may kabulukang buhay sa binhi, ito mapapahamak kasama ng binhi. Ngunit Siya ay naglagay ng Buhay na Walang Hanggan sa loob nito at ipinakilala ito bilang Sariling Kanya, na sa pagkabuhay na mag-uli ay babangunin Niya itong muli, hindi mapapahamak. Nakita n'yo ba kung anong ibig kong sabihin? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

¹²⁰ Hayan nga 'yon, ito ay hindi mapapahamak ngayon. Ang Buhay ay nakalatag sa kabuuan nito. Ito'y isang Tanda, nakalatag sa kabuuan ng munting katawang iyon, nakalatag sa kabuuan ng kaluluwang iyon ng taong iyon. Mayoong isang Tanda banda roon, ang Banal na Espiritu, na ito ay pag-aari ng Diyos. Ito'y sa Kaniya. "Pagka Aking nakita ang Tanda, lalagpasan Ko kayo." Isang positibong Tanda, ang Banal na Espiritu ang Tanda natin. Samakatuwid, kapag natanggap n'yo ang Espiritu Santo, kayo'y lumipat mula sa kamatayan tungo sa Buhay. Iyan ang lahat na mayroon doon, 'pagkat ang Buhay ay nasa inyo. Kayo ay hindi na mapapahamak.

¹²¹ Ang sabi ng Biblia, "Siya na ipinangank ng Diyos ay hindi nagkakasala, sapagkat siya ay hindi maaring magkasala, sapagkat ang Binhi ng Diyos," amen, "ang Binhi ng Diyos ay nananatili sa kaniya." At paano siya magkakasala kapag ang walang salang Diyos ay nasa kaniya? Kapag siya'y nasa isang walang salang Diyos, paano siya magkakasala? Maging anuman ang nagawa niya, nababalutan siya ng Dugo. Kita n'yo? Siya'y isang bagong nilalang na ngayon. Ang mga pagnanasa niya at mga ambisyon ay sa Langit, dahil siya'y nabago mula sa isang damong cocklebur tungo sa isang trigo. Ang mga pagnanasa niya ay hindi na parehos tulad noon, at ipinapakita niya ito.

¹²² Sasabihin ninyong, "Oh, pinaniniwalan ko Iyan." At nagkakasala pa rin? Hindi! Ika'y nadaya. Kita n'yo? Hindi Ito makakapagpakita ng anuman kundi ang Tanda.

¹²³ Ang Israel ay nautusan na manatili sa ilalim ng dugong iyon hanggang sa ang utos sa paglabas ay dumating. "Huwag lumabas mula sa ilalim niyon!" Nang minsang nasa ilalim ng tandang iyon, sila ay natatakan doon. "Huwag iiwan iyan!" Sila ay nanatili mismo doon hanggang sa dumating ang hating gabi at ang mga trumpeta ay humihip. At nang humihip ang mga trumpeta, ang lumang mga sungay ng mga lalaking tupa ay

nagsimulang humihip, bawat isa ay nagmartsa palabas kasama ang mga baon niya, patungo sa lupang pangako.

124 Gayun din ang isang lalaki at babae na puspos ng Espiritu Santo, siya ay natatakan na, at ligtas mula sa lahat ng kapinsalaan at panganib. Ang buong buhay niya ay nagpapakita kung ano siya, saan man siya lumakad, anumang gawain ang gawin niya, sinuman ang kausapin niya. Kapag siya ay nakiharap sa mga kababaihan, kapag siya ay nakiharap sa mga kasamahan, kapag siya ay nakiharap sa lahat ng bagay, ang Tandang iyon ay nakalagay doon. Amen! Kapag dumating sa kamatayan, “Ako’y hindi natatakot sa anumang masama, sapagka’t Ika’y kasama ko,” ang Tandang iyon ay nakalagay doon. Kapag dumating sa pagkabuhay na mag-uli, siya’y mapaparoon, dahil ibabangon siya ng Diyos sa huling araw. Sinabi nga ni Jesus! “Pagka Aking nakita ang Dugo, ang Tanda, lalagpasan Ko kayo.” Oh!

125 Alalahanin, kung ang tanda na iyan ay hindi maipakita, maging ang kasunduan ay napawalang-bisa. Iya’y tama. Ang kasunduan ay napawalang-bisa. Walang—walang kasunduan hangga’t ang tandang iyon ay wala roon. Ang tanda ay tumatayo para sa kasunduan. Ang Diyos ay gumawa ng isang kasunduan sa kanila, oo, ginoo, ngunit ang tanda ay kailang maparoon. Ito’y walang bisa, ang kasunduan ay walang bisa, malibang ang tanda ay naroon.

126 Maaring maraming mga Hudyo ang makakapagsabi, “Pumarito! Wala akong dugo sa pintuan ko, ngunit may gusto akong ipakita sa iyong isang bagay, ako’y isang natuling Hudyo. Ako ay tuli.” Iyan ay hindi nangangahulugan *niyan*. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang daliri niya]. “Pagka Aking nakita ang dugo! Pagka Aking nakita ang tanda!”

127 Maaari ninyong sabihin, “Ako ay Baptist, Presbyterian, Methodist,” o anuman ang maging gusto ninyo.

Ngunit, “Pagka Aking nakita ang Tanda!”

128 Sasabihin ninyong, “Ako’y isang mananampalataya. Ang nanay ko ay isang miyembro ng iglesyang ito. Ang tatay ko ay isang miyembro ng iglesyang ito. Ako’y naging isang miyembro doon mula pagkabata.” Iyan ay hindi nangangahulugan *niyon*. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang daliri niya]. “Hindi ako nagsisinungaling, nagnanakaw. Hindi ko ginagawa *ito*. Ako. . .” Iyan ay hind nangangahulugan *niyan*. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang daliri niya—Pat.]. “Ako ay kabilang sa Branham Tabernacle. Ginagawa ko *ito*, *iyon*, o ang *iba*. Pinaniniwalaan ko ang lahat ng Salita.”

129 Silang mga Hudyo ay makakapagsabing, “Pinaniniwalaan ko si Jehovah!” Siya’y nakinig sa Mensahe ng kapanahunan, kung ginawa niya. Sigurado.

Sila ay mayroong maraming mga mensahe, ngunit Ito ang Mensahe ng kapanahunan. Kita n'yo? Pinaniniwalaan ko ang Mensahe ng kapanahunan. Oo. ang dugo ay naipahid sa panahon ng gabi.

Maaari nilang sabihing, “Ako, Ako’y isang Hudyo.”

¹³⁰ Sinasabi ng mga tao ngayon, “Ako’y isang Cristiyano. Maipapakita ko sa inyo ang matagal kong pagkakamiyembro. Gusto kong sabihin n’yo sa akin kung saan man ako nagnakaw ng anumang bagay, napunta ni minsan sa mga korte ng batas. Ipakita sa akin kung saan man ako nakapangalunya. Hindi ko nagawa ang lahat ng mga bagay na ito, o anong bagay tulad niyan. Magpakita sa akin ng isang dako.” Iyan ay hindi nangangahulugan ng isang bagay ngayon. Hindi, hindi. Kita n’yo, maging gaano mang kasunduan siya naroon, ang kasundaan ay walang bisa. Ito’y hindi mabisa.

Masasabi n’yong, “Buveno, Ako’y isang estudyante ng Biblia.”

¹³¹ Walang anuman sa akin kung ano kayo. Kung wala ang kasunduan, ang galit ng Diyos ay nasa inyo. Kita n’yo? Iya’y tama. Ito’y umabot sa inyo. Oo. “Ang inyong mga kasalanan ay kakatagpuin.” Ano ang kasalanan? Di pagsampalataya. Hindi ninyo pinaniwalaan ang Mensahe. Hindi ninyo pinaniwalaan ang Salita. Hindi ninyo pinaniwalaan ang saksi ng Tanda, Mismo, ipinakilala Nito ang Sarili Nito sa kalagitnaan natin. At hindi n’yo ba pinaniwalaan Iyan? Maging gaano man ninyo hindi paniwalaan Ito, Ito’y kailangang maipahid.

¹³² Maari ninyong sabihin, “Pinaniniwalaan ko Ito. Pinaniniwalaan ko Ito. Pinaniniwalaan kong Ito’y ang Katotohanan. Tinatanggap ko Ito bilang ang Katotohanan.” Kung gayon iyan lahat ay mabuti, ngunit gayun pa man Ito’y kailangang maipahid.

¹³³ Bakit, ang isang Hudyong ito ay nakatayo roon, hinahalo ang dugo, habang ang Cordero ay nagdurugo, sinasabing, “Ito ay si Jehovah.”

¹³⁴ At doon ay nakatayo ang isang saserdote, sinasabing, “Oo, ginoo, naniniwala akong iya’y totoo,” ngunit sa sarili niyang bahay ito’y hindi pa naipahid. Ayaw niyang makilala ang kaniyang sarili sa labas doon kasama ng grupong iyon; hindi, ginoo, ang mga panatikong ito kasama ang dugo sa pintuan. Ayaw niya ng pagkakakilanlang iyon. Maging gaano man siya ka-saserdote, gaano niya kaalam ang Salita, gaano man kainam siya pinalaki, anong mga gawa ang nagawa niya, gaano man karami ang naibigay niya sa dukha, gaano man karami ang kaniyang naihain!

¹³⁵ Sinabi ni Pablo, “Ibinigay ko ang aking katawan para sunugin, bilang isang hain; ibigay ang lahat ng aking mga tinatangkilik upang pakainin ang dukha; kung ako ay mayroong

pananampalataya upang maglipat ng mga bundok, at iba pa; at magsalita sa iba't-ibang mga wika, tulad ng tao at mga anghel; at lahat ng iba pang mga bagay na ito,” at sabi, “Ako ay walang halaga liban na ang Tanda ay naipahid. Hanggang sa ang Tandang ito!” Iyan ang ipinapangusap ko sa gabing ito, ang pag-ibig. Kita n’yo? “Ngayon, hanggang sa ito ay maipahid, ako ay walang halaga.” Kita n’yo?

¹³⁶ Walang anuman sa akin, maaaring kayo ay nakapagpalayas ng mga diablo. Maaaring napagaling ninyo ang may sakit sa pamamagitan ng inyong panalangin ng pananampalataya. Maaring nagawa ninyo ang lahat ng mga bagay na ito. Ngunit kung ang Tandang iyan ay wala doon, kayo’y nasa ilalim ng galit ng Diyos. Kayo ay maaaring isang mananampalataya. Kayo ay maaaring tumayo sa pulpito at ipinangaral ang Ebanghelyo. “Marami ang lalapit sa Akin sa araw na iyon, at sasabihing, ‘Panginoon, Panginoon, hindi ba ako’y nanghula sa Iyong Pangalan, nangaral sa Iyong Pangalan? Hindi ba ako’y nagpalayas ng mga diablo sa Iyong Pangalan?’” Iya’y kapwa mga Metodista, mga Baptist, at mga Pentekostal. Sinabi ni Jesus, “Lumayo kayo sa Akin, kayo na gumagawa ng katampalasanan. Hindi Ko kayo nakikilala.”

¹³⁷ “Ngunit pagka Aking nakita ang Tanda, lalagpasan Ko kayo.” Ito’y ang hinihingi ng Diyos sa kapanahunan. Ang panggabing Mensahe, ay ang ipahid ang Tanda.

¹³⁸ Inilagay ni Satanas ang lahat ng uri ng mga huwad, ng mga pagkakamayan, at mga ebidensiya, at lahat ng bagay tulad niyan. Kalimutan iyan! Ang oras ay dumating na ang Tanda, Mismo; hindi ilang huwad, gawa-gawang-paniniwala, panghalili, anumang bagay.

¹³⁹ Ang oras ay narito na kung kailan ang Tanda Mismo ay ipinakikilala ang Sarili Niya mismo sa kalagitnaan natin, at pinatutunayan na Siya ay siya ring Jesus kahapon, ngayon, at magpakailanman, at Siya’y nasa Salita mismo. Ito’y kailangang maipahid. Ang tao na nagsasabing mayroon siya ng Tanda, itinatakwil ang Salitang ito, kung gayon anong tungkol dito? Hindi ninyo magagawa ito. Ang Tanda ay kailangang maparoon. “Pagka Aking . . . Ang dugo ay magiging isang tanda sa inyo.” Ngayon ang Banal na Espiritu, ang Buhay na nasa Dugo, ay isang Tanda sa inyo. Tumungo roon sa isang sandali, kita n’yo. Ang Espiritu Santo ang Tanda. Ang kaso ay sarado na. Oo, ginoo. Ngayon, alalahanin. At ako . . .

¹⁴⁰ Hindi mahalaga kung ano kayo, gaano kayo kabuti, gaano karaming beses kayong tumalon *taas-at-baba*, gaano karaming simbahan ang sinalihan n’yo, gaano karaming mga mabuting bagay ang nagawa n’yo, ito ay hindi mangangahulugan ng isang bagay sa inyo kung ang Tanda ay hindi naipahid. Ito ang panahon ng gabi. Iyan ay umubra sa mga araw ni Luther, iyan

ay umubra sa mga araw ni Wesley, ngunit iyan ay hindi uubra ngayon. Hindi.

¹⁴¹ Oo, ang pag-iingat sa cordero ay pupuwede noon. Yaong mga namatay noon bago maipahid ang cordero, ang dugo, iyon ay iba. Oo, ginoo. Sila ay nagpatuloy dahil sa mabuting budhi. Sila ay mahahatulan kung sila—sila man ay . . .

¹⁴² Kung sila ay itinalaga, tinamaan sila nito. Kung ito ay hindi tumama, ito nga'y hindi. Iyan lang lahat. Ito'y sadyang ang Diyos. "Kaniyang—Kaniyang inaaring-ganap sinumang naisin Niya, kahabagan ang sinumang naisin Niya, at Kaniyang hinahatulan ang sinumang naisin Niya." Siya ay Diyos. Iyan lang lahat. "Siya ay mahahabag sa kaninumang kahabagan Niya, at hinahatulan sinumang naisin Niyang hatulan."

¹⁴³ Malinaw na maipapakita ng isang Hudyo, sa pamamagitan ng pagtutuli, na siya ay isang mananampalataya.

¹⁴⁴ Maraming mga tao, pundamental na tao, magagawang kunin ang Bibliang ito at sabihing, "Ako ay isang mananampalataya, at sinabi ni Jesus 'sa pamamagitan ng pananampalataya' tayo ay naligtas. At ako ay isang mananampalataya, ngunit iyang bautismo ng Espiritu Santo ay walang kabuluhan." Kung gayon ang Tanda ay hindi naipahid. Walang higit, gaano man siya naniniwala, ito'y walang saysay.

¹⁴⁵ Tulad na lamang ng pagtutuli ng Hudyo. Sasabihin niyang, "Ako'y isang Hudyo. Bakit ko pa kailangang lumabas roon at kumilos tulad ng ibang lupon ng mga panatikong iyon?"

¹⁴⁶ Si Moises nakatayo, pabalik-balik sa lansangan, sinasabing, "Ang panggabing mensahe ay narito na! Ito ay magaganap ng madali, sa dulo ng labing apat na mga araw, titipunin ninyo ang kongregasyon sama-sama at patayin ang cordero. Ang buong kongregasyon ng Israel ay papatayin ito, ipinapatong ang mga kamay nila rito, ipinakikilala ang sarili nila kasama nito. At ang dugo ay ipapahid sa haligi, at sa may hamba at pintuan, at, 'Pagka Aking nakita ang dugo, lalagpasan Ko kayo, pagkat ito'y isang tanda na inyong tinanggap ang kamatayan ng cordero na inilaan Ko para sa inyo.'" Ang dugo ang tanda.

¹⁴⁷ Ngayon ang Espiritu ang siyang Tanda. "Kayo ay mapupuspos ng Espiritu Santo hindi magtatagal mula ngayon." At kapag ang Dugo ay nabubo, ang Tanda ay isinugin pababa sa Araw ng Pentekostes, tulad ng isang humahagibis, malakas na hangin.

¹⁴⁸ Iyan ang tema ng bawat apostol. Iyan ay, "Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo mula ng kayo ay manampalataya? Magsisi, bawat isa sa inyo, at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at inyong tatanggapin ang kaloob na ito ng Espiritu Santo, sapagka't ito'y isang Tanda, amen, na kayo'y lumipat na mula sa kamatayan patungong Buhay." Ayan nga kayo. Nang iyang

Gen-...Hudyong iglesya ay lumipas, ang mga Gentil ang nagpatuloy nito, at iyang paglilihis na iyan tulad niyan; ngayon siya ay lumabas na, upang kunin ang nalalabing iyan ng Gentil, para sa kapakanan ng Kaniyang Pangalan, ang Nobya.

¹⁴⁹ Nakita ba ninyo ang ibig kong sabihin? Nakita ba ninyo kung ano ang ipinangungusap ng Kasulatan dito? Kung ang Tanda ay hindi naipakita, kung gayon ang kasunduan ay hindi epektibo. Kita n'yo? Ito ay kailangang maipakita. Sapagkat, kung sinasabi n'yo na kayo ay nananampalataya, at hindi ninyo sinusunod ang mga tagubilin ng Salita, kung gayon kayo ay hindi nananampalataya. Kita n'yo? Kahit na kayo ay matuli, kahit na kayo ay umanib, at kahit na kayo ay nabautismuhan, nagawa ninyo ang lahat ng mga bagay ng ito tulad niyan; iyan ay hindi pa rin ang Tanda, ang Espiritu Santo.

¹⁵⁰ Ang mabuting iskolar na ito ay nagpatuloy na nakikipag-usap sa akin, tulad ng sabi ko kani-kanina lang. Ang sabi niya, "Billy," sabi niya, "Sinampalatayanan ni Abraham ang Diyos, at ito ay ibinilang sa kaniya na katuwiran. Ano pa ang magagawa ng tao kundi sampalatayanan iyon?"

¹⁵¹ Sinabi ko, "Iyan ay totoo, duktor. Iya'y tama. Sinampalatayanan niya ang Diyos. Sinabi nga ng Biblia. Ikay ay tama. Hangga't ika'y lumalapit, ika'y tama."

¹⁵² Hangga't ang—ang—ang labing dalawang mga espiya, na isinugo palabas upang tumungo roon at mag-espiya sa lupain ng Canaa, hangga't sila'y tumungong pasulong patungong Canaan, sila ay nagtatagumpay; ngunit nang sila ay dumating sa may hangganan, pagkatapos kanilang itinakwil.

¹⁵³ Sinabi ko, "Kayong mga Baptist ay maayos, hangga't kayo ay lumalapit, ngunit natanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo mula nang kayo'y manampalataya?" Sabi ko, "Alalahanin, kinilala ng Diyos ang pananampalataya ni Abraham. Kaniyang—sinampalatayanan niya ang Diyos, at ito ay ibinilang sa kaniya na katuwiran, iya'y totoo, ngunit pagkatapos ibinigay sa kaniya ng Diyos ang tatak ng pagtutuli, bilang isang palatandaan, isang palatandaan sa kaniya." Hindi dahil sa ang kaniyang laman, na natuli, ay mayroong kinalaman sa kaluluwa niya, ngunit ito ay isang palatandaan na Kaniyang kinilala (kinilala ng Diyos) ang pananampalataya niya.

¹⁵⁴ At binigyan Niya tayo ng palatandaan, ang Espiritu Santo, na kinilala Niya tayo bilang mga mananampalataya. Sapagkat, "Magsisi, at magpabautismo ang bawat isa sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at inyong tatanggapin ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat ang pangako ay sa inyo!"

¹⁵⁵ Nakuha ba ninyo ang punto ngayon. Ang mga Hudyo, maging gaano man nila magawang patunayan na sila ay mga

natuli, ngunit ang tanda ay kailangang maipakita. Kung wala roon, ang kasunduan ay hindi epektibo. Ito’y hindi.

156 Gayun din ngayon, gayun ding bagay. Maging anuman ang gawin n’yo, gaano man ninyo magawang—ninyo magawang ipaliwanag ang Biblia. Kayo ay maaring isang estudyante ng Biblia. Oh, naku! Maari ninyong—maari ninyong sabihing, “Ako’y isang mananampalataya, at lahat na.” Ngunit ang Tanda ay hinihingi pa rin. Isang estudyante ng Biblia, sasabihin n’yo, “Ako ay isang mabuting tao, Kapatid na Branham.”

157 “Walang anuman sa akin kung ano ang sinasabi ng sinuman, hindi ninyo magagawang daigin ang taong iyan. Hindi ko pa siya nakitang gumawa ng anumang bagay na mali, sa buhay ko.” *Iyan* ay walang anumang kinalaman sa Diyos. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang daliri niya]. Mayroong isang hinihingi, at iyan lamang!

158 At hindi ninyo magagawa iyan. Hindi ninyo mailalagay ang dugo sa may hamba ng pintuan, kung saan, ang tanda ay hindi maaaring ilagay libang ang cordero ay namatay. At ang dugo ay isang positibong palatandaan na ang cordero ay namatay. Hindi gawa-gawang-paniniwala; ang cordero ay namatay!

159 At ang Espiritu Santo ay isang positibong Tanda na ang Cordero ninyo ay namatay at tinanggap ninyo ang Tanda sa inyong sarili, sapagkat ang pinaka Buhay Niya ay nasa inyo. Kita n’yo? Walang gawa-gawang-paniniwala. Walang pagkukunwari. Walang pang-gagaya. Ito’y naroon! Alam n’yo ito. Alam n’yo ito. Alam ito ng sanglibutan. Ang Tanda ay naroon.

160 Maging gaano man kabuti ang tao. Maaring naging isang estudyante ng Biblia. Ito ay maaring isang. . . Ito ay maaring anumang uri ng isang—isang mabuting miyembro ng iglesya. Ito ay maaring isang mabuting tao. Ito ay maaring isang—isang pinuno ng denominasyon. Ito ay maaring ang—ang herarkiya ng Roma. Ako—hindi ko alam kung sino ito, ito ay hindi—ito ay walang magagawang anumang bagay.

161 Ngunit, ang Israel, sinumang estudyante ng Biblia ay nalalaman na ang Israel ay isang tipo ng Iglesya, eksakto, tungo sa lupang pangako. At iya’y kung saan Siya ay naglalakbay.

162 Ngunit nang ang panahon ng gabi ay dumating, at ang paglalakbay ay nagsimula, mayroong isang dakilang kahilingan. Maging gaano man siya ka-Hudyo, gaano niya kainam napanatili ang kaniyang mga pananim, gaano niya kainam na napangalagaan ang mga kapitbahay, gaano karami ang nagawa niya, gaano siya kabuting isang miyembro, gaano kalaking ikapu ang ibinayad niya. Lahat ng mga bagay na ito ay mabuti. Iyan ay okay. Siya ay isang mabuting tao, kilala sa kaniyang bayan, bilang isang mabuting tao. Ngunit kung wala ang tanda, ng dugo, siya’y napahamak.

163 Oh, nawa'y tulongan ako ng Diyos, kapwa naririto at sa mga nasa teyp, upang ipagdiinan iyan!

164 Gaano man, maaring naipangaral mo ang Ebanghelyo, maaring nakapagpalayas ka ng mga diablo, maaring nakapagsalita ka sa iba't-ibang mga wika, maaring nakasigaw ka, sumayaw sa Espiritu, ngunit kung wala ang Tanda.

Sasabihin n'yong, "Magagawa ko ba ito?"

165 Sinabi ni Pablo na magagawa n'yo. "Kahit na ako ay magsalita ng wika tulad sa tao at mga anghel, kahit na ibigay ko lahat ng aking mga tinatangkilik sa dukha, ang aking katawan ay sunugin bilang isang hain, ako ay mayroong pananampalataya upang maglipat ng mga bundok, at mga bagay na ito, ako ay walang kabuluhan pa rin." Huwag manalig riyen. Ito'y ang Tanda! Maging gaano man karami ang nagawa n'yo, gaano kayo kabuti; pagka ang galit ng Diyos ay kumislap, makikilala lamang nito ang Tanda.

166 Ito ay isang Tanda na ang halaga ay nabayaran, na hinihingi. At ang halaga na nabayaran ay ang Buhay ni Jesus Cristo, at ibinigay Niya ang Buhay Niya. At ang Espiritu Niya ay bumabalik sa inyo, bilang isang Tanda na kayo ay tinanggap. At dala-dala ninyo ang Tanda sa inyo, araw at gabi, hindi lamang sa Linggo. Ito'y lahat ng pagkakataon, taglay ninyo ang Tanda. "Pagka Aking . . . Ang dugo ay magiging isang tanda sa inyo."

167 Sasabihin ninyong, "Ako ay nananampalataya pa rin. Ako ay isang mananampalataya." Iya'y mabuti. Ngunit kung itinatangi n'yo ang Tanda, kung gayon paano kayo magiging isang mananampalataya? Ito ay nangungusap laban sa inyo. Kita n'yo, ito ay nangungusap laban sa inyong patotoo, na ginagawa n'yo.

168 Estudyante ng Biblia, mabuting tao, miyembro ng iglesya, maging anuman kayo, ay hindi nangangahulugan ng isang bagay. Oo, ginoo. Marahil ang tatay ninyo ay isang mangangaral. Marahil ang inyong—inyong ina ay isang banal. Maa . . . Iya'y—iya'y okay, sila ay kailangang managot para sa kanilang mga sarili. Tulad ng sinabi ko, sikapin . . .

169 Pinipilit ng mga tao na gawin ang Diyos na malaki, matanda, matabang, ulyaning lolo, kita n'yo, at isang lupon ng mga apo, sadyang tulad ng mga mumunting mga Ricky at mga Elvis, at, "Walang panganib sa kanila."

170 Hindi ang Diyos! Siya ay walang mga apo. Siya ay isang Ama. Kailangang maipanganak na muli! Siya'y hindi isang malaking makinis na ulyanin.

171 Siya'y isang Diyos ng kahatulan. Ipinangungusap ng Biblia na Siya nga. Ang galit Niya ay mabagsik. Huwag ninyong yurakan Iyan at asahan ang kabutihan ng Diyos balang araw na kunin kayo, sa kasalanan n'yo, at dalhin kayo sa Langit. Kung ginawa Niya iyan, papayagan Niya lahat ito rito, at kinuha

si Eva. Paniniwalaan ninyo ang Kaniyang Salita, o kayo'y... kayo'y mapapahamak. At kapag simpalatayanan ninyo ang Kaniyang Salita, ang Tanda ay mapapasa inyo. Uh-huh.

¹⁷² Ang kamatayan ay nahahandang manakit sa Egipto nang gabing iyon, sa anumang oras. Iyon ay isang nakakatakot na panahon; lahat ng kanilang mga seremonya, lahat ng mga araw nila ng pagdiriwang, at mga araw ng pag-aayuno.

¹⁷³ Dinalaw sila ng Diyos. Ipinakita ng Diyos ang dakila Niyang mga tanda at mga kababalaghan sa kalagitnaan nila. Ano iyon? Ngayon tumigil sandali. Ipinakita ng Diyos sa kanila ang biyaya Niya. Binigyan Niya sila ng isang pagkakataon.

¹⁷⁴ Hindi nila matatanggihan Ito, at sabihing, "Oh, walang anuman diyan. Iya'y walang kabuluhan. Iya'y isang bagay lamang sa mga katarata, mayroong isang pagsabog ng—ng pulang putik na dumaloy palabas, at iyan ang nagpaging pula sa dagat." Pagkatapos ang ulang may yelo ay dumating. Pagkatapos ang mga palaka ay dumating. Ang Diyos ay naghanda ng isang dako, at inilagay ang Salita Niya sa bibig ng isang propeta. At kung ano ang ipangusap niya, ito ay nagaganap, at nakita nila ito. Hindi nila maikakaila ito.

¹⁷⁵ Kung para sa ano tinawag si Moises, iyan ang nakuha ni Moises, mula sa Diyos, 'pagkat binigkas lamang niya ang Salita ng Diyos. Sinabi Niya, "Gagawin Kitang isang diyos." Si Moises ay isang diyos sa kanila. Kita n'yo? Wala silang nalamang kaibahan, kaya sinabi Niyang, "Ika'y magiging isang diyos, at si Aaron ay magiging iyong propeta. Kita n'yo, ika'y magiging tulad ng isang diyos, sapagkat Akin kang kukunin, ang iyong tinig, at Ako'y lilikhang kasama ka. At Ako'y mangungusap, at hindi ito maitatangi ng mga tao, 'pagkat mismo roon ito nga. Kung ano ang sabihin mo, ay magaganap." Oh, naku! Ayan nga kayo. "Ipapakita Ko sa inyo ang mga bagay na iyon." Naku! At nakita iyon ng Egipto. Nakita nila iyon bago pa ang panahon ng gabi, o sadyang sa panahon ng gabi.

¹⁷⁶ Ipinakita Niya sa kanila ang kabutihan Niya. Ipinakita Niya na magagawa Niyang kunin iyon palayo, pagalingin.

¹⁷⁷ Ang mga mahikero ay nagtangka na gawin ang gayun ding bagay, ang mga manggagaya. Palagi n'yo silang nasusumpungan. Naroon si Jannes at si Jambres, sila ay tumayo roon. Ngunit nang dumating sa tunay na bagay, wala sila nito. Iya'y tama. Sila ay nagpatuloy sumunod, ng sandaling panahon. Ngunit, makaraan ang ilang panahon, ang kahangalan nila ay nahayag.

¹⁷⁸ At hindi ba't sinasabi ng Biblia ang gayun ding bagay na magaganap sa mga huling araw, "tulad ni Jannes at ni Jambres na nagsilaban kay Moises"? Ngunit ang kanilang kahangalan ay nahayag, at gayun din ang magaganap muli. Kita n'yo? Ayan nga iyon, tao ng masasamang mga kaisipan, mga itinakuwil tungkol sa Katotohanan, ang Katunayan. Maaring sila ay mayroong

mga kongregasyon at kahanga-hangang mga bagay, at dakila, matataas, malalaking mabubulaklak na mga bagay, ngunit ang oras sa wakas ay darating.

179 Tumayong matibay kasama ang Tanda! Iyan ang gusto ng Diyos na gawin natin. Manghawakan sa Salita Niya. Huwag lumayo mula Roon. Manatili mismo Roon. Sinabi nga ng Biblia.

180 Ang kamatayan ay nananakit. Pinakitaan sila ng Diyos ng habag, nagpakita ng mga kapangyarihan at mga tanda.

181 Ngayon tayo ay tumigil lamang panandalian o kaunti pa, sa orasang iyan doon. Ispin lamang natin sa ating mga isipan, pabalik, kung ano ang ipinangako Niya na magaganap sa huling mga araw. Iniisip ko kung hindi pa tayo sadyang nakakapag-suri, din, 'kita n'yo?

182 Nagawa Niya ang lahat ng mga bagay na ito, at gayun pa man hindi pa rin nila ninasang magsisi, o ang paniwalaan ang mensahe ng panahon. Ayaw pa rin nilang gawin iyon, kahit na iyon aynaipakita sa harapan nila, at naging tiyak na nahayag.

183 At pagka nakita ninyo ang gayong mga bagay na nagaganap, ito'y isang palatandaan ng paparating na paghatol. Ang Paghatol ay susunod sa mga bagay na iyon. Palagi nitong nagagawa ito, at ito ay hindi maaaring eksepsiyon. Kita n'yo? Paghatol ay sumusunod sa biyaya. Pagka ang habag ay tinanggihan ng may pagkamuhi, wala nang natitira pa kundi paghatol. Kaya palagi nitong susundan ito.

184 Ngayon, ang tagpo. Bawat espirituwal na kaganapan ay isang palatandaan mula sa Diyos. Maging maingat. Pansinin iyan, kita n'yo. Magmasid, bawat espirituwal na kaganapan, lahat ng bagay na nagaganap, ay isang palatandaan. Tayo'y hindi naririto sa pamamagitan ng pagkakataon. Ang mga bagay na ito ay sadyang hindi nangyari sa pamamagitan ng pagkakataon. Ito'y isang palatandaan. Ito'y isang palatandaan, upang makapunta—makapunta sa pagkaligtas, kaagad-agad. Si Noe ay isang palatandaan sa henerasyon niya; si Elias ay isang palatandaan sa kaniya; si Juan ay isang palatandaan sa kaniya. Kita n'yo? Lahat ng bagay, ang Mensahe ng kapanahunan, ay isang palatandaan. Masdan Ito, tingnan kung anong ginagawa Nito. Kita n'yo? Ito'y isang palatandaan. Lahat ng bagay ay mayroong kahulugan.

185 At wala nang iba pang panahong magaganap ang ganitong uri ng isang Mensahe. Ito ay hindi maaring dumating sa kaarawan i Luther, hindi maaring dumating sa kaarawan ni Wesley, ni hindi ito maaring dumating sa kaarawan ng Pentekostal. Hindi nito magagawa ito. Kita n'yo? Walang... gayong bagay na naganap, at gayun pa man tayo ay napangakuan sa Biblia. Kita n'yo? Tayo'y nasa wakas. Walang bagay na magaganap, ito ay hindi maaring magaganap hanggang

sa panahong ito. At ito'y nagaganap para isang palatandaan. Iniiisip ba ninyo kung ano ang palatandaan?

¹⁸⁶ Oh, mumunting mga tao, aking kapatid na lalaki, kapatid na babae, pumasa ilalim ng Tanda na iyan, kaagad. Kita n'yo? Huwag, huwag kumuha ng anumang panghalili. Huwag, huwag, huwag, huwag gawin iyan. Kita n'yo? Huwag lamang isipin Ito. Manatili kayo roon hanggang malaman n'yo na ang Tanda ay naipahid, hanggang (ang kabuuan n'yo) ang kaisipan na nakay Cristo ay nasa inyo, hanggang sa ang lahat ng bagay na walang kabuluhan ng sanglibutan ay mawala, kita n'yo, hanggang ang buong pagnanasa ng puso ay Siya. Kita n'yo? Iyan, pagkatapos, alam n'yo, kung gayon alam n'yo may bagay na nagaganap. Sinabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito ay susunod sa kanila na nananampalataya," hindi mga gawa-gawang-mananampalataya, kundi mga mananampalataya. Kita n'yo? Ngayon, hindi natin gustong kumuha ng anumang, anumang pagkakataon roon; hindi n'yo dapat gawin iyon.

¹⁸⁷ Ang Mensahe ng kapanahunan ay isang palatandaan sa mga iglesya. Ito'y isang palatandaan sa mga tao. Huwag... kayo, nauunawaan n'yo ba ito? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Umaasa ako, sa teyp, na sila'y gumagawa ng gayun ding bagay, kita n'yo, at iba pang mga bahagi ng mundo. Kita n'yo, ang palatandaang oras ay narito. Mayroong isang Tanda na kailangang maipahid, at wala nang iba pang panahon na Ito ay maaring dumating.

¹⁸⁸ Pansinin ang paghahanda ng Diyos para sa panahong iyan. Ngayon, tulad ng pagkakaalam natin na sinabi ng Biblia, "Lahat ng mga bagay na iyon ay naganap para mga halimbawa, kita n'yo, sa atin." Pansinin, nang ang Diyos ay naghanda upang hatulan ang Egipto, una Siya ay gumawa ng isang paghahanda. Ano ang ginawa Niya sa unang pagkakataon? Hindi Niya kailanman binabago ang palatuntunan Niya.

¹⁸⁹ Ang unang pagkakataon, nang Siya ay, nang ginawa Niya ang paghahanda Niya, Siya ay nagsugo ng isang propeta na may isang mensahe. Unang bagay na ginawa Niya sa Kaniyang bayan ay nagsugo ng isang propeta na may isang mensahe.

¹⁹⁰ Ang sumunod na bagay na nagawa Niya, upang ipakilala ang propetang ito, Siya ay nagsugo ng isang Haliging Apoy para pagkakakilanlan, upang ipakilala ito.

¹⁹¹ At ang ikatlong bagay na isinugo Niya ay ang tanda. Iya'y eksaktong tama. Ang tanda, ano ang kahulugan ng tanda? Katiyakan!

¹⁹² Una, ang propeta Niya kasama ang mensahe; Ipinakilala Niya ang Sarili Niya sa gitna ng... kasama ang isang—kasama ang isang Haliging Apoy sa Kaniyang propeta; pagkatapos Siya ay nagsugo ng isang tanda, upang tumungo sa ilalim ng dugong ito, na tinanggap Niya ang kahaliling kamatayang ito sa inyong

lugar. Pagkatapos, ang dugo ay isang tanda na tiningnan Niya, na narinig n'yo ang mensahe, nanampalataya sa Haliging Apoy, at tinanggap ang panghalili na inilaan Niya para sa inyo, at kayo ay nasa ilalim ng dugo na mismong kimika ng buhay na lumabas para sa inyo. Naku! Anong sakdal, anong sakdal na bagay iyan, kita n'yo, kayo ay nasa ilalim ng dugo.

¹⁹³ Ngayon kayo'y nasa ilalim ng Espiritu, sa ilalim ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Kita n'yo? Sinampalatayanan ninyo ang Mensahe ng araw, kita n'yo, sinampalatayanan ninyo ang— ang— ang—ang—ang kapangyarihan, ang—ang—ang Haliging Apoy. Sinampalatayanan n'yo iyan, kita n'yo, at ginawa n'yo.

¹⁹⁴ Ngayon, ngayon tingnan, ang sampalatayanan lamang Ito ay hindi sapat. Hindi upang—upang . . . Ang lumakad sa paligid kung saan Ito'y naroon, ay hindi sapat. Kita n'yo, iya'y ang gawin ang sarili ninyong mas malala, “Sapagka't siya na nakakaalam na gumawa ng mabuti, at hindi ito ginagawa, sa kaniya ito'y kasalanan.” Kita n'yo, yaong mga mananampalatayang may hangganan, si Jesus ay nangusap ng gayun ding bagay.

¹⁹⁵ Hebreo, ang ika-6 na kabanata, “Sapagka't imposible para doon sa mga minsang naliwanagan, at naging kabahagi ng Espiritu Santo, at nakalasang ng mabuting Salita ng Diyos, at nang panahong darating, kung sila ay mahiwalay, ang baguhin ang kanilang mga sarili muli sa pagsisisi; nakikita na ipinako nila sa kanilang mga sarili ang Anak ng Diyos; at ibinilang ang tipan ng Dugo, kung saan sa pamamagitan nito sila ay pinaging banal . . .” Ang kimika doon ay nagpapaging-banal. Ito ay hindi ang Tanda. Ang Dugo ay hindi ang Tanda ngayon. Ang Buhay ay ang Tanda.

¹⁹⁶ Ang buhay ay hindi maaring maparoon, 'pagkat ito ay isang hayop. Ang kimika ay ang tanda noon, kayo ay kailangang magkaroon ng literal na dugo na naipahid sa pintuan. Ngunit ngayon ito'y ang Banal na Espiritu. Tayo'y darating diyan, sandali na lamang, upang patunayan iyan, kita n'yo. Ito'y ang Buhay ang siyang Tanda.

¹⁹⁷ Ang buhay ninyo ay nawala, at kayo ay patay, at ang buhay ninyo ay patay na. Kayo ay naitago sa Diyos, sa pamamagitan ni Cristo, at natatakan doon sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ang kaisipan na nakay Cristo ay nasa inyo. At si Cristo, at ang Biblia, at ang Salita, ay siya rin. “Sa pasimula ay ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Diyos, at ang Verbo ay Diyos.” Kung gayon kayo, at ang Salita, at ang Diyos, at si Cristo, ay siya rin. “At kung kayo ay mananatili sa Akin, at ang Aking Salita sa inyo, hilingin ang naisin n'yo, ito'y magaganap.” Kita n'yo?

¹⁹⁸ Inilagay ang kapangyarihan mismo sa mga labi ni Moises, upang lumabas roon na taglay ang Salita Niya at magsalita, at dumating ang mga palaka; nagsalita, umalis ang mga palaka;

nagsalita, dumating ang mga kuto; nagsalita, buhay—umalis ang mga kuto. Amen!

¹⁹⁹ Ngunit pagkatapos ang tanda ay hiningi para sa lahat ng Israel. Lahat ng Israel ay hiningan ng tandang ito. “At pagka Aking nakita ang tanda, lalagpasan ko kayo.” Oh, naku, naku! Anong katiyakan!

²⁰⁰ Ang Israel na lumalabas mula sa Egipto, ay isang tipo, ng paunang tipo sa araw na ito. Ang Egipto ay ang iglesya, at inirepresenta ng Israel ang Nobya. At nang ang Israel ay lumabas mula sa Egipto, gayun din ang Nobya ay lumabas sa iglesya. Kita n’yo? Pagkat, kailangang magkaroon ng isang bagay doon para Rito upang labasan, at Ito’y kailangang lumabas mula sa isang bagay, kaya, kung ito ay isang tipo. Ang —ang iglesya ay naroon sa Egipto, sa sanlibutan at sa kasalanan, at walang pakialam ni isang—isang—isang kutil tungkol sa Tanda ninyo. Ni hindi man nila pinaniniwalaan Ito. Ngunit mahal ito ng Israel, sapagka’t ito’y kaligtasan sa kanila. Oh! Oh! Dapat tayong pasayahin nito, dapat gawin ang ating mga puso. . . Oh!

²⁰¹ Ipahid Ito, iglesya! Ngayon huwag mabigo. Hindi ba ninyo? Huwag, huwag, huwag hayaang lumubog ang araw. Huwag, huwag, huwag, huwag magpahinga, araw o gabi. Huwag magbaka sakali. Hindi ito pupuwede, mga anak. Hindi Ito pupuwede. Kailangang taglayin ninyo ang Tanda!

²⁰² Sasabihin ninyong, “Ako ay naniniwala. Oo, ako ay tumungo. Ako, oo, pinaniniwalaan ko ang Mensahe. Ako. . .” Iya’y mabuti, ngunit, iyan—iya’y mabuti.

²⁰³ Ngunit kailangan ninyong taglayin ang Tanda! Naririnig ba ninyo, Tabernakulo ng Branham? Kailangan ninyong maipakita ang Tanda! Kung wala Ito, lahat ng iyong pananampalataya ay walang kabuluhan. Kita n’yo? Kayo’y mamumuhay ng isang mabuting pamumuhay; makinig kayo sa kung anong sinasabi ng Salita; kayo ay pumunta sa simbahan; sikapin ninyong mamuhay ng tama; iya’y mainam, ngunit iya’y hindi Iyan. “Pagka Aking nakita ang dugo,” iyan ang Tanda. At ang Tanda rito ay hindi. . .

²⁰⁴ Pagkat, ano, Kaniyang—Kailangan Niyang makita ang aktuwal na kimika, dahil ang buhay ay umalis, siya ay umalis mula roon, iyon ay isang hayop.

²⁰⁵ Ngunit dito Ito’y Sarili Niyang Buhay na nasa Dugo. At ang kimika ay isang hudyat lamang o isang palatandaan ng pagpapagiging banal, ngunit ang Buhay Mismo ang Tanda; sapagka’t kung wala ang pagtutuli, kung wala ang Tanda, kayo’y wala man lang sa kasunduan. Ang buong bagay ang gumagawang magkasama. Kung sinasabi n’yong kayo’y natuli sa Salita, at Ito lamang, kung gayon sinasampalatayanan ninyo ang Salita; kung sinasampalatayanan ninyo ang Salita, kung gayon ang Tanda ay kailangang dumating, dahil sinabi niya,

“Magsisi, at magpabautismo ang bawat isa sa inyo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at inyong tatanggapin ang kaloob ng Espiritu Santo.” Ayan nga kayo. Oh, naku!

²⁰⁶ Pansinin pagkatapos ang paghahanda para sa Kaniyang bayang pang-lupang-pangako. Pansinin kung ano ang ginawa Niya. Una, Siya ay mayroong isang bayan na Siya ay gumawa ng isang lupain para sa kanila. Siya ay naghanda ng isang lupain para sa kanila. At ngayon Siya ay nagsugo doon ng isang paghahanda para roon, para sa bayang pang-lupang-pangako. Ito ay para doon lamang sa kanila na itinalaga sa lupang pangakong iyon, . . . ? . . . At paano Niya nagawa ito, Siya ay nagsugo ng isang propeta na may isang mensahe, ipinakilala iyon sa pamamagitan ng Haliging Apoy, at nagbigay ng isang tanda na sila ay maaaring makatiyak na iyon ay tama. Iya’y tama. Iyon ang konsolasyon niya.

²⁰⁷ Ang Israel, sa paglabas mula sa Egipto noon, ay isang— isang tipo. Ito ang paunang tipo, ng Iglesya na lumalabas mula sa mga denominasyon. Ngayon, hindi lahat nagdenomina. Ibig kong sabihin ang Nobya. Kita n’yo? Ang ibang mga tao, mayroong ilan sa mga independiyenteng sadyang kasing sama tulad ng mga makadenominasyon, kung minsan mas malala.

²⁰⁸ Ako’y nangungusap tungkol sa naipahid na Tanda. Ang Tanda ay sumasang-ayon sa bawat Salita. Kita n’yo? Ito’y kailangang umayon, sapagka’t Ito ay ang Salita. Ito’y ang Buhay na nasa Salita. “Ang Aking mga Salita ay Espirituwal; Sila ay Buhay,” sabi ni Jesus. Kita n’yo?

²⁰⁹ Nang sinimulan ni Moises ang ministryo Niya sa Israel, na may mga dakilang mga tanda na nakita n’yo, ang Israel ay kaagad-agad nagtipon mula sa buong panig ng Egipto, sa Gosen, bumabalik sa dakong-tahanang, ’pagkat alam nila na mayroong bagay na nahahanda na maganap. Oh, anong tipo!

Oh, sila’y nanggaling mula sa Silangan at
 Kanluran,
 Sila’y nanggaling mula sa mga lupaing malayo,
 (iya’y tama, narinig ninyo ang awit)
 Upang magdiwang kasama ng Hari, upang
 kumain bilang Kaniyang panauhing
 pandangal,
 Gaano pinagpala ang mga manlalakbay na ito!
 Nakikita ang Kaniyang banal na mukha
 Nagniningning sa Makalangit na pag-ibig;
 Pinagpalang mga kabahagi ng Kaniyang
 biyaya,
 Tulad ng mga hiyas sa Kaniyang korona upang
 magniningning.

Oh, si Jesus ay malapit nang dumating,
 Ang ating mga pagsubok doon ay
 magwawakas.
 Oh, paano kung ang ating Panginoon sa
 sandaling ito ay dumating
 Para doon sa mga malaya sa kasalanan?
 Oh, kung gayon ito ba'y maghahatid sa iyo ng
 galak,
 O pighati at lubhang kawalang-pag-asa?
 Kapag ang ating Panginoon sa kaluwalhatian
 ay dumating,
 Atin Siyang sasalubungin doon sa alapaap.

210 Ipinapakita ang Tanda! "At Akin siyang babangunin sa mga huling araw." Tiyak! Tayo ay nasa mga araw.

211 Ang mga tao ay nagkatipon sa Gosen. Sila ay handa. Alam nila na may bagay na nahahandang maganap. Sila ay tulad lamang. . .

212 Tingnan n'yo ang mga bibe, kapag panahon na para sa pagkukulu-kulumpon, silang lahat ay tumatakbo sama-sama. Kapag ang mga bubuyog, lahat ng iba pang bagay, ay naghahanda, mayroong ilang likas na gawi na naglalapit sa kanila.

Inilalapit ng Banal na Espiritu ang mga tao!

213 Oh, kapag dumating ang panahon para sa dakilang galit ng Diyos para bumagsak, bawat. . . Mayroong dumating na dalawang mga bibe, lalake at babae. Heto dumarating ang dalawang gansa, lalake at babae; heto dumarating ang dalawang kabayo, lalake at babae; may bagay na iba na humihila sa kanila, ang itinalaga. Ang iba sa kanila ay napahamak. Oh! [Ipinalampak ni Kapatid na Branham ang mga kamay niya]. Ang iba sa kanila ay napahamak! Ngunit doon sa mga iyon na nadama ang hatak na pumasok, alam nila na ang daong ay nahanda. Ito ay isang tanda na mayroong darating na ulan. Alam nila na mayroong darating na ulan, maging anuman ang pagkakakita at ano ang naisip ng ibang mga tao. Nalaman nila.

214 May bagay sa loob nila, sabi, "Pumasok kayo roon, kaagad-agad! Pumasok kayo roon, sapagka't iyan ang tanging dako na magiging ligtas." Sapagkat, ang Diyos ay naghanda ng isang propeta, ipinadala Niya ang daong bilang isang palatandaan, sabi, "Pumasok doon," at ang ulan ay darating. At sila ay pumasok mismo roon, dala-dalawa. Lahat ng mga hayop ay pumasok, dala-dalawa, sa loob ng daong, sapagkat sila ay napasalilim niyon. Maging anuman ang iba. . .

215 At lahat sa labas ng daong na iyon ay napahamak. Lahat sa labas ng tanda, ng dugo, nangapahamak, lahat. At lahat sa labas ng Tanda, ng Espiritu Santo, ay mapapahamak.

216 Maging gaano man kabuti, gaano karaming mga miyembro ng simbahan! Mayroong marami sa kanila sa mga kaarawan ni Noe. Mayroong marami sa kanila sa mga kaarawan ni Moises; ngunit ang isang tao na nabigong ipahid ang dugo, bilang ang tanda noon, siya ay napahamak. Yaong mga nabigo na pumasok sa daong, nangapahamak. Yaong mga nabigo na pumasok kay Cristo, sapagkat Siya ang Daong!

217 I Mga Taga Corinto 12, sabi, “Sa isang Espiritu tayong lahat ay nabautismuhan sa isang Katawan.” Ang mitikal, hindi iglesya; ngunit ang mistikal, hindi ang mga denominasyon; ang mistikal na Katawan ni Jesus Cristo! “Sa isang Espiritu,” malaking titik na E-s-p-i-r-i-t-u, Espiritu, “tayong lahat ay inilubog tungo sa isang Katawang ito.” Kung gayon ang Tanda ay nasa pintuan, dahil kayo ay nakay Cristo. At Siya ang Isa, inyong Hain, na Siyang tumayo sa kahatulan. At nang ang Diyos ay tumingin riyan, hindi Siya makagawa ng isang bagay. Kayo’y kasing ligtas lamang hanggang sa makamtan ninyo, sapagkat ang Diyos at si Cristo ay siya-ring Persona, ang Espiritu ay nagkatawang tao at nanahan sa atin. At naroon ang Diyos sa Kaniyang Sarili Mismo, at kayo, ang Kaniyang Sariling mga anak, sa loob ng Katawan. Ayan nga kayo, hindi isang kemikal, kundi ang Espiritu! “Lalagpasan ko kayo.”

218 Sila ay nagmula sa lahat ng Egipto, upang magtipon sa loob ng isang dakong ito, upang sila ay mapasa ilalim ng tandang ito.

219 At sila’y nagmula sa mga Metodista, mga Baptist, mga Presbyterian, mga Lutheran, mga Pentekostal, lahat ng iba pa, upang mapasa ilalim ng Tanda. Sadyang tamang-tamang tulad nito noon!

220 Ito ay isang Haliging Apoy na ikinatawan doon. At sinabi ng isa sa isa pa, sinabi ng isa sa isa pa, sinabi ng isa sa isa pa, at, unang bagay alam n’yo, heto lahat sila ay nagsimulang dumating. Silang lahat ay nagsimulang dumating, at pinagmasdan nila ang palatandaan ng Diyos. Sinabi nila, “Ang paghuhukom ay malapit na.”

221 Pagkatapos sinabi ng propeta, “Aking narinig mula sa Diyos. Magkakaroon ng isang tanda. At ilagay n’yo ang dugo sa pinto. Patayin ang cordero, ilagay ang dugo sa pinto, at iya’y magiging isang tanda, sapagkat ang kamatayan ay nahahandang manakit.”

222 Hayaang sabihin ko sa inyo sa araw na ito, bilang Kaniyang lingkod, liban na ang Tanda ay nasa pinto, mayroong isang espirituwal na kamatayan na mananakit. At lahat ng mga iglesya ay hahantong pabalik para sa—para sa konseho, ng Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya. Silang lahat ay babalik sa Katolisismo. At tanging iyong mga tunay lamang, ipinanganak na muli, ay mananatiling sa labas!

223 Tandaan, hindi ang mga Pentekostal ninyong mga denominasyon, 'pagkat sila ay nasa loob na niyon. Nagpapakita na sila ay patay! Sila ay napahamak. Sila ay nagsakripisyo. Sila'y bumalik. Inilagay nila Siya sa labas ng pintuan, ngunit Siya ay tumitingin para sa Tanda. Sapagka't, ang tanging bagay na binabasehan nila ay pagsasalita sa iba'-t ibang mga wika.

224 Huwag kayong umasa sa anumang pagsasalita sa iba't-ibang mga wika, wala nang iba pa. Ngunit hayaang ang Tanda Mismo ay maparoon, ang Persona ni Jesus Cristo, ang Sarili Niyang Buhay sa inyo. Tuliin huwag lamang *ito, iyan*; ngunit tuliin ang buo ninyong katauhan, hanggang sa kayo at si Cristo ay Iisa. Si Cristo ay nasa inyo, at ang Buhay Niya ay nabubuhay sa kabuuan ninyo.

225 Ngayon, ngayon, mula sa lahat ng Egipto! At tingnan ngayon, habang nakikita natin kung anong ginawa nila, habang nakikita natin ang panahon na lumalapit, tayo'y inutusan na gumawa ng gayun ding bagay. Alam n'yo ba iyan? Masdan kung ano ang sabi ng propeta.

226 At tayo'y babasa ngayon, kung gusto ninyong bumasa, sa Mga Hebreo ang ika-10 kabanata. At kung gusto ninyong bumasang kasama ko, gusto kong bumasa ng isang talata o dalawa rito ngayon bago tayo magpatuloy. Mga Hebreo ang ika-10 kabanata, at tayo'y magsimula sa ika-26 na talata ng ika-10 kabanata ng Mga Hebreo. Hindi, ako'y . . . Tingnan natin. Oo. Oo, ginoo! Ang Mga Hebreo, ang ika-10 kabanata, at ang ika-26 talata, tingnan n'yo.

Sapagka't kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap ang . . .

227 Tingnan natin, nakuha ko ba iyan ng tama? Oo. Iya'y tama. Oo.

. . .kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos . . . na ating matanggap ang pagkakalala sa katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa mga kasalanan.

Kundi isang kakilakilabot na paghihintay sa paghuhukom, isang kabangisan ng apoy, na lalamon sa mga kaaway.

Heto tingnan! Ang magpawalang halaga sa kautusan ni Moises sa patotoo ng dalawa o tatlong saksi, ay mamamatay na walang awa:

. . . gaano kayang higit ng parusa, gayun man, sa akala ninyo, ang ihahatol na nauukol doon, na yumurak sa ilalim ng paa, sa yumurak sa Anak ng Dios, at . . . umaring di banal sa dugo ng tipan na nagpabanal sa kaniya, isang di banal na bagay, at umalipusta sa Espiritu ng biyaya na nanggaling mula sa Dugo?

228 Ministro, miyembro, mabuting tao, moral na tao, anuman kayo, at alam n'yo na inalis ng Diyos ang mga sigarilyo mula sa inyo. Mga kababaihan, alam ninyong inalis Niya ang mga short, at—at maikling buhok, at lahat na, mula sa inyo. Alam n'yong ginawa Niya iyan. Ngunit pagkatapos kung kayo ay tatalikod at mang-aalipusta, at ituring ang Dugong iyon ng tipan, tulad Nito noon, na “isang di-banal na bagay,” na Siyang nagpaging banal sa inyo at dinala kayo nang ganito kalayo!

229 Tulad ng mga espiya, kung sila ay dumating mismo hanggang rito sa hangganan ng lupain, at tumanaw, at sinabing, “Buweno, alam kong ito’y naroon, ngunit ang hadlang ay masyadong malaki. Tayo ay mukhang mga tipaklong,” sila ay nangapahamak sa ilang. May hangganang mga mananampalataya!

230 Huwag lamang tumungo ng *ganito* kalayo, sabihing, “Pinaniniwalaan ko ang Mensahe.” Sundin ninyo ang Mensahe! Pumasok kay Cristo! Sasabihin ninyong, “Buweno, pinaniniwalaan ko ang bawat Salitang nasabi, Kapatid na Branham.” Iya’y mabuti, ngunit iya’y sadyang—iya’y pagkakaroon lamang ng kakayanan na bumasa.

231 Kunin ang Mensahe, kunin Ito papasok sa puso ninyo, na kailangan ninyong taglayin ang Tanda, ang pinaka Buhay na nakay Cristo ay mapasa inyo. “Pagka Aking nakita Iyan, lalagpasan Ko kayo.”

232 Habang nakikita natin ang dakilang mga tanda ng huling panahon sa lupa ngayon, alam natin na iya’y tama. Ngayon tingnan, ako’y naghintay para dito, sa loob ng mahaba, mahabang panahon, para sa Mensaheng ito sa inyo. Kita n'yo? At nakita n'yo ang mga tanda ng huling panahon. At ipinangaral ko Ito sa inyo, at ipinakita Ito sa inyo, sa pamamagitan ng lahat ng bagay na sinabi ni Cristo. Tama ba iyan? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Aaminin n'yo ba iyan? [“Amen.”] Tayo’y nasa huling panahon. Wala na akong nakikitang bagay na natitira.

233 Sasabihin ninyong, “Paano ang tungkol sa tatak ng hayop?” Yaong mga itinanggi ang Banal na Espiritu ay natatakan na ng hayop. Ang kaparusahan ay darating sa bandang huli. Kita n'yo?

234 Sa Israel, kapag ang trumpeta ay tumunog sa taon ng Jubileo, bawat tao . . . Napansin n'yo ba si Cristo, sa pagbabasa niyan? Binasa lamang niya ang kalahati niyon, 'pagkat kalahati lamang niyon ang tumukoy sa panahong iyon. Kita n'yo? “Isinugo Niya Ako upang magpagaling ng mga may bagbag na puso, ipangaral ang kalayaan, at iba pa, kita n'yo,” ngunit, Siya, “at ang kalugod-lugod na taon ng Panginoon.” Ang iba nito, hindi Niya kailan man—hindi Niya kailan man binasa iyon; Ibinaba Niya ang Bungkos ng mga Aklat, dahil iyo’y para sa araw na ito. Kita n'yo? Binasa lamang Niya ang bahagi nito, kalahati ay sa kaarawan Niya.

235 Ngayon ito ang gagawin Niya ngayon. Ito ang ipinapangusap Niya, sa pamamagitan ng pinahiran Niyang Espiritu, sa iglesya ngayon. Ngayon ang oras. Ngayon ang panahon. Tanggapin Ito, bayan. Tanggapin Ito!

236 Ano! Nakikita natin ang dakilang huling mga panahon, ang kumikislap na pulang mga ilaw, sa lahat ng dako. Sa kalikasan, nakikita natin ang kalikasan na ikinikislap ang ilaw, “Ang panahon ay malapit na.” Nakikita natin ito sa iglesya, ikinikislap ang ilaw. Siya ay hinatulan na. ”Ang panahon ay malapit na.” Siya ay nasa sanglibutan. Nakikita natin ito sa—sa kalangitan, sa dagat, sa mga bansa, sa lahat ng dako; sa araw, buwan, mga bituin. Mga palatandaan!

237 Nakikita natin ang mga palatandaan ng huling panahon ng Espiritu Santo na bumalik sa mga tao. Kung paano sa mga kaarawan ni Lot, kung paanong ang Banal na Espiritu ay kumilos sa pamamagitan ng lamang pantao roon, iyon ay Diyos noon na nahayag sa laman. Paanong ang Diyos ay magiging tao ang Kaniyang Sarili, ang Kaniyang Sarili sa Nobya Niya sa araw na iyon, at ipakita ang gayun ding palatandaan, sinabi ni Jesus na ito’y magiging gayun ding bagay sa huling mga araw. Nakikita natin ito. Nakita natin ang siya ring Haliging Apoy. Maging ang siyensiya ay nakuha ang mga larawan Nito, at iba pa. Nakikita natin ang mga palatandaan ng huling kapanahunan ay malapit na. Alam nating ito’y narito.

238 At pagkatapos, sa pagkakita nito, kung pinaniniwalaan n’yo ako! [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito—Pat.] Kung hindi ninyo ako pinaniniwalaan; paniwalaan ang mga palatandaan, paniwalaan ang Salita, sapagkat sila ay nangungusap ng kung anong sinasabi ko sa inyo. Kung hindi ko sinasabi sa inyo ang Katotohanan, sila’y hindi kailanman mangungusap pabalik. Ang Diyos ay hindi kailanman mangungusap sa isang kasinungalingan. Ang Diyos ay nangungusap sa Katotohanan. At ang mga Salitang ito ay nagpapatotoo na sinasabi ko sa inyo ang Katotohanan. Sila ang siyang nagsisipag patotoo ng Mensahe na ipinangangaral ko. Hindi lamang ang mga Anghel doon sa ilog sa araw na iyon, na nagsabing, “ang iyong Mensahe ay ihahanda ang ikalawang Pagdating ni Cristo,” ang mga gawa mismo! Kung hindi ninyo mapaniwalaan ang Anghel na iyon na sinabi ang Katotohanan; paniwalaan ang mga gawa, sapagkat sinabi ng Biblia na magaganap ang mga bagay na ito sa huling panahon. Sila ay Sila na nagpapatotoo. Sila ay siyang mga nangungusap ng mas malakas kaysa sa aking mga salita o kaninu pa man. Ito’y Kaniyang Salita. Sila ay nagpapatotoo ng panahon.

239 At nakikita natin itong mga kagila-gilalas, kahindik-hindik na huling mga palatandaan sa mga tao, at mga palatandaan ng panahon, sa daigdig, pangangamba sa pagitan ng mga bansa.

²⁴⁰ Nakikita natin ang Israel sa kaniyang lupang tinubuan. Ang watawat, ang bituing-may-anim-na-tulos na Bituin ni David, wumawagayway, ang pinaka matandang watawat sa mundo, ang pinaka matandang watawat sa mundo. Siya ay isang bansa. Siya ay isang gobyerno. Siya ay ang kaniyang sariling bayan. Siya ay nasa samahan ng mga bansa. Siya, siya ay, siya ay lahat ng mga bagay na ito. Siya ay nasa UN. At siya ay mayroong sarili niyang pananalapi, lahat ng bagay. Sinabi ni Jesus, “Ang salinlahing ito ay hindi lilipas hanggang sa ang lahat ng bagay ay maganap.” At, alalahanin, ang mismong gabi na ang Israel ay naging isang bansa, iyan ang gabing ang Anghel ng Panginoon ay nagpakita sa akin mismo doon. Iya’y tama. Naroon tayong lahat.

²⁴¹ Lahat ng bagay ay naituro ng tamang-tamang ang Katotohanan. Hindi ako nagsinungaling sa inyo. Sinabi ko sa inyo ang Katotohanan, at ang Diyos ay nagpatotoo na sinabi ko sa inyo ang Katotohanan. Ngayon, tandaan, ako’y kapatid n’yo. Ako’y isang tao, kita n’yo. Ako’y isang tao lamang na tulad lamang ninyong lahat, ngunit mayroong kailangang magdala Nito, mayroong kailangang magsabi Nito. Iyan ay hindi ko pagpili; iyan ay pagpili Niya. At sinabi ko sa inyo ang Katotohanan, at Siya ay nagpatotoo mismo pabalik na Ito ay ang Katotohanan. [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.]

²⁴² Kapag nakita natin ang mga bagay na ito sa mundo ngayon, o, bayan, ito ang huling oras. Ibalot ang Tandang iyan sa inyo, kasing bilis ng magagawa ninyo; o, kayo ay pumasok sa Tanda, pumasok sa Tanda. Habang nakikita natin ang kagilagilalas na panghuling palatandaan, at ang oras na malapit na, binababalaan tayo, “Ang panahon ay malapit na.”

²⁴³ Oh, kunin ito ng taimtim! Dapat nating mahalín ang bawat isa. Oh, naku! Dapat tayong umibig ng husto! Huwag na huwag mangusap ng masama laban sa isa’t isa. Kung mayroong nakagagawa ng isang pagkakamali, dumalangin para sa kaniya mismo kaagad. Tayo ay sama-sama rito, kasama ang Diyos. Tayo ay mga magkakapatid na lalake at mga magkakapatid na mga babae. Oh, mamuhay ng may kabanalan. Mamuhay, mamuhay na tulad sa mga anak na babae ng Diyos, mamuhay na tulad sa mga anak na lalaki ng Diyos. Mamuhay ng kalugod-lugod, mabait, mapagpakumbaba.

²⁴⁴ Huwag hayaan ang anumang kasamaan na pumasok sa inyong isipan, sa inyong pag-iisip. Basta, basta limutin ito. Kung ito ay kumakatok sa pintuan, kunin ito palayo. Sabihin lamang, ipakita lamang ang Tanda n’yo, manatili lamang na lumalakad, “Ako ay nasa ilalim ng Dugo!”

²⁴⁵ Alalahanin, mayroong napaka rami sa kanila na dumating sa kanila na mga kababaihan nang gabing iyon, [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito—Pat.] sabihing, “Hoy, Gertie,

Lillie, ilan sa inyo, halikayo, pupunta tayo sa isang parti ngayong gabi.”

²⁴⁶ “Huh-uh! Ako ay nasa ilalim ng dugo. Ako’y nasa ilalim ng tanda, upang manatili rito. Ang pag-ibig ko ay sa aking Manlilikha. Ang kamatayan ay nasa lupain ngayong gabi.”

²⁴⁷ At ang kamatayan ay nasa lupain sa ngayon. Ang paghuhukom ay naghihintay, siya ay nakabinbin. Atomika, at mga haydrodiyen, at lahat ng uri ng malaking kapahamakan, ay naghihintay para sa mga bansa.

²⁴⁸ At ang Diyos ay kinikilos ang Kaniyang Iglesya, at ipinakita lahat. Itinatago natin ang Cordero ngayon sa mahaba nang panahon, nagmamasid, nakikita kung ano ang ginagawa Niya, minamasdan ang Kaniyang kalikasan at lahat na, ngunit ngayon ang Tanda ay kailangang maipahid. Ito’y kailangang maipahid. Ito’y ang tanging bagay. “Malibang ang isang tao ay maipanganak ng Espiritu, at ng tubig, siya sa anumang paraan ay hindi makapapasok.” At kailangang magmahalan sa isa’t isa. Kailangang ihiwalay ng mga mananampalataya ang kanilang mga sarili mula sa sanlibutan. Huwag lamang kunin ito ngayon nang basta-basta.

²⁴⁹ Ngayon, kayong mga tao na nakikinig Rito, sa teyp, kayong mga kababaihan, kayong mga kalalakihan, kayo ay makinig sandali. Kung pinaniwalaan nga ninyo ako, paniwalaan ninyo Ito ngayon.

²⁵⁰ Panahon na para tumigil sa pakikipag-talo sa isa’t isa. Sampalatayanan ang Mensahe ng Biblia! Sampalatayanan si Jesus Cristo! At ibigin, at igalang, at irespeto ang bawat isa. Lalaki igalang ang inyong mga asawang babae. Igalang ninyo ang inyong mga tahanan. Pagsamahin ang tahanan ninyo, sapagkat, alalahanin, ang Corderong ito ay para sa tahanan, hindi lamang isa; para sa buong tahanan, din, kailangang madala. Lahat ng bagay ay kailangang madala sa loob. Dapat nating mahalín ang bawat isa. At kailangang ihiwalay ng bawat mananampalataya ang kanilang mga sarili mula sa sanlibutan.

²⁵¹ Pansinin, sila ay hindi lamang basta nagsama-sama upang mag-usap tungkol sa mensahe. Sila ay nagsama-sama upang ipahid ang dugo, upang ipahid ang tanda.

²⁵² Iyan ang dapat ninyong gawin. Pastor Neville, at sa kongregasyong ito, mga katiwala, mga diyakuno, sa inyo mga kapatiran, panahon na para isantabi natin lahat ng mga kalokohan ng sanlibutan, panahon na para isantabi natin ang lahat ng iba pang bagay. Nakakita na tayo ng sapat ngayon, hanggang tayo ay positibo, tiyak. At ang Tanda ay kailangang maipahid. Kung wala Ito, kayo’y mapapahamak; kayo ay kailangang mapahamak, iyan ang tanging bagay.

²⁵³ Oh, huwag lumapit na sama-sama, sabihing, “Pinaniniwalaan ko Ito.” Mapasa ilalim Nito, pumasok

Rito! [Isang hadlang na maikling daluyong ng pagpigil ng pagpapabatid ng radyo ay narinig—Pat.] Paano gawin ito? “Sa isang Espiritu tayo’y nabautismuhan sa Katawan ni Jesus Cristo.” Lahat ay manampalataya, nang inyong buong puso. Kita n’yo? Siya ay hindi mananagot sa kaninomang wala sa ilalim Nito.

²⁵⁴ Sino iyan na nagsasalita? [Mayroong nagsabing, “Iya’y isang maikling daluyong ng radyo, Kapatid na Branham.”—Pat.] Maikling daluyong mula sa itaas? [“Nanggaling sa espiker.”] Sa espiker. Mayroon sila nito roon? May narinig akong ‘sang tao. [“Kapatid na Branham, palagay ko iyon ay isang maikling daluyong nanggaling sa likod doon.”] Maikling daluyong, oo. Oh, kanilang—naikawit nila iyon. Palagay ko sila’y kumukuha. . . Oh, sa mga sasakyan? Pagpaumanhinan ako. Alam kong may nagsabi ng ‘sang bagay. At naisip ko may gustong magsabi ng isang bagay sa akin, at hindi nila nakuha ito, nakita n’yo, at iyan ang dahilan aking—sinabi ko ano ang aking ginagawa. Nakita ko kayong tumingin sa paligid. Nakarinig ako ng isang boses. Naisip kong may tumayo upang magsabi ng anong bagay, at hindi ko alam kung ano ito. Ngayon, ngayon, salamat sa inyo.

Ngunit, sampalatayanan, pumasa ilalim Nito!

²⁵⁵ Ang Israel ay hindi lumapit na sama-sama, sinabing, “Lahat tayo’y tumungo sa dako ng Gosen sa araw na ito. Tayo’y maglalakbay hanggang sa Gosen. Kayo ay sumakay sa inyong kamelyo, at dadalhin namin ang kariton ng guya. At dadalhin namin ang mga Joneses, banda rito, at iba pa, at—at ang mga Goldberg, at lahat kami’y tutungo sa—sa Gosen. At alam ninyo kung ano? Si Moises ay mangungusap sa araw na ito.” Iyan ay hindi ito. Hindi, ginoo, kapatid! Ito’y, pumasa ilalim ng dugong iyan! Oo, tiyak.

Hindi upang mag-usap tungkol Rito; pumasok Rito!

²⁵⁶ Isa sa kanila ay nagsabing, “Alam mo, G. Goldberg, sa totoo alam ko iya’y Katotohanan.”

²⁵⁷ “Oo, kapatid, naniniwala akong iyan ang Katotohanan. Alam kong iyan ang Katotohanan.”

“G. Lavinski, ano ang iniisip mo tungkol dito?”

²⁵⁸ “Ito’y walang pasubaling ang Katotohanan! Nakita ko ang kapangyarihan ng Diyos na Jehovah na nangungusap. Nakita ko ang mga palakang iyon na lumabas mula sa lupaing iyon. Alam ko na iyon ay hindi naganap hanggang sabihin niya iyon, at alam ko na iyun ay Diyos na Jehovah.” Ngayon, iyan lahat ay mainam.

“Ikaw ba ay natuli?”

“Oo, ginoo!”

“Ikaw ba ay isang mananampalataya?”

“Oo, ginoo!”

259 At pagkatapos nang marinig niya si Pastor Moises na nangusap, ng araw na iyon, sinabi niya, “Ngunit kailangan ninyong pumasa ilalim ng dugong iyan, sapagka’t sinabi ng Diyos, ‘Ang dugo ay isang tanda.’ Ito’y isang tanda! Maging gaano man kayo nanampalataya, gaano kayo natuli; iya’y isang kasunduang ibinigay ng Diyos kay Abraham, at iba pa, iya’y ang kasunduan. Ngunit kailangan ninyong pumasa ilalim ng dugo, iya’y isang tanda, sapagkat sinabi Niya, ‘Pagka Aking nakita ang dugo, lalagpas Ako.’ Israelita, o anuman!”

260 Iya’y denominasyon o hindi denominasyon, alin man sa dalawa, kayo ay kailangang pumunta sa ilalim ng Dugo. Methodist, Baptist, Presbyterian, Pentekostal, hindi denominasyon, anuman kayo, ito’y para sa isang indibidwal. Kailangang ninyong pumunta sa ilalim ng Dugo. Ngayon huwag lang mangusap tungkol Dito; tanggapin Ito! Dinggin ako! Dinggin ako! Sa Pangalan ng Panginoon, dinggin ako! Kita n’yoy? Kailangang pumunta sa ilalim ng Dugo!

261 Siya ay hindi mananagot sa sinumang mga tao na wala sa ilalim ng dugo. Ginawa itong malinaw ng Diyos na lahat na wala sa ilalim ng dugong iyon ay mapapahamak.

262 Maaari ko bang gamitin ang Kaniyang mga Salita? Lahat ng nasa labas ni Cristo ay mapapahamak. Paano kayo papasok kay Cristo? Unang Mga Taga Corinto 12, “Sa pamamagitan ng isang Espiritu!”

263 Hindi, “sa pamamagitan ng isang pakikipagkamay, sa pamamagitan ng isang pagkakaanib, sa pamamagitan ng isang denominasyon.” Iyan ang sinisikap nila na magawa ito. Maari nilang gawin iyan.

264 “Ngunit sa pamamagitan ng isang Espiritu lahat tayo ay nabautismuhan tungo sa isang Katawan.” “Kung ang isang anghel na mula sa Langit ay magturo ang iba pang bagay,” sabi ni Pablo, “hayaan siyang matakwil.” Iyan ang Mensahe, pumasok kay Cristo!

265 Tingnan, sinumang mga tao sa labas ng tanda, hindi mananagot ang Diyos. At ang Diyos ay hindi mananagot para sa sinumang tao, malaki o maliit, popular o hindi popular, mayaman o mahirap, alipin o laya, lalaki o babae; Siya ay hindi mananagot para sa sinuman na wala sa ilalim ng kasunduan ng Tanda. Siya’y hindi mananagot.

266 Sasabihin ninyong, “Ngunit, O Panginoon, ginawa ko *ito*. Nagpalayas ako ng mga diablo.” Panginoon, ginawa ko *ito*. Aking—ipinangaral ko ang Ebanghelyo.”

267 “Lumayo kayo sa Akin, kayo na gumagawa ng katampalasanan. Ni hindi Ko kayo nakikilala.” Nakikilala lamang Niya ang Tanda.

268 Narinig n'yo ba Ito? Sabihing, "Amen." [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen!"—Pat.] Ngayon, kaya ito'y nasa inyo. Siya. . .

269 Sa pag-upo rito sa kakahuyang iyan noong isang araw, at ang mga batang lalaki ay namamasyal, sabi, "Heto ang dalawang araw, ikaw ay hindi. . ." Ni hindi ako bumaril ng isang eskuwired. Sabi, "Ano ang problema?" Kita n'yo, iyan na kung ano iyon. Kita n'yo?

270 Sabi, "Ilagay ito sa kanila, sa kanila." Sabi, "Ikaw ay nakipag-usap—nakipag-usap sa Akin tungkol doon." Kita n'yo? Ngayon ito'y nasa kandungan ninyo. Ito'y nasa inyo.

271 Hindi Niya kikilalanin ang anuman kundi ang Kasunduang iyon, ng Banal na Espiritu. At hindi ninyo matatanggap ang Kasunduang iyon liban na kayo ay ligtas, pinaging banal, at pagkatapos nabautismuhan sa Katawan. Hindi niya kikilalanin.

272 Maari kayong magkaroon ng isang panggagaya, maari kayong makadama ng mabuti, at tumalon *taas-at-baba*, magsalita sa mga wika, at sumayaw sa Espiritu. Iyan ay walang isang bagay na kinalaman Dito. Dinggin Ito, sa Pangalan ng Panginoon! Hindi iyan kinikilala ng Diyos. Ginagawa iyan ng mga pagano. Ginagawa iyan ng mga mangkukulam.

273 Sasabihin ninyong, "Ako'y isang iskolar. Ginagawa ko *ito*, *iyon*, o ang *iba*." Wala Siyang pakialam gaano man kayo kaiskolar. Ang diablo ay gayon, din, kita n'yo.

274 Kikilalanin lamang Niya ang—ang Tanda. Iyan ang Mensahe ng kapanahunan! Iyan ang Mensahe ng araw na ito! Iyan ang Mensahe ng panahong ito! Sa Pangalan ni Jesus Cristo, tanggapin Ito!

275 Hindi isang pan-. . . panghalili, bagay na mailalagay ng diablo sa inyo; tulad ng isang huwad na pag-ibig, upang gawin ang isang lalaki na mahalín ang ibang babae liban sa kaniyang asawa, o isang asawang babae sa iba liban, o ilan sa mga bagay na ito rito, kahiya-hiyang bagay. Iyan ay hindi tunay na pag-ibig. Iya'y ang diablo. Iyan ay mga gawa niya. Ito'y bagay na pinipilit niyang ibigay sa inyo, sa halip; isang kagalakan, upang uminom at makaramdam ng mabuti tungkol rito, sabihing, "mayroon akong kapanglawan; ako'y lalabas at ikukuha ang sarili ko ng isang ikaapat na bahagi ng isang galon ng alak, at kalimutan ang tungkol dito." Iya'y isang kamatayan.

276 Ang Diyos ang inyong kagalakan. Ang Diyos ang inyong kalakasan. Ang pagkakaalam ng Mensahe, pagkakaalam ng Katotohanan, iya'y kasapatan natin ngayon. Siya ang kasapatan ko sa lahat. Sa Kaniya, lahat ng mga bagay na kailangan ko ay nasa Kaniya. Iya'y kalakasan natin. "Ang aking tulong ay nagmumula sa Panginoon." Kayong mga Cristiano, tumingin sa Kaniya para sa kagalakan ninyo, tumingin sa Kaniya para sa kalakasan ninyo, tumingin sa Kaniya para sa kaligayahan ninyo.

Siya ang kapayapaan ko. Siya ang kagalakan ko. Siya ang pag-ibig ko. Siya ang Buhay ko. Iya'y isang Kasunduan, ang Tanda sa may pinto!

²⁷⁷ Hindi mananagot para sa isang tao, isang tao, maging sino man kayo, Siya ay hindi mananagot, ang wala sa ilalim Nito.

²⁷⁸ At tandaan, buong pamilya ay nakuha, sama-samang nadala. Oh, naku! Oh, tandaan!

²⁷⁹ Sasabihin ninyong, “Buweno, ang tatay ko ay isang mangangaral. Kapatid kong lalaki! Ang pastor ko! Aking...” Iyan ay maaring totoo, din, ngunit ano naman ang tungkol sa inyo?

²⁸⁰ Tandaan, ligtas lamang kapag ang tanda ay naipakita! Kung ang isang tao ay narito nasa ilalim *nito*, at ang anak niyang lalaki ay nasa kabila ng lansangan, siya ay nasa panganib. Siya ay mapapahamak. Ang tatay niya ay maliligtas. O, kung ang anak ay nasa banda *rito*, at ang tatay niya banda roon, ang tatay niya ay mapapahamak. Tanging ang tanda! “Pagka Aking nakita ang tanda, lalagpasan Ko kayo.” Iyan ang tanging bagay.

²⁸¹ Sasabihin ninyong, “Buweno, ang anak kong lalaki ay isang mangangaral.” Sasabihin ninyong mga ina, “Nasa akin ang pinaka mabuting anak na lalaki, o ang pinaka mabuting anak na babae. Sinasabi ko sa inyo, sila’y ang pinaka mabuting bagay. Sila’y puspos nga ng Banal na Espiritu, at gayong pag-ibig! Sila’y masunurin. Hinding-hindi pa ako nakakita ng gayon!” Ano naman ang tungkol sa iyo, mama?

²⁸² Sasabihin ninyong, “Ang ina ko ang pinaka mabuting bagay. Alam ko, kung siya ay mamatay, siya ay pupunta sa Langit, ‘pagkat siya’y talagang mayroon ng Tanda, Kapatid na Branham.” Ngunit ano naman ang tungkol sa iyo, kapatid na babae? Ang buong pamilya ay kailangang madala sa ilalim.

²⁸³ Pagod na ba kayo? [Kongregasyon nagsabi ng, “Hindi.”—Pat.] Ako’y...Ganap na ika-labing-dalawa na... Sandali na lamang. Magagawa kong putulin ito at mag-umpisa mamayang gabi uli. [“Hindi.”] Pero kung inyong—gusto ninyong maghintay pa ng mas mahaba ng kaunti, sisikapin kong magmadali ngayon. [“Amen.”] Ilalagay ko ito mismo. Dahil, palagay ko, mismo ngayon habang kayo’y nasa ilalim ng basbas nito, mas makabubuti kung makukuha n’yo ito mismo ngayon. [“Amen.”]

²⁸⁴ Tanging pagka ang Tanda ay naipakita! Kung gayon, ang buong pamilya ay kailangang mapasa ilalim ng Tandang iyan, Dugo. Tatay at nanay, alam ko kung paano ang nadarama n’yo. Mayroon akong mga anak, din, kailangang makita ko silang ligtas. Ako’y nakikipag-usap sa sarili ko ngayong araw na ito. Kita n’yo? Mayroon akong mga kapatid na lalaki. Mayroon akong isang kapatid na babae. Mayroon akong mga minamahal. Ako—gusto kong makita silang ligtas, din. Ngunit, tandaan,

kung walang pagpapakita ng Tanda, sila'y mapapahamak. Walang pagkabuhay na mag-uli para sa kanila. Iya'y tama. Sila'y wala na. Tanging kung ang Tanda ay naipakita!

²⁸⁵ Tingnan, si Josue, sana mayroon tayong panahon upang basahin iyan. Markahan iyan, Josue ang ika-2 kabanata; nananampalatayang patutot na Gentil, si Rahab.

²⁸⁶ Oh, sadyang inaasam kong mga ganap na ika-siyam pa lang. Gusto kong—gusto kong kunin iyan at ipakita lamang sa inyo kung paanong iyon ay naroon, kita n'yo. [Kongregasyon nagsabi ng, “Huwag magmadali.”—Pat.]

²⁸⁷ Ang patutot na ito, Gentil, masdan, lahat ng pamilya niya. Siya ay isang mananampalataya. Lahat ng pamilya niya ay kailangang mapasa ilalim ng lubid ng matingkad na pulang iyon, ang tandang iyon. Sila ay kailangang mapasa ilalim niyon, dahil sila'y mapapahamak. Narinig nila ang galit ng Diyos. Narinig nila ang pagpapakita ng mga tanda at mga himala ng Diyos sa Kaniyang bayan, at kailangan nilang tanggapin iyon. Kailangan niyang tanggapin iyon. Ang Diyos, mamumuksang anghel, ay paparating. Alam nila iyon. At si Josue ang anghel na iyon. Sila ay nasa hanay.

²⁸⁸ At gayun din ang bawat bansa, sa sanglibutan, nasa hanay ng Paghuhukom ng Diyos!

²⁸⁹ Itong munting, matandang patutot, siya ay nakarinig. Ang pananampalataya ay dumarating sa pakikinig! Ang sabi niya, “Lahat ng bansa ay nabagabag tungkol sa inyo.” Iya'y tama.

²⁹⁰ Ngayon, ang mga espiya na ipinadala roon upang gumawa ng mga pagsasa-ayos, at iba pa, kinilala niya ang mga taong iyon. At, siya, gusto niyang maligtas. Sinabi niya, “Alam ko na ang inyong Diyos ay Diyos, at narinig ko kung anong dakilang mga bagay ang ginawa Niya. Alam ko kung anong ginawa Niya sa Og, at alam ko kung ano ang ginawa Niya sa iba't-ibang mga bansa. At nakita ko yaong mga tumanggap sa Kaniya ay naligtas, at yaong mga hindi tumanggap sa Kaniya ay namatay. At gusto kong mabuhay, “sabi niya. Oh, naku! Ayan nga kayo. “Gusto kong mabuhay.” Dahil sila ay sadyang. . .

²⁹¹ Pansinin, narinig ng Jericho kung anong ginagawa ng Diyos, ngunit ayaw nilang tanggapin ang babala.

²⁹² At wala ni isang denominasyon sa bansang ito, sa paligid, kundi ang nakarinig kung ano ang ginagawa ng Diyos. Ayaw nilang tanggapin ang babala.

²⁹³ Ang dakila Niyang kapangyarihan at mga tanda ay naipakita. Kung anong ginawa Niya, Siya ay tumawid mismo sa Patay na Dagat, na tila ba ito ay nasa tuyong lupa. Idinulot Niya, nilikha Niya ang mga bagay, at gumawa ng mga palaka, at kuto, at mga kulisap na dumating sa hangin; nilikha sila sa

pamamagitan ng Kaniyang Salita, sa pamamagitan ng Kaniyang propeta. Iyan ay hindi lihim. Alam nila iyon.

294 At sinabi ni Rahab, “Narinig ko iyan. Ayaw kong mapahamak kasama ng mga di-mananampalatayang ito. Hindi, ginoo!” Nalamang ang paghuhukom ay kailangang sumunod roon, ‘pagkat sila ay nasa hanay mismo. Alam niya iyon. Kaya, sila ay gumawa ng isang paraan para sa kaniya upang matakasan iyon.

295 Maaring pinaniwalaan nila na ang sarili nilang malaking denominasyon ng Jericho ay may kakayanang labanan ang galit ng Diyos, kita n’yo, kanilang sariling malaking denominasyon.

296 Iyan kung ano ang iniisip ng marami sa kanila ngayon. “Oh, siguradong hindi iyan gagawin ng Diyos.” Iyan ang sinabi ni Satanas kay Eva. “Oh, siguradong hindi gagawin ng Diyos.” Gagawin Niya, ‘pagkat sinabi Niyang gagawin Niya, kita n’yo, at iya’y Salita Niya. Oo, ginoo.

297 “Maliban na ang isang tao ay ipanganak na muli!” “At ang mga tandang ito ay magsisisunod sa kanila na ipinanganak!” Kita n’yo? “Ito ay malalaman ng lahat ng tao na kayo ay Aking mga alagad,” at iba pa, kita n’yo. Mabuti, gustong gawin ito. Oh!

298 Anong nangyari? Ngayon sila ay sarado na. “Walang rebaybal na magaganap rito. Hindi susuportahan ng denominasyon namin ang gayon. Hindi namin tatangkilikin ang uring iyan ng kalokohan sa aming kalagitnaan. Binabawalan ko sinuman sa inyo na pumunta sa pagtitipong iyon.” Huh! Jericho, nasa hanay mismo ng napahamak!

299 Ngunit maaring mayroong ilang mga kalalakihan ng teyp na pumuslit papunta kung saan, para sa itinalagang binhi. Sila ay pumunta ng patago sa bahay niya at nagpatugtog ng ilang mga teyp. Ginawa niya ang kaniyang—kaniyang sariling bahay na isang simbahan, upang tanggapin ang mensahe.

300 Sila ay mayroon pa rin niyaon, alam n’yo. Ang Mensahe ay nakarating sa itinalagang Binhi, kahit papano. Hindi natin alam kung paano Ito nakarating roon, ngunit Ito ay nakarating roon, upang ang Matuwid ay hindi mapahamak na kasama ng mga ‘di-matuwid. Ang Diyos ay tumitingin para diyan, ngayon. Oo, anumang paraan Ito ay nakakalusot papasok. Hindi natin alam kung paano. Kahit na ayaw nilang suportahan Ito, ngunit mayroong ilang Binhi doon na itinalaga.

301 Sinumang nakakaalam ng anumang bagay tungkol sa Biblia, ay nalalaman na ang patutot na iyon ay itinalaga. Tiyak nga na siya! Siya ay hindi. . . Sinabi ng Biblia, “Siya ay hindi napahamak na kasama nila na hindi nanampalataya.” Iya’y tama. Ngunit sinampalatayanan niya ang mensahe ng panahon.

302 At binigyan siya ng Diyos ng isang palatandaan, sa pamamagitan ng Kaniyang mga mensahero. Sabi, “Kumuha ng

isang matingkad na pula, pulang lubid at itali ito sa iyong. . .” Sabi, “Tandaan, kung hindi mo itatali ang lubid na iyan doon, o iwan iyan doon, kung saan kami ay tumakas, hindi kami mananagot para sa sumpa namin.” At ang sabi, “Kung kayo ay nasa labas mula sa ilalim nito, kami’y hindi mananagot.” Oh, naku! [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay ng tatlong beses—Pat.] “Rahab, bawat itinalagang binhi rito, ikaw ay lumabas roon at tumungo na hanapin sila. Kunin ang iyong ama, iyong ina! Sapagka’t, kalalabas pa lamang namin, sa ilalim ng katubusang iyan ng kasalanan, doon sa Egipto, at lahat ng bagay na hindi namin kasama sa ilalim ng tandang iyan ay napahamak. Rahab, binibigyan kita ng isang palatandaan. Ito’y isang tanda. At sinasabi ko, sa Pangalan ng Panginoon, tulad ng pagkakasabi, kung ilalagay mo iyan! Kilala ko iyan, ang mensahero. Kilala ko ang anghel ng galit, si Josue. Siya’y ang mamumuksang mensahero ng Diyos. Kilala ko siya, ay alam niya na kailangang magkaroon ng isang tandang palatandaan. At ibitin mo iyan doon, at titiyakon ko sa iyo. Ako ay nanunumpa.” At ang Diyos ay nanumpa, rin, na kung ano ang wala sa ilalim niyon ay mapapahamak, at lahat na nasa ilalim niyon ay mabubuhay.

³⁰³ At ngayon, ang gayun ding sumpa sa araw na ito, gayun ding bagay, kita n’yo, “Hindi Ko kayo hahayaang mapahamak na kasama nila na hindi nanampalataya sa Mensahe.” At sila . . .

³⁰⁴ Narinig niya na ang mga gawa ay nagawa na, at pinaniwalaan niya ito. Ngunit, tungkol, siya ay . . . Siya at ang ama niya, at ilang mga kapatid na lalaki, o anong bagay, ay ang tanging nanampalataya roon, sa buong siyudad.

³⁰⁵ Nakita n’yo kung gaano kakunti iyon? Isa lamang *rito* at *doon*, isang maliit na pamilya ang lalabas mula sa isang estado. Tama ba iyan? [Kongregsyon ay nagsabing, “Amen.”—Pat.] Tamang-tama ngayon, dito tayo’y nagsasalita ng mga katotohanan. Tayo’y . . . Kung inyong makikita kung ano ang paunang tipo, kailangan ninyong makita kung ano ang tipo muna. Kailangan ninyong makita kung ano ang anino, pagkatapos ay alam n’yo kung ano ang hitsura ng tunay na bagay. Kita n’yo?

³⁰⁶ Ang Kaniyang kapangyarihan ay naipakita. Ang Paghuhukom ay nasa hanay. Kailangan nilang manampalataya, upang maligtas. Oo, ginoo. At itong mga mumunting . . .

³⁰⁷ Itong mga kalalakihan ay pumasok doon, itong mga mensahero, at—at nakita ang itinalagang binhing iyon na naniwala. Ginamit niya ang bahay niya para isang simbahan, upang tanggapin ang mga mensaherong ito. Hindi nila sila papapasukin sa kanilang mga simbahan. Hindi, ginoo. Kita n’yo? Kaya siya . . .

308 Hindi nila kayo papayagan, din. Sisipain ka nila palabas kung magsasabi ka ng anumang tungkol Doon. Kita n'yo?

Kinuha nila ang lahat sa siyudad niya, na sasampalataya, sa ilalim ng tanda.

309 Iyan kung ano ang mas makabubuting gawin natin sa araw na ito. Kung nais ninyong maligtas ang ilang minamahal, mas makabubuting kunin sila papasok mismo ngayon. Kita n'yo?

310 Nang wasakin ng galit ng Diyos ang malaking siyudad na iyon, ang tandang palatandaan ay tinanganan ang kaniyang bahay ligtas. Amen. Ano? Ang palatandaan ay nasa kaniyang tanda. . . O, ang tanda ay nasa bahay niya, nang ang iba sa siyudad ay gumuho sa lupa. Ano nga iyon? Ano nga iyon? Si Josue, ang mensahero ng Diyos! Ang Diyos Mismo ay kinilala ang mensahe ng Kaniyang mensahero. Amen! [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang mga kamay niya ng dalawang beses—Pat.] Pinatunayan Nito iyon! Pinatunayan Nito iyon. Kinilala nila ang mensahe. Kinilala Niya ang mensahe ng Kaniyang mensahero. At nang ang lahat ng iba pa sa siyudad ay gumuguho, doon nakatayo ang matingskad na pulang tanda ni Rahab sa may pinto, at ang iba sa kanila ay namatay.

311 Pagkatapos, mismo diretsong tumungo ang mamumuksang mga anghel at pinuksa ang lahat ng bagay na nasa siyudad, wala ni isang piraso ng mga ari-arian ang natira. Mayroong isang kumuha ng isang piraso ng mga ari-arian, at kailangang mamatay kasama niyon, mula doon sa denominasyong iyon. Kinuha ang buong bagay at pinuksa iyon! “Sumapain ang tao na magtatangkang itayo iyon. Ang kaniyang panganay ay mamamatay kapag siya ay nagsimula,” at iba pa. Sinumpa iyon ng Diyos tulad niyon, ang malaking bagay na iyon na tinanggihan ang biyaya. . . ang mensahe ng biyaya at habag, inisip na sila ay ligtas na tiwasay.

312 Maraming mga tao ang nag-iisip, ngayon, “Dahil ako ay kabilang sa iglesia, ako’y ligtas na tiwasay.” Huwag ninyong paniwalaan ang gayong walang kabuluhan.

313 Nang, “Ang dugo ay magiging isang tanda sa inyo.” Ang Espiritu ngayon ang Tanda sa inyo, ang Buhay na nasa Dugo.

314 Gayun din, isipin natin iyan, ang siya ring tanda na ginamit nila sa Egipto, ang siya ring buhay ng tanda na nasa Egipto, ay nasa Egipto, ang Diyos ay gumamit ng gayun ding simbolo doon. Si Josue, isang ganap na tipo ni Jesus, ay totoo sa tandang palatandaan na ipinangaral ng mga mensahero niya. Si Josue, nang sinabi niya iyan, sabi niya, “Huwag gagalawin ang bagay na iyan o anumang bagay sa loob nito. Iya’y nakalaan para sa Panginoon.” Amen!

315 Isang Gentil, isang patutot, prostityut na kumukuha ng mga parokyano sa lansangan, ngunit narinig niya at sinampalatayanan, at inilagay niya ang tanda.

316 Maging gaano ka man kababa sa kasalanan, ano man ang nagawa mo, iyan ay wala ni isang bagay na kinalaman doon. Ipahid mo ang Tanda. Ito’y para sa iyo. Kung nadarama mo sa iyong puso na mayroong anong bagay na humihila, Ito’y para sa iyo. Ipahid mo ang Tanda. Ang ang dakilang Josu- . . .

317 Ang salitang *Josue* ay nangangahulugang “Jehovang-tagapagligtas.” Gayun din ang *Jesus*, nangangahulugang isang “Tagapagligtas.” At, si Josue, nang malaman niyang ang kaniyang mga mensahero . . .

318 Ang mga mensahero niya ay nagbalik, at sinabing, “Sinunod ko na ang iyong mga utos. At mayroong isang babaeng aming natagpuan, nang pinatugtog namin ang mga teyp, alam n’yo. Nakasumpong kami ng isang babae na nanampalataya. At sinabi namin sa kaniya, na lahat na paparoon sa ilalim ng pulang palatandaang iyon doon, ang tanda, ito ay mangangahulugan. Ngayon ipinangaral ko iyan. Kikilalanin mo ba iyon, Josue?”

“Isinugo kita upang gawin iyon.” Amen.

319 At pagkatapos nang, iyon, kinilala iyon ng Diyos, ang bagay ay hindi kailanman nagiba. At pagkatapos nang si Josue ay tumayo roon at ibinigay ang hudyat upang wasakin ang buong bagay, nagtungo mismo diretso doon, at si Rahab at lahat ng kaniyang kamag-anakan ay nakaupo mismo, at lahat ng kanilang pag-aari, amen, amen, lahat ng kanilang pag-aari ay nasa bahay, ligtas. Sila ay tumayo lamang doon, at hindi kailangang dumungaw sa labas ng bintana. Magagawa nilang basahin ang Kasulatan habang ang paglalaban ay nagaganap.

320 Siya ay bumalik at nanuyo, sinuyo ang heneral sa hukbo, at naitaas, at pumaroon sa Bethlehen, at ang kaniyang bahagi ay naipamahagi roon sa kanila. At siya ay nagsilang ng isang . . . siya ay nagsilang ng isang tanyag na anak na lalaki, at ang tanyag na anak na lalaking iyon ay nagdala ng panibagong tanyag na anak na lalaki, at ang anak na lalaking iyon ay nagdala ng panibagong tanyag na anak na lalaki, hanggang ang dakilang, tanyag na anak na Lalaki ay dumating. Mismo papaba, at patuloy hanggang kay Obed, at patuloy hanggang kay Jesse, at patuloy pababa tungo kay David. Iya’y tama, patutot na Rahab, sapagka’t sinampalatayanan niya ang mensahero. Inilagay niya ang tanda, at ang kaniyang sambahayan ay naligtas, o siya ay napahamak roon kung saan siya naroroon.

321 Makinig ng mabuti ngayon. Oh, sabihing, kinilala n’yo ba iyon? Lahat ng nasa ilalim niyon ay naligtas sa Egipto. Lahat ng nasa ilalim niyon ay naligtas sa Jericho. Lahat sa ilalim Niyon ay maliligtas ngayon. Ang nakagapos-sa-dugo, dugong cordero, ay isang tipo ni Jesus Cristo.

322 Sa Mga Hebreo 13:10 at 20. Wala akong panahon para basahin ito. Isulat ito. Babasahin ko sana ito. Ito ay tinatawag na “ang magpakailanmang kasunduan.” Ang Dugo ni Jesus Cristo

ay tinawag na “ang magpakailanmang kasunduan.” Oo, ginoo! “Walang Hanggang kasunduan.”

³²³ Bakit hindi ito tinawag na “Walang hanggang kasunduan”? Dahil sa ito ay hindi magiging Walang Hanggang. Nang tayo’y tinubos, ito’y tapos nang lahat noon. Ito’y isang *magpakailanman*, na nangangahulugang, “may takdang sukat ng panahon,” hanggang sa ang panahon ay mawala. Hindi na magkakaroon pa ng panibago. Kapag ang panahon ay lumipas na, hindi na tayo mangangailangan ng kasunduan. Ngunit hanggang ang panahon ay hindi pa lumilipas, kailangan natin ang kasunduan.

³²⁴ Ngayon, tandaan, Mga Hebreo 13:10-20, isang “magpakailanmang kasunduan.” Ang natali-sa-Dugong pangako ng Diyos ay ginagawa tayong malaya mula sa kasalanan. Amen! Wala nang kasalanan sa Kaniya; kasalanan, sarili, laman.

³²⁵ Sambahin Siya at ipakita ang Kaniyang ipinangakong kapangyarihan! Ang natali-sa-Dugo, natali-sa-tanda, mga tao ng kasunduan ay mayroon ng Espiritu ni Jesus Cristo rito, na, “Siya na sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginawa, ay gagawin din niya,” ipinapakita ang kasunduan. Kita n’yo?

³²⁶ Bagong Tipan! *Tipan* ay nangangahulugang “kasunduan.” Iya’y tama, hindi ba, Doktor Vaile? *Tipan* ay nangangahulugang “kasunduan.” *Ang Bagong Tipan* ay nangangahulugang “ang bagong kasunduan.” Ang Lumang Tipan ay ang luma, sa ilalim ng cordero, na ang buhay ay hindi makababalik sa mananampalataya. Ang Bagong Tipan ay ang Cordero ng Diyos, at ang Kaniyang Buhay ay nagbabalik sa atin. Buhay ng Dugo! Kita n’yo? Ang Dugo ay Buhay sa Bagong Tipan, kita n’yo, ang Buhay ay mula sa Dugo ng Cordero, na nangangahulugang ang Bagong Tipan, bagong kasunduan.

³²⁷ Na, ang Diyos, “Pagkatapos ng mga araw na iyon ay isusulat Ko ang Aking mga kautusan sa tapyas ng pusong laman.” Kita n’yo? Kita n’yo? “Hindi sa mga tapyas ng bato, at dugo ng isang Cordero, na kailangan ninyong sabihin, ‘Oo, ako—taglay ko ang dugo banda *rito*, ngayon ano ang sinabi nito na gawin?’ Ngunit sa mga tapyas ng inyong puso, kita n’yo, ang tipan ng Espiritu ay Aking gagawin sa mga tao.”

³²⁸ At ipinapakita Nito ang Kaniyang kapangyarihan. Juan 14:12, nagsasabing, “Siya na sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginawa ay gagawin din naman niya.”

³²⁹ Ang *Bagong Tipan* ay ang “bagong kasunduan,” bagong Buhay, ipinapakita na nakatagpo ni Jesus ang bawat hinihingi para sa atin na hiningi ng Diyos, upang pabalikin tayo, tunay, na mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos, sa ilalim ng Dugo, kung saan wala nang paghatol.

³³⁰ Mga Taga Roma 8:1, “Ngayon nga’y wala nang anomang hatol sa mga na kay,” hindi yaong mga *naniniwala* Roon, “sa mga na kay Cristo Jesus, na hindi lumalakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu. At ang Aking Salita ay Espiritu at Buhay.” Kita n’yo? Oh, hindi ba’t ako ay makakakuha ng isang teksto mula diyan at manatili ng mga ilang oras pa. Ngunit magmamadali tayo rito, kita n’yo.

³³¹ Wala nang paghatol, malaya mula sa kasalanan, malaya mula sa mga alalahanin ng sanlibutan, walang hatol. Bakit? “Sa kanila na naging gayon, sa pamamagitan ng isang Espiritu, binautismuhan sa isang Katawan.” Doon ang Dugo ng Cordero ay naipahid. Ang Diyos ng Langit ay tinanggap kayo, at ang inyong . . . Ang Kaniyang Buhay ay nasa inyo, at kayo ay mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos.

³³² Ang inyong ugali ay ugali ng Diyos. Ano ito, isang maliit na kayan-kayanan? Hindi, ginoo! Ang Diyos ay isang Diyos ng paghatol. Siya ay isang Diyos ng tama. Ito ay kailangang nasa linya. Wala nang iba pang makagagawa. Iyan ang uri ng ugali na nasa inyo, sapagka’t kayo’y ang ugali ng inyong Ama. Kita n’yo?

³³³ Ano? Ang buhay, masdan kapag (ito) ang buhay ay kinuha, para sa dugo. Kita n’yo? Ang buhay mismo ay kinuha. Kita n’yo? Ang buhay, ito ay kinuha, para sa dugo. Kita n’yo? Ang dugo ay naipahid, at ang buhay ay hindi magawang tumungo sa mananampalataya noon, para sa buhay ng isang hayop. Hindi ang buhay . . .

³³⁴ Ngunit, tingnan n’yo, sa halip na isang taong nilalang, iyon ay isang super, super, super na taong Nilalang. Kita n’yo? At ginawa niyan ang taong nilalang ngayon na hindi lamang isang taong nilalang, kundi siya’y isang anak na lalaki at anak na babae ng Diyos, ng super, super, super, super, super na Buhay na nasa Kaniya, bumalik sa inyo; at binago kayo mula sa isang makasalanan, at mga bagay sa sanlibutan, isang kasapi sa iglesia, at isang tumutungo sa denominasyon, tungo sa isang ipinanganak-na-muling Cristiyano, puspos ng Espiritu; ang Buhay ng Diyos ay sadyang dumadaloy mula sa inyo, tulad ng mga kislap mula sa isang palihan, habang kayo ay lumalakad, puno ng kagalingan, at pag-ibig, at kaamuhan, at habang ang Banal na Espiritu ay kumikilos, nangungusap. Oh, naku! Ayan nga kayo. At sa (ang ano?) pakikinig ng Mensahe, pinagmamasdan ang Haliging Apoy, at ang pinagpalang katiyakan, “Ako’y lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.” Pansinin, samakatuwid, wala nang hatol pa.

³³⁵ “Kung ang ating mga puso ay hindi tayo hinahatulan, kung gayon taglay natin ang ating kahilingan, kita n’yo, alam natin.” Ngunit kung ang kasalanan ay nasa ating puso, kung gayon hinahatulan tayo nito, tayo—tayo ay mas makabubuti sigurong ni hindi na mag-umpisa. Kita n’yo? Kayo’y kailangang

lumaya mula sa kasalanan. At ang tanging paraan na kayo ay makalalaya mula sa kasalanan ay pumasok sa Kaniya. Iyan ang tanging pantakip na mayroon para sa kasalanan, ay si Cristo.

³³⁶ Tandaan, ang Dugong tipan, ang Dugong tipan ay hindi kilala kung wala ang Tanda. Hindi ninyo makakaya. Hindi ninyo magagawa. Sasabihin ninyong, “Buweno, Ako—ako ay pinaging banal mula sa mga bagay.” Iya’y hindi ang Tanda. Ito’y ang Espiritu, ang siyang Tanda, ang Espiritu ni Cristo sa inyo. Paniwalaan ito!

³³⁷ Ngayon, tingnan, tinitiyak sa atin ng Salita ang pangako. Lahat ng mga ito ay mga teksto na isinulat ko rito. Magpatuloy lamang na nangangaral sa buong araw, tila бага, kita n’yo, tungkol rito. Kita n’yo? Tinitiyak sa atin ng Salita ang pangako, sapagkat Ito ay ang pangako. Ang Salita ang Pangako, at ang Salita ay ang Diyos, at ang Salita ay—ay atin. At tayo ay naging ang Salita, at ang Salita ay nagiging tayo. “At kung kayo ay manatili sa Akin, at ang Aking Salita sa inyo,” kung gayon, kita n’yo, ito ay sadyang nagiging isang lubhang malaking pamilya. Kita n’yo? Tinitiyak Nito sa atin. Dahil bakit? Buweno, ito’y bahagi natin. Kita n’yo? Kita n’yo? Kita n’yo, Ito ay nagiging bahagi natin. Anong teksto! Mabuti. Tinitiyak sa atin, ang pangako.

³³⁸ Ang Tanda ay ang palatandaan na ang pagbili ay ginawa at tinanggap. Ngayon, hindi ninyo magagawang kunin ang tanda mula sa pasahe sa daang-riles hanggang bayaran ninyo ang halaga; at ang tanging paraan na mababayaran ninyo ang halaga ay bayaran iyon. Iya’y tama. Ano? Sampalatayanan Iyon. Tanggapin Iyon. Lubos na pagsunod sa buong Salita ng Diyos ay bibigyan kayo ng karapatan sa Tanda. Lubos na pagsunod! Hindi ang bahagi Nito hanggang sa abot ng pagpapatuloy ng denominasyon ninyo ay nagpapatuloy, kundi lahat Nito. Lubos na pagsunod sa Salita, na siyang si Cristo, dinadala kayo papasok kay Cristo.

³³⁹ Ngayon ano kaya kung kayong lahat nakapasok lamang, pero ang mga paa ninyo ay nakalawit sa labas? Paano kung kayo lahat ay nakapasok, mga kamay ay nakalawit sa labas? Halos lahat sa atin nakapasok, ngunit ang puso ay nananatili sa labas? Kita n’yo? Kita n’yo? Ang puso’y nasa sanlibutan pa? Kita n’yo? Ngunit hindi natin gawa iyan.

³⁴⁰ Lubos, ganap na pagsunod ay inilalagay kayo at ang Salita na Iisa. Sampalatayanan ninyo Iyon, bawat bahagi. At lahat Nito’y nasa inyo, at masdan ninyo Itong kumikilos sa kabuuan ninyo.

³⁴¹ Kayo ay hindi pumupunta kung saan kasama ang isang bungkos ng kaguluhan. Kita n’yo? Kayo’y Cristiyano. Maging anuman ang sabihin ng sinuman, hinding-hindi nila kayo

magagalaw. Kayo'y na kay Cristo. Kayo'y kasing ligtas tulad ng marapat sa inyo.

³⁴² Kapag ang kamatayan ay kumatok sa pinto, ito ay walang kapangyarihan, kita n'yo, wala nga. Bakit? Ito'y humahakbang lamang sa labas *rito* patungo Roon.

³⁴³ Ang edad ay hindi nangangahulugan ni isang bagay. Kayo ay lumipat na mula sa edad. Kayo'y nasa Walang Hanggan, 'pagka't kayoy nasa Kaniya. Siya'y Walang Hanggan. Hindi nangangahulugan ni isang bagay, maging kayo'y bata, matanda, kalagitnaang edad, o anuman kayo. Maganda, pangit, maliit, mataba, ano, hindi ito nangangahulugan ni isang bagay. Ito ay hindi.

³⁴⁴ Kayo ay hindi pumupunta kung saan-saan, at lahat ng iba pang mga bagay na ito. Kayo, kayo ay lumipat na mula riyan. Kayo'y patay na. Ang buhay ninyo ay nakatago sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo. Kayo'y natatakan doon sa loob sa pamamagitan ng Espiritu Santo, lumalakad kay Cristo. Ang tanging bagay na nakikita ninyo ay si Cristo. Iyan lang. Iyan lamang ay, kayo ay lumalakad. Ngunit, oh, naku! Hindi nakapagtata kang inaaawit natin ang munting awiting iyan!

Punuin ang aking daan araw-araw ng pag-
ibig,
Habang ako ay lumalakad kasama ng
makalangit na Kalapati;
Hayaan akong tumungo lahat ng sandali, na
may isang awit at isang ngiti,
Punuin ang aking . . .

³⁴⁵ Hayaan akong maging isang kapatid na lalaki. Hayaan akong ipamuhay ang halimbawa ng kung ano ang sinabi ni Cristo na maging dapat sa isang tao. Hayaan akong maging isang kapatid na lalaki sa isang kapatid na lalaki, isang kapatid na lalaki sa isang kapatid na babae. Hayaan akong maging isang-isang ministro sa mga ministro. Hayaan akong maging isang halimbawa sa mga halimbawa. Hayaan akong ipakita sa sanglibutan na ang Salitang ito ay si Cristo. Ang tanging paraan na magagawa ko ito ay pumasok sa Kaniya. Pagkat, hindi ko magagawa ito sa aking sarili, hindi ninyo magawa ito. Ngunit hayaan ang Salita at kayo ay maging Iisa, kung gayon ay ipamumuhay Nito ang Sarili Nito palabas. Kayo ay lumalakad na liham ni Jesus Cristo, kapag mayroong Siyang ganap na kapangyarihan, kapangyarihan sa inyo, upang gawin ang bawat Salita.

³⁴⁶ Kung Siya ay dumating sa daang *ito*, "Gusto kong gawin Ito," at sasabihin ninyong, "Hindi, hindi, hindi ko pinaniniwalaan Iyan," kita n'yo, kayo'y wala pa sa Salita. Kita n'yo?

³⁴⁷ Lubos, ngayon masdan, lubusan, ngayon, lubusang pagsunod sa buong Salita ng Diyos ay binibigyan kayo ng karapatan sa Tanda. Kung gayon kapag tayo ay nagbayad, nanalangin, kailangang mayroon tayo ng Tanda na ipapakita sa ating panalangin.

³⁴⁸ Kung sinasabi ninyong, “Aking dalangin, Panginoon, ngunit sa totoo ay walang akong...” Buweno, kayo ay hindi. Mas makabubuting tumigil na lamang, kita n’yo, sa... Tumungo, muna, kunin ang Tanda, kita n’yo, pagkat ang Tanda na iyon ang kikilalanin Niya. Kita n’yo? Oo, ginoo!

³⁴⁹ Kapag tayo ay dumalangin, kung gayon kailangan nating ipakita ang Tanda, “Panginoon, sinunod Kita, ng lubusan. Ako ay nagsisi sa aking mga kasalanan. Aking nadama na pinatawad Mo ako. Ako’y nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ang Banal na Espiritu ay nasa akin. Ngayon ako ay mayroong pangangailangan ng isang bagay para Iyong kaluwalhatian. Panginoon, ako ay humihiling para doon. Ito’y akin na ngayon.” Pagkatapos mayroong isang bagay na umaangkla sa likod *dito*, “whew-whew,” ito’y iyo na. Iyan ang gumagawa niyan. Pagkatapos lahat iyon ay tapos na. Lahat iyon ay tapos na. Iyon ay ayos na. “Humihiling ako para *dito*. Humihiling ako para dito. Kailangang makamtan ko ito. Kita n’yo? Kita n’yo? Ako—Ako nais ko ito para sa Iyong kaluwalhatian.” Kita n’yo? Buweno, iyan nga ito, pagkatapos ibibigay na lamang Niya iyon sa iyo. Kung gayon ay alam mong iyon ay sa iyo. Ganiyan ang paraan niyon, ating mga anak, iba pa, ipinapahid natin ang Dugo, sampalatayanan iyon. Iyan lang lahat. Mabuti.

³⁵⁰ Ano ang ginagawa Niya kung gayon? Kapag nasa inyo, magagawang ipakita ang Tanda kasama ng inyong panalangin, Ito ay nagpapakita na kayo ay lubos na dumating sa pagsunod sa buong Salita ng Diyos. Kapag taglay na ninyo ang Tanda, ito ay nagpapakita na sinunod ninyo ang bawat Salita. Kung gayon, kayo at ang Salita ay iisa, kayo’y humihiling lamang para sa bagay na kayo nga. Kita n’yo? Kita n’yo? Pagkatapos, bakit, alam n’yo.

³⁵¹ Kung sasabihin ko *dito*, “Kamay, sundin mo ako, abutin ang panyong iyan!” Ginagawa nito ito. Kita n’yo, sinunod ako ng kamay. Bakit? Ito’y bahagi ko. Kita n’yo?

³⁵² Kung gayon pagka kayo at ang Salita ay nagiging isa, bawat pangako, luwalhati sa Diyos, bawat pangako ay sa inyo. Sinusunod kayo nito. Kung gayon gusto ninyong masdan kung ano ang gusto ninyong gawin. Hindi ninyo ilalagay ang kamay ninyo sa isang apoy, upang sabihin lamang, “Tingnan akong gawin ito.” Oh, hindi, hindi! Kita n’yo? Ngunit kung mayroong isang bagay sa apoy na iyan, na kailangan kong abutin, susundin ako nito. Kita n’yo? Kita n’yo? Iya’y tama. Kita n’yo, gusto ninyong masdan kung ano ang ginagawa ninyo.

353 Iyan ang dahilan na ang Banal na Espiritu ay bahagya na nagbibigay, at mga bagay, alam ninyo kung ano ang ibig kong sabihin, sapagkat ilan. . .Hindi ninyo gusto na. . .Ang isang tunay na lingkod ng Diyos ay hindi nagyayabang Roon, kita n'yo. Iyan nga ito. Iya'y paggawa ng isang palabas.

354 Kapag nanalangin tayo, ipinakikita natin ang Tanda. Ipinapakita Nito na tayo ay lubos na sumunod.

355 Sinasabi sa atin ni Pablo, na, "Ang dugo ay nangungusap." Na, bawat isa ay nalalaman na ang dugo ay, sa katotohanan, sa sarili nito, ay hindi makapangungusap. Ito'y isang kimika. Tama ba iyan? Ilan ang nakakaalam niyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Ed.] Ngunit ilan ang nakakaalam na ang dugo ay nangungusap? ["Amen."] Kung gusto ninyong isulat iyan, Genesis 4:10. Sinabi ng Diyos, "Ano naman ang tungkol sa iyong kapatid?" Sabi, "Ang kaniyang dugo ay dumadaing mula sa lupa, laban sa iyo." Amen! Tama ba iyan? Ang dugo niya ay nagsasalita. Aleluya! [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang mga kamay niya ng tatlong beses]. Sinabi ng Diyos, "Ano naman ang tungkol sa kaniya?"

Sinabi niya, "Ako ba ang tagapagbantay sa aking kapatid?"

356 Sabi, "Ang kaniyang dugo ay dumadaing. Ang kaniyang dugo ay dumadaing." [Si Kapatid na Branham ay kumatok ng anim na beses sa pulpito—Pat.] Iyon ay isang tanda. Iyon ay isang tanda, na siya ay napatay. Ang dugo niya ay dumadaing laban sa kaniya.

357 Ngayon, kung kukunin ninyo iyan sa Genesis 4:10, pagkatapos sa Mga Hebreo 12:24, magsimulang magbasa. Sa Mga Hebreo 10, 12:4. Sabi, "Ang Dugo ni Jesus ay nangusap ng mas mabuting mga bagay kaysa yaong kay Abel."

358 Kita n'yo, si Abel, siya ay isang matuwid na lalaki. Siya ay namatay. Siya ay namatay, inosente, sapagkat siya ay nasa Daan. Siya ay nasa Daan, tumatayo para sa tunay na kapahayagan na mayroon siya. Siya ay nangusap. Iyon ay sumigaw! Ang katarungang dugo ni Abel ay sumigaw laban kay Cain.

359 Ngunit ang Dugo ni Jesus Cristo, hindi lamang sumigaw, Iyon ay tumubos. Amen! "Iyon ay nangusap ng mas mabubuting mga bagay." Ginagawa kayo Nitong mga anak na lalaki at mga anak na babae. Itinatago kayo Nito mula sa galit ng Diyos. Kita n'yo? Ang dugo ni Abel ay hindi maitago si Cain, kita n'yo, ngunit ang Dugo ni Jesus ay magagawa. Amen!

360 Kaya, ang matandang Cain, lumabas sa araw na ito, kung ika'y naging isang taga-usig laban sa Salita, at sinasabing, "Mga araw ng himala ay tapos na. Ang Bagay na Ito ay pawang kalokohan, at mga bagay."

³⁶¹ Ito'y sumisigaw, kita n'yo. Ang Dugo ni Jesus Cristo ay sumisigaw, ngunit mayroong kapatawaran Dito kung tatanggapin n'yo lamang Ito. Sana ay magagawa nating manatili na kaunti pang panahon tungkol diyan, kita n'yo, "Dugo ay nangungusap ng mas mabuting bagay."

³⁶² Manampalataya, para sa kaligtasan. Pagkatapos ipahid, kita n'yo. Manampalataya para . . . Heto kung ano ang nais ninyong sampalatayanan. Kita n'yo, gusto ninyo ng sarili ninyong kaligtasan. Kayo ay manampalataya para sa inyong kaligtasan, at pagkatapos ipahid ang Tanda para sa buong pamilya. Kita n'yo? Sasabihin ninyong, "Paano ko magagawa iyan?" Angkinin Ito! Kung Ito ay kumilos sa inyo, kung gayon kayo at ang Salita ay naging isa. Amen! Amen! Kita n'yo? Kita n'yo, Ito ay gumagawa para sa kapwa sa inyo. Kayo at ang Salita ay iisa, kung gayon ipahid Ito sa inyong mga anak, ipahid Ito para sa inyong mga minamahal.

³⁶³ Tulad ng ginawa ni Rahab, ipinahid niya ang tanda para sa tatay niya, ipinahid niya ang tanda sa kanyang ina, ipinahid niya iyon sa kanyang mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae, at nagawang papasukin silang lahat.

³⁶⁴ Ipahid ninyo Ito, sabihing, "Panginoon, hahabulin ko ang aking anak na lalaki. Hahabulin ko ang anak kong babae. Inaangkin ko siya! 'Satanas, pakawalan mo siya!' Sinusundan ko siya. Ipinapahid ko ang aking Tanda, ang Banal na Espiritu. O Banal na Espiritu, na tumatahan sa loob ko, sagipin ang anak kong babae doon. Pupunta na ako sa kaniya ngayon, taglay ang Iyong pahid sa akin." Gagawin Niya iyon. Amen.

³⁶⁵ Iyan ang ginawa nila sa Egipto. Iyan ang ginawa nila sa Jericho.

³⁶⁶ Kung gusto ninyong bumasa ng isa pa, Mga Gawa 16:31. Sinabi ni Pablo sa senturion, "Manampalataya! Ako ang mensahero ng kapanahunan. Manampalataya sa Panginoong Jesus Cristo, ikaw at ang iyong sambahayan ay maliligtas." Tama ba iyan? Manampalataya para sa iyong sambahayan, dalhin silang lahat sa ilalim. "Ngayon nakita mo na ang Diyos ng Langit ay gumawa ng isang himala. Ito'y bago ang paghuhukom. Pinaniniwalaan mo ba ito?"

"Oo! Ano ang magagawa ko!"

³⁶⁷ Sinabi niya, "Tumayo at magpabautismo." Inilabas siya ni Pablo at binautismuhan siya, sabi, "Ngayon manampalataya sa Panginoong Jesus Cristo, at ikaw at ang iyong sambahayan ay maliligtas."

³⁶⁸ Sampalatayanan ang ano? Sampalatayanan ang Panginoong Jesus Cristo, para sa iyong sambahayan, ipahid ang Tanda sa iyong sambahayan.

369 Pagkatapos anong gagawin mo kapag naipahid mo Ito sa iyong sambahayan? Ilabas lahat ng basura. Kunin lahat ng mga maiikling palda, at mga short, at ang mga baraha, at ang mga sigarilyo, at mga telebisyon, at anupaman, at sipain sila palabas ng pinto, kapag ipinahid mo ang Tanda; hindi mananatiling nakatayo para roon. Oo, ginoo. Ilabas lahat iyon. Lahat ng mga pagsasayaw, at mga parti, at mga rock-and-roll, at lumang bulgar na mga pahayagan, at ang bagay na sa sanglibutan, sipain ito palabas ng pinto, sabihing, “Nililinis namin ang dakong ito sa paligid dito.”

370 Tulad ng ginawa ni Jacob, sinabi niya, sinabi sa kaniyang asawa at lahat sa kanila, sabi, “Labhan ang inyong mga damit at lahat ng bagay. Ilayo silang mga diyos.” Amen. Jo- . . .

371 Alam ba ninyo kung ano ang sinabi ni Josue bago tumawid sa kabila? Sinabi niya, “Labhan ang inyong mga damit; huwag sumiping sa inyong mga asawang babae, at iba pa, at maghanda, sapagkat sa loob ng tatlong araw tatawirin natin ang Jordan.” Amen. Siya ay naghahanda, inilalagay ang tanda. Amen. Iyan nga ’yan.

372 Maghanda. Ipahid Ito. Sampalatayanan Ito. Maglinis. Hayaan ang inyong mga anak, hayaan ang inyong pamilya, hayaan ang inyong mga minamahal, makita Ito sa inyo. Iya’y tama. Ito’y magkakabisa. Oo, ginoo!

373 Pagkatapos ilagay ang Tanda sa panalangin, na may—may—may konsiderasyon, na may pananampalataya. Ipahid Ito ng may gayong pag-ibig, at iba pa, hanggang malaman ninyong ito’y, ito’y magaganap. Iyan lang lahat. Ipahid Ito sa pagkakatiwala, naniniwalang Ito’y makakatulong. Kapag kayo ay nakipag-usap sa batang iyan, kapag kayo ay nakipag-usap sa inyong asawang lalaki, nakipag-usap sa inyong asawang babae, nakipag-usap sa minamahal na ito, manampalataya na Ito’y makakatulong. Tumayo lamang doon, at sabihing, “Panginoon, inaangkin ko sila. Sila’y akin. Kinukuha ko sila para sa Iyo, Panginoon.”

374 Ipahid Ito, at likhain iyang kapaligiran sa palibot ninyo, na sila’y sadyang mahuhulog mismo papasok Roon. Kita n’yo? Oh, kayo ay, kayo ay, kung taglay ninyo ang Tanda, lumilikha kayo ng isang espiritu sa palibot ninyo, isang kapangyarihan, na kapag kayo ay lumakad, alam ng mga tao na kayo’y isang Cristiyano. Gustong-gusto nila sa inyong magsabi ng ilang bagay sa kanila. Pinaniniwalaan nila ang salita n’yo. Kung anong sinasabi n’yo, sila ay nanghahawakan roon. Kita n’yo? Iyan ito.

375 Ipahid ang Tanda, pagkatapos lumakad kasama Nito. Angkinin ang inyong sambahayan. Kailangan gawin n’yo ito ngayon. Itong panahon ng gabi. Ngayon, kayo’y nakikinig na ng mahabang panahon, ngayon ito ang panahon ng gabi. Ito’y panahon ng paglalagay ngayon. Ang galit ay mananakit,

isa sa mga araw na ito, maaring maging masyado nang huli pagkatapos. Kita n'yo? Ipahid ang Tanda, na may pagtitiwala.

³⁷⁶ Kung gusto ninyong basahin iyan, bumasa ng isang bagay rito, ang aking Kasulatan na naisulat ko para dito, ay basahin ang Mga Taga Efeso 2:12, at kung gusto ninyong isulat iyan. Pansinin, sa Mga Taga Efeso 2:12, pagka binasa ninyo iyan, sinasabi niyan ito. “Na tayo ay hindi naglilingkod sa patay na mga gawa, ngunit tayo ay naglilingkod sa isang buhay na Diyos, na may buhay na mga gawa.” Amen! [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang mga kamay niya ng dalawang beses—Pat.] Oh, naku! Na may ang buhay na mga gawa, buhay na mga palatandaan. Naniniwala ba kayo sa buhay na mga palatandaan? [Kongregasyon, “Amen.”] Isulat din, Mga Hebreo 9:11-14, kung gusto ninyong isulat iyan. Buhay na mga palatandaan, buhay na mga gawa, ilagay iyan!

³⁷⁷ Hindi patay na mga kredo, “Dadalhin ko ang anak kong lalaki sa simbahan at titiyaking aaniban niya ang iglesia.”

³⁷⁸ Isang mabuting Cristiyang kabataang lalaki rito, isang mabuting kaibigan, matagal nang kasa-kasama, isang tunay na lalaki, siya—siya ay pumarito, nabautismuhan. Sinabi ng nanay niya, “Sana ay pumunta ka sa isang mas malaking simbahan, kung gusto mo na—na mabautismuhan.” Kita n'yo? Kita n'yo, sadyang hindi niya gusto ang matatandang patay na mga kredo at mga bagay. Kita n'yo?

³⁷⁹ Hindi tayo naglilingkod sa patay na mga kredo at patay na mga diyos. Tayo ay naglilingkod sa isang buhay na Diyos Na ang Dugo ay nabubo noon doon, at ang Tanda ay naipahid sa atin, upang tayo ay mabuhay din naman. Amen. Oo, ginoo!

³⁸⁰ Huwag maglingkod sa ilang patay na mga kredo. Itinatangi nila maging gayong mga bagay tulad ng Tanda. Sinasabi nilang, “Ang mga araw ng mga himala ay lumipas na. Walang gayong bagay tulad ng bautismo ng Espiritu Santo.” Bakit sasali sa bagay tulad niyan? Kita n'yo? Huwag gawin iyan.

³⁸¹ Ipahid ang Tanda, pagkatapos, “paglingkuran ang buhay na Diyos,” para na buhay na mga gawa, buhay na mga tanda; mga tanda na pinagagaling ang may sakit, binubuhay ang patay, ipinapauna ang mga bagay, nagsasalita sa iba't-ibang mga wika, nagpapaliwanag, sa bawat pagkakataon napaka perpekto, nanghuhula at sinasabi *ito* at *gayong* bagay ay magaganap, nagpapakita ng mga tanda sa Langit sa itaas, at sa lupa, mga tanda at mga kababalaghan, amen, nangungusap ng eksakto sa kung ano ang sinabi ng Biblia na magaganap. “Paglingkuran ang buhay na Diyos,” ipahid ang Tanda!

³⁸² Huwag pumunta sa kanila na mga iglesia at salihan silang luma't patay na mga gawa at mga bagay tulad niyon, 'pagkat ni hindi sila naniniwal sa gayong mga bagay tulad ng tanda. Ngunit tayo na mga naniniwala, amen, alam iyan...

Sinasabi nila, “Walang gayong isang bagay tulad ng isang tanda. Iyan, oh, oh, iya’y kalokohan. Ang ipinapangusap nila sa dako roon, ay kabaliwan. Bakit, walang ganoong bagay. Bakit, kayong kababaihan diyan, oh, kayo—kayo, bakit, kayo ay hindi . . . Ano’ng inyong pananamit . . .?” Ginagawa yan. Sinabi nga ng Biblia. “Ano’ng kinalaman ng inyong buhok na may anumang . . .?” Sinabi nga ng Biblia.

³⁸³ Iyan, iya’y sadyang mga pagkakaiba, kita n’yo. “Huwag salingin, huwag hawakan, huwag tikman.” Siya ay Diyos. Kita n’yo? Ngayon, ito ay nangangahulugan ng isang bagay.

³⁸⁴ Ngayon, sila’y nag-iisip na ito’y kabaliwan. Ngunit sa atin na nananampalataya at nakakaalam ng Katotohanan, alam nating Ito ay Kaniyang buhay na Presensiya, sapagkat Ito ay gumagawa ng gayunding mga bagay na Kaniyang ginawa nang Siya ay narito sa lupa. Amen.

³⁸⁵ “Oh,” sabi nila, “sila’y nag-aakala lamang na nakita nila ang Haliging Apoy.” Oh, hindi! Oh, hindi! Tayo’y hindi nag-aakala ng wala.

³⁸⁶ Iniisip nilang si Pablo ay inakala Iyon, din. Ang Egipto ay nag-isip na inakala ng Israel Iyon, ngunit Iyon ang nagdala sa kanila sa lupang pangako. Oo, ginoo! Tayo’y hindi . . .

³⁸⁷ Mga Hebreo 13:8, alam n’yo, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” kung inyong inilalagay iyan, isulat, kita n’yo, na, “Siya’y gayon pa rin.” Ito—ito’y hindi—ito’y hindi parehong . . . mga imahinasyon.

³⁸⁸ Nang isulat ko ito rito na mga Kasulatan na isinulat ko rito, alam ko kung nasaan ang mga Kasulatan, at ganiyan kung paano ako dumadako rianan. Kita n’yo?

³⁸⁹ Alam na ito ay Kaniyang buhay na Presensiya, sapagka’t Siya ay gumagawa ng gayon din sa Espiritung ito. Ngayon, kung ito ay pumunta patungo sa ilang kredo o denominasyon alam natin agad na ito’y hindi si Cristo. Iyan ba’y tama? [Kongregasyon, “Amen.”—Ed.] Kung pinangunahan ko kayo sa ilang mga kredo o anumang bagay, iba pa, ako’y magiging sugo mula sa mga denominasyon. Ngunit ako’y hindi nagdadala sa inyo ng mga kredo, at hindi ko kayo tinuturuan ng mga denominasyon. Itinuturo ko sa inyo ang Salita ng Diyos, na siyang kapangyarihan ng muling pagkabuhay ni Jesus Cristo na nahayag, hindi lamang para sa akin, kundi para sa sinumang tatanggap. Kita n’yo? Na kayo . . .

³⁹⁰ Kayo ay aking kapatid. Ako’y hindi isang dakilang tao, at ikaw isang maliit na tao. Lahat tayo ay mga mumunting mga tao sa Diyos. Kita n’yo? Tayo’y Kaniyang mga mumunting anak. Wala tayong alam, kung ano talaga ang dapat nating malaman. Ipinapahintulot Niyang makaalam tayo ayon sa kalooban Niya, at tayo’y nagpapasalamat sa Kaniya sa kung anong alam natin sa Kaniyang mga biyaya. At hindi ko ibinabahagi ito sa

pamamagitan ng aking sarili; nais kong ibahagi ito sa inyo. Kita n'yo? Nais ko kayo sa loob Nito, at nais kong tanggapin ninyo ang Tanda na ito. At kung hindi n'yo nagawa ito . . . Marami sa inyo, halos lahat sa inyo, ay nagawa na ito. Ngunit kung ang ilan sa inyo ay hindi pa nagagawa ito . . .

³⁹¹ Kita n'yo, ako'y nagsasalita sa teyp, din, naunawaan n'yo. At marami nito . . . At hindi ko sinasabi dito sa iglesya; tayong lahat ay lumabas, ipinagpalagay. Ngunit mayroon marahil sanglibong maka sanglibong ulit na makikinig ng teyp, kita n'yo. At, iyan, ito'y isang ministryo. Magkakaroon ng isang tao na mapapadpad sa Jericho, alam n'yo, na may teyp, kaya nais natin na—nais natin na makuha ang itinalagang Binhing iyan kapag ito'y dumako roon, kita n'yo, 'pagkat ang galit ay darating.

³⁹² Alamin na iyon ay ang Presensiya ng buhay na Diyos, nagpapatunay na ang Diyos ay binangon Siya ayon sa ipinangako Niyang Salita. “Isang maikling panahon at ang sanglibutan ay hindi na Ako makikita pa. Ang Jericho, ang Egipto, hindi na nila Ako makikita pa. Gayon may makikita ninyo Ako, sapagkat Ako . . .” “Ako,” ang panghalip panao, ay laging tinutukoy na, kita n'yo. “Ako'y sasa-inyo. Ako ang Tanda. Ang Aking pagkabuhay na mag-uli ay ang Tanda. Ang mga gawang aking ginagawa ang magpapakilala sa inyo, ipapakilala Ako sa inyo.”

³⁹³ “Kung paanong sa mga kaarawan ni—ni Lot, gayun din ang magaganap sa pagdating ng Anak ng tao, pagka ang pang-gabing Mensahe ay dumating.”

³⁹⁴ “Sapagkat magiging Liwanag sa panahon ng gabi. Sadyang halos sa panahon ng gabi, ang Liwanag ay darating.” Oh, luwalhati sa Diyos! Ginagawa akong makadama ng parang magagawa kong tumakbo sa isang pangkat at tumalon sa isang pader. Kita n'yo? Kita n'yo? “Magiging Liwanag sa panahon ng gabi.” Iya'y tama. Sinabi nga ng propeta.

³⁹⁵ “Ako'y sasainyo. Ako'y sasa-kapanahunan ni Luther; Ako'y sasa-kapanahunan ng Wesleyan; Ako'y sasa-kapanahunan ng Pentekostal; ngunit mismo sa panahon ng gabi, darating ang Liwanag.” Ang mga denominasyonasyonal ay mapapawi, at pagkatapos ang Tanda ay maipapahid. At lahat ng mga ito na tapat na puso, hanggang rito, kung wala—kung wala kayo sila ay hindi magiging—magiging sakdal. Ngunit sa inyo . . .

³⁹⁶ Ito'y tulad ng ulo ay kailangang tumungo, upang kunin ang paa. Ang ulo ay kailangang tumungo, upang kunin ang kamay. Ang ulo ay kailangang tumungo, upang kunin ang puso. Ang ulo ay kailangang tumungo, upang kunin ang bibig. Kita n'yo, ang ulo ay kailangang tumungo.

³⁹⁷ At ngayon tayo'y nasa panahon kung saan ang tanda ay naipahid sa may hamba ng pinto, kita n'yo, at sa mga haligi. “At

pagkatapos pagka Aking nakita ang dugo, bilang isang tanda, lalagpasan Ko kayo.”

³⁹⁸ Magmamadali ako ngayon, kasing bilis lamang ng magagawa ko ngayon. Mga lima o higit na mga minuto na lamang, o sampu, tayo’y matatapos na.

³⁹⁹ Nagpapatunay na binuhay Siya ng Diyos mula sa patay. Pinaniniwalaan n’yo ba ito? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Ed.] Siya ay isang buhay sa kalagitnaan natin sa araw na ito. At iyang “Ako” ay si Cristo. At iyang “Ako” ay kasama natin hanggang sa katapusan ng . . . iyan lamang ay *katuparan*, na ngangahulugang, “ang katapusan ng sanglibutan.” “Ako’y sasa-katapusan ng sanglibutan,” sang-ayon sa ipinangako Niyang Salita. Ipinanangako Niya iyon. “At ang mga gawa na Aking ginawa ay gagawin n’yo rin naman.” Ito’y hindi kalokohan sa atin. Ito’y ang Tanda. Ito’y ang Tanda.

⁴⁰⁰ Tinanggap natin itong sagradong Dugong hain. Tinanggap natin ang inihandog Niyang Dugo, pagkatapos ibigay. . . Siya na nagbibigay sa atin ng Buhay, ang Tanda, isang tatak ng pangako Niya. Mga Taga Efeso 4:30, sabi, “Huwag mong pighatiin ang Banal na Espiritu, na sa pamamagitan nito kayo ay” [Si Kapatid na Branham ay tumigil panandali, hinayaan ang kongregasyon na bumanggit, “tinatakan,”] “ipinagkasundo, inilayo. . .” Kayo ay ipinagkasundo. Kayo nga. Isang Tanda, ang Banal na Espiritu, ay magiging ang tatak. Kapag anumang bagay ay natatakan sa loob ng isang tatak, mas makabubuting huwag n’yong sirain iyon. Hindi magagawang sirain iyon, kayo, hindi ang Tatak ng Diyos. Hindi. Kita n’yo? Dahil kayo ay. . . “Huwag pighatian ang Banal na Espiritu ng Diyos, na sa pamamagitan nito kayo ay natatakan hanggang sa araw ng inyong katubusan, pagka ang katawan ay nabangon.”

⁴⁰¹ Ito’y isang binhi, isang tanda na ang binhi ay napunlaan ng Buhay na Walang Hanggan, “Zoe, ‘Aking Sariling Buhay.’ at ibabangon Kong muli ito sa huling araw.” At habang kayo ay lumalakad, kayo ay may tiwala na ang Buhay ni Cristo ay nasa inyo, at kayo ay nasa Kaniya. “Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayong lahat ay nabautismuhan sa isang Katawan, at natatakan doon sa pamamagitan ng Espiritu Santo,” kasama ng mga mananampalatayang ito tulad nito, “hanggang sa araw na si Jesus ay ibangon tayo.” Oh, naku! Ipahid ang Tanda. Iyan ang ibig sabihin niyan sa atin. Inaasahan natin ang Hain na ito na bigyan tayo ng Buhay, at ginawa Nito. At ibinigay sa atin Nito ang Tanda, at ipinahid natin ang Tanda, na siyang Tatak hanggang. . . Bilang—bilang mga nakabahagi Nito, anong isang dakilang bagay ito, bilang mga kabahagi, nabautismuhan sa pamamagitan ng isang Espiritung ito, tungo riyon sa isang mahi- . . . likhang Katawan.

402 Sinabi ko ba ang salita na tama, *katha-katha*? Hiwaga, mahiwagang Katawan, mahiwagang Katawan ni Jesus Cristo. Kita n'yo, sinabi ng Banal na Espiritu, "Sinasabi mo iyan na mali." Isang tau-tauhang gaya ko, ngunit sinabi Niya, "Sinasabi mo iyan ng mali," tinawag ko iyon na, "*katha-katha*," na siyang mahiwagang Katawan ni Jesus Cristo, kita n'yo, ang mahiwagang Katawan ni Jesus Cristo. Hindi ko. . .Hindi natin kailangan ng isang edukasyon; kailangan natin ang Banal na Espiritu. Siya lamang. Kita n'yo? Siya lamang. Oo, kita n'yo, maaring natisud niyan ang sinuman kung saan, isang tagapagturo, ngayon umaasa ako na makukuha niya ito ng tama. Ang mahiwagang Katawan! Ito'y magiging para sa isang bagay, 'pagka't hindi Niya sana sasabihin iyan. Kita n'yo? Siya ay narito mismo ngayon. Siya ay narito mismo sa pulpito. Siya ay nariyan mismo banda riyen. Ito'y Siya. Kita n'yo? Whew!

403 At sa Kaniya ay walang kamatayan. Sa Kaniya ay walang dalamhati. Sa Kaniya ay walang kapaguran. Sa Kaniya ay walang kasalanan. Sa Kaniya ay walang karamdaman. Sa Kaniya ay walang kamatayan. Tayo ay nasa Kaniya! Kung pinipilit ni Satanas na mag-abot sa inyo ng isang bagay, tulad ng karamdaman, kunin lamang ang Tanda at ipahid Ito. Oh, naku! Kunin ang inyong Tanda at ipahid Ito, na kayo ay isang biniling produkto ni Jesus Cristo. Ang Tanda ay tumatayo na ang inyong pasahe ay bayad na.

Sasabihin niyang, "Pagka ikaw ay namatay, ika'y napahamak."

404 Sabihing, "Ika'y mali. Taglay ko ang biniling produkto. Ako ay isang biniling produkto. Taglay ko ang Tanda."

"Ano ang Tanda?"

405 Alam niya kung ano Iyon. Huwag, huwag makipaglokohan sa kaniya. Alam niya kung ano Iyon. Ngayon, maaring kayo ay makipag-usap sa ilan sa mga mangangaral na ito, at sila'y makikipagtalo sa inyo. Hindi si Satanas; mas higit ang alam niya. Kita n'yo? Oh, oo. Siya ay lumaban doon, dalawa o tatlong beses, alam n'yo, at nakagawa ng isang pagkakamali, ng panunukso. Alam ni Satanas kung tungkol saan ang sinasabi ninyo. Ipakita lamang ang Tandang iyan, lilipad siya. Oo.

406 Pagkat, ano ito? Ito'y isang natatakang produkto. Hindi niya mawawasak iyan at buksan, at magbigay ng bagay doon na hindi tama. Sabihing, "Alisin ang mga kamay mo! Ako'y natatakan." Oh, naku! Isang natatakang produkto! Oo, ginoo! Kayo ay binili. Hawakan ang Tanda sa inyong hindi matinag na pananampalataya sa pangako Niya, masdan siyang lumayo. "Ang maningas taimtim na panalangin ng isang taong matuwid ay malaki ang nagagawa!" Kita n'yo? Kita n'yo? Kunin ang Tandang iyan. Iyan ay para riyen. Si Satanas ay naroon para tuksuhin kayo.

Siya ay nasa Egipto, para manukso.

⁴⁰⁷ Bakit, alam n'yo, nang araw na iyon nang inilagay ni Rahab ang patutot na iyon. . . Inilagay ng patutot ang tali pababa, ang taling iyon, naiisip ko ang ilan sa kanila na mga sundalo ay nagtawa at nagkatuwaan, sabi, "Ang baliw na matandang babaeng iyan doon! Siya ay wala sa kaniyang katinuan. Tingnan, mayroon siya niyon doon. Ha, ha, ha! Bakit, nakarinig na ba kayo ng gayon? Bakit, sabi ni Duktur Jones, sa dako rito, 'Walang anumang kabuluhan diyan.'" Ngunit mayroon, sapagkat isang mensahero mula sa Diyos ay nagdala ng mensahe at sinabi sa kanila.

⁴⁰⁸ Maiisip n'yo ba ang mga Egipsio na sinasabi, "Tila mukhang. . . Sabihing, tingnan iyang mga baliw na pangkat ng mga holy roller, naglalagay ng dugo! Ha, ha! Hindi ba sila'y magkakaroon ng isang problema, sa paghuhugas niyan ngayon! Oh, naku! Yaong malalaking magagandang mga tahanan lahat ay balot ng dugo! Oh, anong baho! Pumupusta ako sa iyo iya'y magiging kayamat-yamat sa ilang mga araw. Ito'y walang kabuluhang bagay. Alam mo kung bakit? Sinabi nga ni banal na amang *Kuwan-at-kuwan*." Ngunit mayroon nga. Iyon nga. May kabuluhan Iyon na bagay.

⁴⁰⁹ Ito ay nangangahulugan ng isang bagay sa atin na naniniwala Rito. Kita n'yo? Tandaan lamang ang inyong dimatinag na pananampalataya na mayroon kayo sa Salitang ito! Ngayon, hindi na kayo si Eba hindi na. Kita n'yo? Kayo'y hindi na isa sa mga mapag-alinlangang ito, at, buweno, nakikipag-kompromiso kay Satanas. Hinahawakan ninyo ang bawat Salita ng Diyos. Kita n'yo?

Sinabi ni Eva, "Buweno, sinabi nga ng Panginoon!"

⁴¹⁰ Sinabi ni Satanas, "Ngunit, alam mo, ang Panginoon sigurado ay hindi gagawa ng isang bagay tulad niyan sa isang mabuting taong tulad mo. Oh, ika'y kaibig-ibig. Hindi Niya gagawin." Oh, oo, gagawin Niya, din. Sinabi Niyang gagawin Niya iyon.

⁴¹¹ "Buweno, ang aking ama ay isang ministro. Ako'y naging isang ministro." Ako—hindi ko mapigilan iyon. Kung wala ang Tanda, kayo'y napahamak. Ang galit ay nasa inyo, kita n'yo, iyan lang, kung wala ang Tanda. Kita n'yo? Oo. Sinabi Niyang gagawin Niya iyon, at gagawin Niya iyon. Iyan, iyan ay sadyang inaayos iyan. Sinasabi Niyang gagawin Niya iyon.

"Oh, naniniwala akong ang mga araw ng mga himala. . ."

⁴¹² Oo, ngunit sinabi Niya iyon ay hindi." "Ako'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," kita n'yo, iya'y sadyang kung anong pinatutunayan Niya.

413 Ngayon, sa atin, alam natin iyon. Sa kanila, hindi nila pinaniniwalaan Ito. Ngunit pinaniniwalaan natin Iyon. Alam nating iyon ay ang Katotohanan. Kita n'yo?

414 Ngayon, bilang nariyan, tayo ay nagiging bahagi ng Salita. At pagkatapos kunin ang Tanda, ang Espiritu, sa ibabaw ng pangako, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo."

415 Ngayon maging handa para gawaing pagpapagaling mamayang gabi. Kita n'yo? Kunin ang Tanda, isabit Ito sa Salita, sa inyong di-matinag na pananampalataya sa Salitang iyan, siya'y lalabas. Ngayon, Iya'y—Iya'y ang bagay na maglalabas sa kaniya, 'pagkat sa Kaniya walang gayon.

416 Sana ay magawa kong makapagpatotoo ng kaunti pa ngayon, sa ilang mga bagay na nakita kong naganap sa huling mga ilang linggo. Kita n'yo? Kita n'yo? Oh, anong aking maipapatotoo!

417 Alam n'yo, at sabi ni Lucas, "Kung lahat ng ginawa ni Jesus ay mailalagay sa mga aklat, ang... walang sapat na mga aklat sa sanglibutan upang isulat sila."

418 Kung anong nakita ko lamang sa sarili kong ministeryo, nakitang ginawa Niya, hindi ninyo maisasalansan ang mga libro sa entabladong ito rito. Kung isinulat ko iyon sa mga detalye kung anong nakita kong gawin Niya sa sarili kong ministeryo lamang, nakita Siyang ginawa iyon. Kita n'yo? Siya ay mayroong higit na tagumpay sa aking ministeryo kaysa sa ginawa Niya sa Kaniyang Sarili. Ngayon, tandaan, Siya ay may higit na tagumpay ngayon, hindi ako; Siya ay mayroon. Luwalhati! Aleluya!

419 Siya ay mayroong higit na tagumpay sa Jeffersonville kaysa sa ginawa Niya sa Nazareth. Ginawa Niya iyon sa masamang siyudad na iyon at sa masamang siyudad na ito. Amen! Luwalhati! Pagkat, "Hindi siya makagawa ng mga himala roon," ngunit ginawa Niya rito. Sa wakas Siya ay nahayag sa kabuuan, dito. Nagawa Niya iyon dito. Maari Siyang kumuha ng mga tao kung saan pa man, ngunit Kaniyang—Kaniyang ginawa ito, kahit paano. Kaya, mayroon Siyang higit na tagumpay mismo rito kaysa ginawa Niya sa—sa Capernaum o—o Nazareth, doon. Siya ay nakagawa ng higit na mga himala mismo rito sa Tabernakulong ito kaysa ginawa Niya sa buong ministeryo sa lupa. Iya'y tama, ginawa Niya ito. Ngayon ano naman ang tungkol sa iba pa ng sanglibutan? Oh, naku! Ngayon iyan ang kung ano ang nagawa Niya.

420 Ngayon tandaan, "Siya" ang nakagawa. Ngayon, hindi kailanman nito sinabing nagawa ko iyon, kita n'yo, hindi, 'pagkat hindi ko ginawa iyon. Sadyang hindi ko ginawa. Mahal ko lamang Siya at ipinasakop lamang ang aking sarili sa Kaniya, at sinabi kung ano ang sinabi Niya, at ang Banal na Espiritu ang

tumungo sa ibang mga tao at sinampalatayanan nila kung anong sinabi Niya, at pagkatapos ginawa Niya ang gawa. Iyan lang.

⁴²¹ Kung magagawa Niya na tayong lahat ay sampalatayanan iyon! Ano ang gagawin Niya mismo ngayon kung magagawa Niya na tayong lahat ay sampalatayanan iyon mismo ngayon, tama? Hindi magkakaroon ng isang mahinang tao sa paligid ng bayan. Iya'y tama. Kung magagawa Niyang ang lahat sampalatayanan iyon, lahat ay matatapos na. Kita n'yo?

⁴²² Hawakan ang inyong Tanda sa ibabaw ng inyong di-matinag na pananampalataya sa Kaniyang ipinangakong Salita, at si Satanas ay aalis.

Ngayon ako ay magtatapos na ngayon.

⁴²³ Ang Diyos minsan ay nagbigay ng ibang tanda sa sanglibutan; ito ay isang bahag-hari. Natatandaan ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Siya ay palaging, palaging nananatiling tapat sa tandang iyon, 'pagkat ibinigay Niya iyon para isang palatandaan. Lahat ng mga libu-libong mga taong ito, hindi Siya kailanman nabigong ipakita ang tandang iyan. Tama ba iyan? ["Amen."] Bakit? Kinikilala Niya iyon. Ibinigay Niya iyon. Binigyan Niya ang sanglibutan ng isang palatandaan na hindi na Niya gugunawin pa ang sanglibutan sa isang baha. At palagi Niyang, palagi, mula nang araw na iyon, ipinakita.

⁴²⁴ Mayroong ilang mga elemento sa hangin, na gumagawa ng bahag-haring iyon. Kapag umuulan, at ang araw ay lumalabas, ipinapakita nito iyon. Pinatutuyo ng araw ang ulan, kaya inilagay Niya ang bahag-hari doon para patunayan na hindi na magkakaroon pa ng sapat na tubig na mahuhulog sa lupa para gunawin ito muli. Iyan ang kasunduan Niya. Ito'y isang Palatandaan. Sinabi Niya, "Ibibigay Ko ito sa inyo para isang tanda."

⁴²⁵ Kinilala Niya ang Kaniyang tanda. Kinilala Niya ang Kaniyang palatandaan sa mga kaarawan ni Noe. Ipinakita pa Niya iyon. Kinilala Niya ang Kaniyang palatandaan sa Egipto. Kinilala Niya iyon sa Jericho. Kinikilala Niya Ito sa araw na ito. Palagi Niyang kinikilala ang tanda Niya kapag ito'y ipinakita.

⁴²⁶ Sa lahat ng mga libu-libong mga taon na ito, inibig Niya na ipakita ang tanda. Hindi Niya kailanman kinakalimutan iyon. Hindi Niya kinakalimutan ang Kaniyang tanda. Ngayon, gaano man magbago ang sanglibutan, ang bahag-hari ay naroon pa rin. Kita n'yo, kinikilala Niya ang tanda.

⁴²⁷ Ginagawa rin Niya ngayon, kinikilala Niya ang Kaniyang Tanda. Gaano man magbago ang iglesya, gaano man nito gawin *ito*; kinikilala pa rin ng Diyos ang Kaniyang Tanda, iyan lamang. Ipinapakita sa atin kailanman na hindi Siya nabibigong kilalanin kung ano ang ginagawa Niya at kung ano ang sinasabi Niya. Tinatanggap at iginagalang natin Iyan. Ginagawa ko.

⁴²⁸ Inaasahan Niya rin tayo na ipakita ang Kaniyang Tanda sa ibabaw na pananampalataya natin, kay Satanas at sa lahat ng kaniyang di-naniniwalang mga kulto at mga denominasyon, na naniniwala tayo ang pangako Niya ay totoo, at gagawin Niya kung anong ipinangako Niyang gagawin. Hayan ang Iglesya.

⁴²⁹ Hindi nakapagtataakang hindi sila makapunta sa unang bes sa labas doon, tulad ng pagkakatawag natin doon; ipagpaumahin ang pananalita. Hindi nakapagtataakang wala silang napupuntahan kundi bumalik sa isang denominasyon at gumawa ng isang lupon ng bihis na bihis, matalinong mga tao, intelektuwal, edukado. Hindi makapunta saan man, dahil iya'y kung ano ang ipinapakilala nila, "Ako ay Methodista. Ako ay Presbyterian." Iyan lang kung ano sila.

⁴³⁰ Ngunit ang mga mananampalataya ay kinuha ang Tanda! At kung anong sinimulang gawin ni Jesus sa Galilea, ipinagpapatuloy Niyang gawin ngayon sa pamamagitan ng Kaniyang pagpapakita ng Tanda, ng Banal na Espiritu pabalik sa Iglesya. Sapagka't, ito ay hindi ang mga gawa ng mga apostol, ito ay ang mga gawa ng Espiritu Santo sa mga apostol, at iyan ay isang Tanda.

⁴³¹ Sabi nila kailangan nilang makinig kay Pedro at kay Santiago, habang sila... Si Pedro at si Juan, nang sila ay dumaan sa may pintuang-bayan na tinatawag na Maganda, nakikitang sila ay mga ignorante. Maaring nasabi nilang, "Tuklasin, hindi, hilahin, pilasin, kunin, dalhin. Sasabihin ko sa iyo ang tungkol *dito*." Kita n'yo? Maaring mayroon silang lahat ng mga uri ng gramatika na hindi nila maunawaan. Maaring hindi nila nalaman ang kaibahan, lahat ng—ng... lahat ng mga matematika ng Kasulatan. Ngunit kanilang napansing sila ay kasama noon ni Jesus. Ipinakita nila ang Tanda, sapagkat ang siya ring Espiritu na nasa Kaniya, bago ang Kaniyang pagkapako, ay nasa kanila matapos ang pagkabuhay na mag-uli. Amen!

⁴³² Kung gayon iyan ang gumagawa sa Kaniya na Mga Hebreo 13:8, "Si Jesus Cristo ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Ayan kung paano natin alam na Siya ay nabubuhay. Dahil bakit? Paano natin nalalaman na tayo ay nabubuhay? Dahil Siya ay nabubuhay. At dahil alam natin na tayo ay buhay, ay dahil tayo'y tulad Niya, at tayo ay nasa Kaniya. At sinabi Niya, "Sapagka't Ako ay nabubuhay, kayo rin naman ay mabubuhay. Ako ay Siya." sa Apocalipsis, "na namatay, at buhay magpakailanman." At kung—kung tayo ay mamatay sa ating sarili at naging buhay sa Kaniya, tayo'y buhay magpakailanman. At kung gayon ang Kaniyang Buhay sa atin ay tulad lamang ng buhay ng anu pa mang bagay, ipinapakita Nito kung ano Siya noon. At iyan ang gumagawa sa Kaniya na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

433 Ngayon paano ninyo magagawa, kapag itinanggi nila Iyan? Hindi n'yo ba nakikita, "patay na mga gawa"? Paglingkuran ang buhay na Diyos, sa Walang Hanggang. . . Ibig kong sabihin, ang magpakailanmang tipan ng Buhay na nasa Dugo ni Jesus Cristo. Ngayon nagpapatuloy, sa katapusan, ako. . . Buweno, ako'y. . . tayo'y sadyang titigil. Kita n'yo, ipinapakita ang Tanda ng Kaniyang biyaya, Kaniyang pag-ibig! Ngayon, kung wala ang Tandang ito na naipahid. . .

434 Ngayon, ito ay isang Tanda. Ano ang Tanda? Ang Tanda ay isang palatandaan ng isang utang na bayad na. Isang halagang hiningi ay bayad na. Ang halaga ng ating kaligtasan ay kamatayan, kita n'yo, at walang makagagawang magbayad nito kundi si Cristo. At hindi ang—ang espiritu ng isang denominasyon, hindi ang espiritu ng isang papa, hindi ang espiritu ng ilang tao o ilang santo; kundi ang Espiritu ni Jesus Cristo, sa Iglesia, ay isang Tanda na ang utang ay bayad na at nakatagpo Niya ang bawat kahilingan na hiningi ng Diyos, at tayo at Siya ay iisa. "Sa araw na iyon, malalaman ninyo na Ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin; Ako ay nasa inyo, at kayo ay nasa Akin."

435 Ipahid ang Tanda! Ipahid ang Tanda ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli. Na, sapagka't Siya ay binangon para sa pag-aaring-ganap sa atin, Kaniya tayong binangon ding kasama Niya. At ngayon tayo ay nakaupo sa Makalangit na mga dako, kay Cristo Jesus, sa ilalim ng pakikipagkaisa ng Tanda.

436 Habang ang Israel ay nakaupo roon, at ang mga hiyaw ay nagaganap, sa labas doon sa lansangan, wala sila ni isang bagay na ipag-aalala. Tanging bagay, maging tiyak lamang na ang dugo, ang tanda, ay nakikita.

437 Iyan ang tanging bagay na kailangan nating ipag-alala mismo ngayon. Mayroong kabagabagan sa—sa daan, gumagawa, mga kaibigan. Hindi na magtatagal pa, ang kabagabagan ay nananakit. Alam ninyo iyan. Maging tiyak na ang Tanda ay nakikita. At ang Tanda ay ang Banal na Espiritu. "Sapagkat sa isang Espiritu tayong lahat ay nabautismuhan sa isang Katawan, at ginawang mga kabahagi ng Kaniyang kaluwalhatian," sa ating Lupain, pauwing magmamartsa ngayon tungo sa Lupang pangako.

438 Mahal n'yo ba Siya? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Pinaniniwalaan ba ninyo ang Tanda? ["Amen."] Ilan ang magnanais na magsabing, "Oh, Kapatid na Branham, manalangin para sa akin, na ako ay pumasa-ilalim ng Tandang ito?" ["Amen."]

Iyukod natin ang ating mga ulo.

439 Panginoong Jesus, Siyang Pinaka Mahabagin! Nang ang sanglibutan ay nasa kasalanan, at walang sinuman na makatulong, Diyos, sa habag, ipinagpapaunang-ipakita, sa

pamamagitan ng isang tipo, na mayroong darating na isang Tanda na makapag-aalis ng kasalanan; hindi lamang takpan ito, kundi magagawang alisin ito. At si Jesus ay dumating sa tamang panahon, at ibinubo Niya ang Dugo, Kaniyang Sariling Buhay, kinukuha. . . iginagawan kami ng isang katubusan para sa aming mga kasalanan, at pagkatapos ay inihaharap Siya pabalik sa anyo ng Espiritu Santo, na siya ngayong isang Tanda na kailangang panatilihin sa Iglesya hanggang Siya ay dumating. Sapagkat sinabi ni Apostol Pedro, “Ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon.”

⁴⁴⁰ Panginoon, sa Iyong biyaya, Iyong tulong, inaangkin ko ang bawat isa na nakakarinig ng Mensaheng ito. Inaangkin ko sila para sa Diyos, dalangin ko sa Iyo, Panginoon, kapwa sa umagang ito at sila na makakarinig sa teyp. At kung mayroon mang isang Binhi kung saan, na itinalaga, Panginoon, na makakarinig ng Salita ng huling araw na ito, nawa sila ay lumapit ngayon, may kagiliwan at kapakumbabaan, at ilagay ang mga tropeo nila sa krus, o ang kanilang sarili, bilang isang tropeo ng biyaya ng Diyos na tumawag sa kanila. At nawa sila ay mapuspos ng Banal na Espiritu at ipakita ang Tanda ng Buhay ni Jesus Cristo sa Kaniyang pagkabuhay na mag-uli, habang sila ay nananatili rito sa lupa. Ipagkaloob ito, Panginoon.

⁴⁴¹ Ang mga Salitang ito, Panginoon, maaring hindi ko sila nasabi ng tama. At kung hindi ko man nagawa, dalangin ko na ang Espiritu Santo ay kunin ang mga Salitang iyon at ipakita sila sa paraan na sila ay dapat na maipakita, na ang mga tao ay makaunawa at makaalam, ng walang malisya. At pahintulutan silang malaman na ang pag-ibig ay maiituwid. At sa kanila nawa’y malaman na ito’y dahil sa oras na kinabubuhayan namin, at ang nalalapit na pagdating ng Panginoon, at nakikita namin ang dakilang pulang mga ilaw na kumikislap, sa buong sanglibutan, na ang panahon ay malapit na.

⁴⁴² Nawa ay tanggapin ng mga tao ang Espiritu Santo sa araw na ito! Dalangin ko, at dinadala sila sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. At pahintulutan Itong maging isang Tanda sa amin habang kami ay nabubuhay, na ipinangako Mong Ito ay magaganap. Magiging madali na hilingin ito, sapagkat ipinangako Mo Ito na magaganap, at alam kong Ito ay magaganap. Sa Pangalan ni Jesus aming dalangin. Amen.

Ngayon, sa pagkakayuko ng ating mga ulo, sandali lamang.

⁴⁴³ Taglay ang pananampalataya, naniniwalang, ako ay dumalangin para inyo, lahat ng alam ko kung paano. Ako—ako ay dumalangin ng may katapatan, sa lahat ng alam ko kung paanong dumalangin para roon.

⁴⁴⁴ Tingnan, napagtanto ko iyan. Alam ninyo kung ano? Ito’y sa pamamagitan nang inyong ikapu at mga kaloob na aking

ikinabubuhay. Ito'y suporta ninyo, dito sa iglesia, na mayroon akong pinapangaralan. Ito'y pag-ibig ninyo, at inyong "mga amen," at inyong pakikisama. At inyong mababait na mga salita sa kalagitnaan ng sanglibutan kung saan kayo pumupunta, sa iba't-ibang mga estado sa buong bansa, ito'y inyong mga salita na tumutulong na kunin ang Mensahe. Ito'y kayo. Tayo ay mga kasama rito, kay Cristo. Tayo ay magkakapatid na mga lalaki at mga babae, at Siya ang ating Hari. At mahal ko kayo. Ako—ako—ako—ako, kung nasaan ako, gusto kong maparoon kayo. Ako ay naglalakbay sa buong bansa, para mangusap sa inyo ng ilang beses. Ninanais ko na makipagkita sa inyo rito sa umaga ng Linggo. Mahal ko kayo. Palagi ko kayong mahal. Kung minsan kailangan kong mangusap ng napakasakit, ngunit ito'y pagtutuwid lamang. Kita n'yo, ito'y sadyang dahil mahal ko kayo, kita n'yo, at hindi ko gustong hindi ninyo makita Iyon. Kayo, hindi n'yo dapat gawin iyan.

⁴⁴⁵ Ngayon, sadyang may kagiliwan at pakumbabaan, kasama lahat ng nasa inyong puso, sa kaibuturan, sadyang tanggapin Ito. Sabihing, "Panginoong Jesus, mismo ngayon sadyang kunin lahat ng nasa akin, na hindi katulad sa Iyo, at pahintulutan akong alisin lahat ng kapalaluan ko, lahat na nasa akin, ay alisin. Lahat ng basura, lahat ng di-paniniwala na nasa akin, aking—aking inaalis ito ngayon, Panginoon. Sadyang sinisipa ko ito palabas. At hayaang ang magiliw na Banal na Espiritu ng Diyos, tulad ng isang kalapati, kumilos sa kaibuturan ko. Ako—gusto kong mabuhay ng Walang Hanggan, Panginoon, at ako—nais kong tulungan Mo ako sa pagkakataong ito. Ipagkaloob ito ngayon."

⁴⁴⁶ Habang kayo ay nananalangin, at ating ihihimig ang awiting ito, o awitin ito ng mahina, sama-sama, *Mahal Ko Siya*. At, tandaan, ito ay dumarating sa pamamagitan ng pag-ibig, dahil Siya ay pag-ibig. Habang ipinapatong ko ang mga kamay ko sa mga panyong ito, dahil baka kunin ito ng mga tao bago ang gabi.

Mahal Ko Siya, Mahal Ko Siya
Pagkat una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo

Mahal Ko Siya, Mahal Ko Siya.
Pagkat una Niya akong minahal, (ngayon isuko
lamang ang buhay ninyo sa Kaniya)
At binili ang aking kaligtasan
Sa Kalb- . . .

⁴⁴⁷ Mahalin, mahalin, mahalin Siya. Tingnan kung anong ginawa Niya para sa inyo. [Sinimulang ihimig ni Kapatid na Branham ang *Mahal Ko Siya*—Pat.] Ito'y sa pamamagitan ng pag-ibig. Ang pag-ibig ay nagdadala ng pagsunod. Ang pag-ibig ay nagdadala ng panliligaw. Ang pag-ibig ay nagdadala ng

kasal. At diyan kung saan tayo patungo, Hapunan sa kasalan ng Cordero. Narinig ko ang Tagapagligtas ko na tumatawag, na mahal Niya ako, din. Ako, din! Ako. . .

⁴⁴⁸ Sadyang buong puso ninyo, sadyang damhing May Bagay na talagang mainam na pumapasok sa inyo. Iya'y ang Banal na Espiritu.

Pagkat una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

⁴⁴⁹ Kung. . . Itataas ko ang mga kamay ko, kasabay ng tagapakinig, kasabay ng musika. Kung ako ay nagkasala, kung ako'y nakagawa ng anumang bagay na mali. . .

Ako'y dumadalangin para sa inyo ngayon, at sa aking sarili.

⁴⁵⁰ Kung ako'y nakagawa ng anumang bagay na mali, ang kamay ko sa Iyo, Panginoon, nangangahulugang ako'y pagpaumanhinan. Ang kamay ko sa Iyo, Panginoon, nangangahulugan na hindi ko—hindi ko ginustong gawin iyon. At alam ko na ako'y agaw-buhay, Panginoon. Kailangan kong iwan ang mundong ito, sa pisikal na anyo. Gusto kong makatagpo Ka. Ang kamay ko ay nangangahulugang, kunin ito, Panginoon. Puspusin ako ng Espiritu. Ibigay sa akin ang Tanda ng Iyong pag-ibig sa akin, ang Espiritu Santo, na siyang gagawa sa aking mamuhay na magiliw, maamo, gagawin akong ipamuhay ang Buhay na nakay Cristo; na ang puso ko ay mag-aalab para sa iba, na ako'y sadyang hindi magpahinga halos, sa araw at gabi, hanggang makuha ko ang lahat ng magagawa kong kunin. Ako'y magiging tulad ng mga mensahero sa Jericho; ako'y pupunta sa bawat tao na magagawa ko, at tingnan kung magagawa ko silang pumailalim sa Dugong tipan, sa ilalim ng Dugo ng Cordero, upang tanggapin nawa nila ang Tanda.


⁴⁵¹ Kita n'yo, ang Dugo ay naglilinis. Ang Espiritu ay isang Tanda na ang Dugo ay naipahid. Kita n'yo? Ang Espiritu ay ang Tanda na ang Dugo ay naipahid. Hanggang sa ang Dugo ay maipahid, ang—ang Espiritu ay hindi makarating. Ngunit kapag ang Dugo ay naipahid, kung gayon ang Espiritu ay isang Tanda, ibinabalik ito sa inyo, na ang pananampalataya ninyo sa Dugo ay tinanggap, ang inyong pasahe ay bayad na. Ang pasahe ninyo ay bayad na. Tapos nang lahat. Ang kaso ay sarado na. Kayo'y isang Cristiyano. Kayo ay isang mananampalataya. Si Cristo ay nasa inyo, at kayo'y na kay Cristo.

. . . una akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

⁴⁵² Na ang inyong mga puso na nakayukod ngayon sa harapan ng Diyos; ang pastor ninyo, Kapatid na Neville, sa kaniyang pangwakas na mga salita at kung ano ang sasabihin niya.

⁴⁵³ Tandaan ang mga gawain mamayang gabi, gawaing pagpapagaling. Pumarito ng maaga. Mag-umpisa tayo sa ika-pito, hayaan ako sa entablado sa ika-pito at kalahati. Ayos ba iyan, Kapatid na Neville? [Sinabi ni Kapatid na Neville, “Iya’y mainam.”—Pat.] Ngayon tayo’y magkakaroon ng komunyon, kita n’yo, mamayang gabi. Pumarito!

⁴⁵⁴ Sa hapong ito, manatili mismo kasama Nito. Huwag hayaan ang Mensaheng ito na lumayo. Tandaan, huwag na huwag hahayaan ang Mensaheng ito na lumayo!

⁴⁵⁵ Ang Dugo ay magiging isang Tanda na ang Buhay ay naibigay. Kita n’yo? “Ang pagka Aking nakita ang Dugo, lalagpasan Ko kayo.” Ang Banal na Espiritu ay isang Tanda na ang Dugo ay naipahid sa inyong puso, at Ito’y ang Tanda na ang Dugo ay naipahid. Kung ito ay hindi kailanman naipahid, kung gayon ang Tanda ay hindi darating. Naunawaan ninyo? Sabihing, “Amen.” [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Ang Dugo ay kailangang maipahid, at kung gayon ang Tanda ay darating. Ito ay isang Tanda na ang Dugo ng katubusan ay naipahid na at ang inyong pasahe ay nabayaran na. Pagpalain kayo ng Diyos. Kapatid na Neville. 

TANDA TAG63-0901M
(Token)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Linggo ng umaga, Setyembre 1, 1963, sa Tabernakulong Branham sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 1998 ng:

TAGALOG

©1998 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org